
ANG SIMBAHAN NI JESUCRISTO NG MGA BANAL SA MGA HULING ARAW • OKTUBRE 2011

# Liahona



ANG AKLAT NI MORMON:
ISA PANG TIPAN NI
JESUCRISTO



*Sa Pamamagitan ng Kaloob at Kapangyarihan ng Diyos,* ni Simon Dewey

*Ang Aklat ni Mormon, na inilabas sa pamamagitan ni Propetang Joseph Smith, ay isang pagsasalin ng mga sinaunang lamina na "isinulat bilang kautusan, at sa pamamagitan din ng diwa ng propesiya at ng paghahayag—Isinulat at mahigpit na isinara, at ikinubli ayon sa Panginoon, upang ang mga yaon ay hindi masira—Upang lumabas sa pamamagitan ng kaloob at kapangyarihan ng Diyos para sa pakahulugan nito— . . .*

*". . . Upang ipakita sa mga labi ng sambahayan ni Israel kung anong mga dakilang bagay ang ginawa ng Panginoon para sa kanilang mga ama; at nang kanilang malaman ang mga tipan ng Panginoon, na sila ay hindi itatakwil nang habang panahon—At gayon din sa ikahihikayat ng mga Judio at Gentil na si Jesus ang Cristo" (pahina ng pamagat ng Aklat ni Mormon).*



Liahona,
Oktubre 2011





**Halina't Basahin ang Espesyal na Isyung Ito**

Iilang paksa ang karapat-dapat na talakayin at pagtuunan sa buong isyu, at ang Aklat ni Mormon ay isa sa mga ito. Sa isyung ito, ang mga propeta noon at ngayon, gayon din ang mga miyembro sa iba't ibang panig ng mundo, ay nagpapatotoo sa natatanging aklat na ito ng mga banal na kasulatan. Mahimala ang pinagmulan nito. Ito ay nakikita at nahahawakang katibayan ng Panunumbalik. Ito ang saligang bato ng ating relihiyon. At ito ay isinulat para sa ating panahon—itinuturo ang doktrina ni Cristo nang malinaw at simple upang patatagin ang ating pananampalataya at palakasin ang ating mga pamilya.

Bagama't hindi ninyo makikita ang karamihan sa mga bahaging nakasanayan ninyong basahin sa *Liahona,* ang Mensahe ng Unang Panguluhan (pahina 4) at Mensahe sa Visiting Teaching (pahina 46) ay nakapaloob dito. Ang mga mensaheng ito at lahat ng iba pang mga artikulo ay nagbabahagi ng mga patotoo at mga turo mula sa Aklat ni Mormon.

Inaanyayahan namin kayo na pag-aralan ang isyung ito nang may panalangin, isapuso ang mga mensahe, at ibahagi ang mga ito—at ang Aklat ni Mormon—sa iba.

## MGA MENSAHE


4 **Mensahe ng Unang Panguluhan: Mahahalagang Pangako ng Aklat ni Mormon**
Ni Pangulong Thomas S. Monson

46 **Mensahe sa Visiting Teaching: Kung Hindi Tayo Nag-aalinlangan**


**SA PABALAT**
*Upang Inyong Malaman,* ni Gary Kapp, sa kagandahang-loob nina Mr. at Mrs. David Larsen, hindi maaaring kopyahin. Likod: *Imahe ni Cristo,* ni Heinrich Hofmann, sa kagandahang-loob ng C. Harrison Conroy Co.




## TAMPOK NA MGA ARTIKULO


6 **Si Propetang Joseph Smith: Tagapagsalin ng Aklat ni Mormon**
*Sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Diyos, isang binatang mababa ang pinag-aralan ang nabigyan ng inspirasyon at naging tagapagsalin ng "pinakatumpak . . . na aklat sa mundo."*

10 **Ang Itinuturo ng Aklat ni Mormon Tungkol sa Pag-ibig ng Diyos**
Ni Elder Russell M. Nelson
*Gusto ba ninyong espirituwal na isilang muli at magkaroon ng kapangyarihang magmahal tulad ng pagmamahal ng Diyos? Ipinapaliwanag ng Aklat ni Mormon ang paraan.*

16 **Ang Kuwento Tungkol sa Aklat ni Mormon**
*Matutulungan kayo ng artikulong ito na turuan ang inyong mga anak ng mahahalagang kuwento mula sa aklat na ito ng mga banal na kasulatan.*

20 **Panahon sa Aklat ni Mormon**
*Isang paglalarawan ng mahahalagang tao, mula sa mga Jaredita noong 2200 B.C. hanggang sa magwakas ang sibilisasyon ng mga Nephita noong A.D. 420.*

22 **Sino ang Sumulat ng Aklat ni Mormon?**
*Ang gawa ng mga sinaunang propeta, isang inspiradong tagatipon, at isang tagapagsalin sa mga huling araw ang nagsakatuparan ng paglitaw ng Aklat ni Mormon.*

24 **Ang Aklat ni Mormon: Kasama ng Biblia sa Pagpapatotoo**
*Narito ang 14 na pangunahing doktrina na itinuturo sa Biblia na pinatototohanan din ng Aklat ni Mormon.*

28 **Paano Pag-aaralan ang Aklat ni Mormon**
Ni Elder D. Todd Christofferson
*Tatlong dahilan at tatlong paraan sa pag-aaral ng natatanging aklat na ito ng mga banal na kasulatan.*


32 **Panaginip ni Lehi: Paghawak nang Mahigpit sa Gabay**
Ni Elder David A. Bednar
*Itinuturo sa atin ng panaginip ni Lehi kung paano humawak nang mahigpit sa salita ng Diyos.*

38 **Ang Aklat ni Mormon: Nagpapalakas ng Ating Pananampalataya kay Jesucristo**
Ni Elder Neil L. Andersen
*Ang Aklat ni Mormon ay nag-aanyaya sa atin at sa ating pamilya na manampalataya sa Panginoong Jesucristo, na tutulong sa ating pamilya na magtagumpay.*

47 **Musika: Dalawang Libong Binatang mga Mandirigma**
Nina Bonnie Hart Murray at Janice Kapp Perry

48 **Mga Turo para sa Ating Panahon**
*Ibinabahagi ng mga buhay na propeta at apostol ang mga katotohanan mula sa Aklat ni Mormon na maaaring maging gabay natin ngayon.*

52 **Ang Aklat ni Mormon—Saligang Bato ng Ating Relihiyon**
Ni Pangulong Ezra Taft Benson
*Ang walang-kamatayang mensaheng ito, na ibinigay*







*25 taon na ang nakalilipas, ay naglalaman ng napapanahon pa ring patotoo at payo tungkol sa Aklat ni Mormon.*

**59 Isang Banal na Gawain**
Ni David A. Feitz

**60 Kung Talagang Gusto Ninyong Malaman, Malalaman Ninyo**
Ni Elder Walter F. González
*Apat na paraan na malalaman mo na ang Aklat ni Mormon ay binigyang-inspirasyon ng Diyos.*

**65 Poster: Isang Tinig mula sa Alabok**


**66 Pag-aalab sa Aking Puso**
Ni Michael R. Morris
*Ang araw na natutong magbasa si Eduardo Contreras ay ang araw rin na nagkaroon siya ng patotoo sa Aklat ni Mormon.*

**68 Paano Binago ng Aklat ni Mormon ang Aking Buhay**

**72 Sa Bawat Wika at Tao**
Ni Lia McClanahan
*Para sa mga Banal sa mga Huling Araw sa iba't ibang panig ng mundo, wala nang hihigit pa sa pagkakaroon ng Aklat ni Mormon sa kanilang sariling wika.*

**76 Mga Karaniwang Itinatanong Tungkol sa Aklat ni Mormon**

**80 Isang Patotoo, Isang Tipan, at Isang Saksi**
Ni Elder Jeffrey R. Holland
*Pinatototohanan ko ang aklat na ito na para bang nakita ko, kasama ng Tatlong Saksi at ng Walong Saksi, ang mga laminang ginto.*



*Marami sa mga nakapintang larawan sa isyung ito ang may kasamang paglalarawan ng Liahona na natanggap ni Lehi. Ang mga Liahona ay hindi nakatago at maaaring hindi kamukha o katulad ng nasa itaas, ngunit kayo at ang inyong pamilya ay maaaring masiyahan sa pagtuklas kung ilang Liahona ang mahahanap ninyo sa buong isyung ito.*

**OKTUBRE 2011 TOMO 14 BLG. 10**
**LIAHONA 09690 893**
Opisyal na magasin ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw na inilimbag sa Tagalog

**Ang Unang Panguluhan:** Thomas S. Monson, Henry B. Eyring, Dieter F. Uchtdorf

**Ang Korum ng Labindalawang Apostol:** Boyd K. Packer, L. Tom Perry, Russell M. Nelson, Dallin H. Oaks, M. Russell Ballard, Richard G. Scott, Robert D. Hales, Jeffrey R. Holland, David A. Bednar, Quentin L. Cook, D. Todd Christofferson, Neil L. Andersen

**Patnugot:** Paul B. Pieper
**Mga Tagapayo:** Kieth R. Edwards, Christoffel Golden Jr., Per G. Malm

**Namamahalang Direktor:** David L. Frischknecht
**Direktor sa Patnugutan:** Vincent A. Vaughn
**Direktor sa Graphics:** Allan R. Loyborg

**Namamahalang Patnugot:** R. Val Johnson
**Assistant na Namamahalang mga Patnugot:** Jenifer L. Greenwood, Adam C. Olson
**Associate na mga Patnugot:** Susan Barrett, Ryan Carr
**Staff sa Patnugutan:** Brittany Beattie, David A. Edwards, Matthew D. Flitton, LaRene Porter Gaunt, Larry Hiller, Carrie Kasten, Jennifer Maddy, Lia McClanahan, Melissa Merrill, Michael R. Morris, Sally J. Odekirk, Joshua J. Perkey, Chad E. Phares, Jan Pinborough, Janet Thomas, Paul VanDenBerghe, Marissa A. Widdison, Mellissa Zenteno

**Namamahalang Direktor sa Sining:** J. Scott Knudsen
**Direktor sa Sining:** Scott Van Kampen
**Tagapamahala sa Produksyon:** Jane Ann Peters
**Mga Senior Designer:** C. Kimball Bott, Thomas S. Child, Colleen Hinckley, Eric P. Johnsen, Scott M. Mooy
**Staff sa Produksyon:** Collette Nebeker Aune, Howard G. Brown, Julie Burdett, Reginald J. Christensen, Kim Fenstermaker, Kathleen Howard, Denise Kirby, Ginny J. Nilson, Ty Pilcher
**Bago Ilimbag:** Jeff L. Martin

**Direktor sa Paglilimbag:** Craig K. Sedgwick
**Direktor sa Pamamahagi:** Evan Larsen

**Pagasasalin:** Maria Paz San Juan

Ipadala ang mga suskrisyon at mga katanungan sa Manila Distribution Center, at ang mga balita para sa Dateline Philippines sa Liahona sa Area News Editorial Committee, Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, Temple Drive, Greenmeadows Subdivision, Quezon City 1110, Metro Manila, Pilipinas o sa PO Box 1505, Ortigas Center, Emerald Avenue, Pasig 1600, Metro Manila, Pilipinas. Numero ng telepono 635-9183. Halaga ng suskrisyon sa Pilipinas, P86.40 bawat taon; P4.00 bawat sipi, maliban sa mga natatanging labas.

**Ipadala ang mga manuskrito at tanong sa *Liahona,* Rm. 2420, 50 E. North Temple Street, Salt Lake City, UT 84150-0024, USA; o mag-e-mail sa: liahona@ldschurch.org**

Ang *Liahona* (salitang galing sa Aklat ni Mormon na ibig sabihin ay "kompas" o "panuro ng direksyon") ay inilalathala sa wikang Albanian, Armenian, Bislama, Bulgarian, Cambodian, Cebuano, Chinese, Croatian, Czech, Danish, Dutch, Espanyol, Estonian, Fijian, Finnish, German, Griego, Hapon, Hungarian, Icelandic, Indonesian, Ingles, Italyano, Kiribati, Koreano, Latvian, Lithuanian, Malagasy, Marshallese, Mongolian, Norwegian, Polish, Portuges, Pranses, Romanian, Russian, Samoan, Slovenian, Swedish, Tagalog, Tahitian, Thai, Tongan, Ukrainian, Urdu, at Vietnamese. (Ang dalas ng paglalathala ay nagkakaiba ayon sa wika.)


© 2011 ng Intellectual Reserve, Inc. Ang lahat ng karapatan ay nakalaan. Inilimbag sa Estados Unidos ng Amerika.

Maaaring kopyahin ang teksto at mga larawan sa *Liahona* para sa angkop, di pangkalakal na gamit sa simbahan o tahanan. Hindi maaaring kopyahin kung mga larawan kung may nakasaad na mga pagbabawal sa credit line sa gawang-sining. Dapat ipadala anag mga tanong sa Intellectual Property Office, 50 East North Temple Street, Salt Lake City, UT 84150, USA; e-mail: cor-intellectualproperty@ldschurch.org.

**For Readers in the United States and Canada:** October 2011 Vol. 14 No. 10. LIAHONA (USPS 311-480) Tagalog (ISSN 1096-5165) is published monthly by The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints, 50 East North Temple, Salt Lake City, UT 84150. USA subscription price is $10.00 per year; Canada, $12.00 plus applicable taxes. Periodicals Postage Paid at Salt Lake City, Utah. Sixty days' notice required for change of address. Include address label from a recent issue; old and new address *must* be included. Send USA and Canadian subscriptions to Salt Lake Distribution Center at address below. Subscription help line: 1-800-537-5971. Credit card orders (Visa, MasterCard, American Express) may be taken by phone. (Canada Poste Information: Publication Agreement #40017431)

POSTMASTER: Send address changes to Salt Lake Distribution Center, Church Magazines, PO Box 26368, Salt Lake City, UT 84126-0368.

Ni Pangulong
Thomas S. Monson



# Mahahalagang Pangako

## NG AKLAT NI MORMON

Maraming taon na ang nakararaan tumayo ako sa tabi ng kama ng isang bata pang ama na naghihingalo. Nakatayo sa malapit ang kanyang ligalig na kabiyak at kanilang dalawang anak. Hinawakan niya ang kamay ko at nagmamakaawang sinabi, "Bishop, alam kong mamamatay na ako. Sabihin mo sa akin ang mangyayari sa aking espiritu kapag namatay na ako."

Nag-alay ako ng tahimik na panalangin para patnubayan ako ng langit at napansin ko ang isang kopya ng triple combination sa mesa sa tabi ng kanyang kama. Kinuha ko ang aklat at binuklat ang mga pahina. Bigla kong natanto na napatigil ako at walang kahirap-hirap na tumigil sa ika-40 kabanata ng Alma sa Aklat ni Mormon. Binasa ko ang mga salitang ito sa kanya:

"Masdan, ipinaalam sa akin ng isang anghel, na ang espiritu ng lahat ng tao matapos na sila ay lumisan sa katawang mortal na ito, . . . ay dadalhin pabalik sa Diyos na sa kanila ay nagbigay-buhay.

"At . . . ang mga espiritu ng yaong mabubuti ay tatanggapin sa kalagayan ng kaligayahan, na tinatawag na paraiso, isang kalagayan ng pamamahinga, isang kalagayan ng kapayapaan, kung saan sila ay mamamahinga mula sa kanilang mga suliranin at sa lahat ng alalahanin at kalungkutan" (Alma 40:11–12).

Habang patuloy akong nagbabasa tungkol sa Pagkabuhay na Mag-uli, sumigla ang mukha ng bata pang ama at siya'y ngumiti. Nang paalis na ako, nagpaalam ako sa magiliw na pamilyang ito.

Nakita kong muli ang asawa't mga anak sa libing. Ginugunita ko ang gabing iyon nang magmakaawa ang bata pang ama para sa katotohanan at, mula sa Aklat ni Mormon ay narinig niya ang sagot sa kanyang tanong.

Mula sa Aklat ni Mormon dumarating ang iba pang mahahalagang pangako, pati ang mga pangako ng kapayapaan, kalayaan, at mga pagpapala kung "pagsisilbihan lamang [natin] ang Diyos ng lupain, na si Jesucristo" (Eter 2:12).

Mula sa mga pahina nito dumarating ang pangako ng "walang katapusang kaligayahan" sa "mga yaong sumusunod sa mga kautusan ng Diyos. Sapagkat masdan, sila ay pinagpala sa lahat ng bagay, kapwa temporal at espirituwal" (Mosias 2:41).

Mula sa mga pahina nito ay ang pangako ng "hindi maunawaang kagalakan" sa mga taong nagiging "[mga] kasangkapan sa mga kamay ng Diyos" sa pagsagip sa Kanyang pinakamamahal na mga anak na lalaki't babae (Alma 28:8; 29:9).

Mula sa mga pahina nito ay ang pangako na titipunin ang nakalat na Israel—isang gawaing sinisikap nating gawin sa pamamagitan ng ating malawakang gawaing-misyonero sa iba't ibang panig ng mundo (tingnan sa 3 Nephi 16; 21–22).

Mula sa mga pahina nito ay ang pangako na kapag nanalangin tayo sa Ama sa sagradong pangalan ni Jesucristo, pagpapalain ang ating mga pamilya (tingnan sa 3 Nephi 18:21).

Sa pag-aaral ng mga pahina nito ay dumarating ang katuparan ng pangako ng propeta na "darating sa inyo at sa inyong tahanan ang Espiritu ng Panginoon, na lalong magpapalakas sa paninindigan ninyong sundin ang Kanyang mga utos, at lalong magpapatatag sa patotoo na tunay na buhay ang Anak ng Diyos."[1]

At mula sa mga pahina ng Aklat ni Mormon dumarating ang pangako ni Moroni na sa pamamagitan ng panalangin, tunay na layunin, at pananampalataya kay Cristo,



PAGLALARAWAN NI CHRISTINA SMITH

malalaman natin ang katotohanan ng mga pangakong ito "sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo" (tingnan sa Moroni 10:4–5).

Katulad ng iba pang mga propeta sa mga huling araw, pinatutunayan ko ang katotohanan nitong "pinakatumpak sa anumang aklat sa mundo,"[2] maging ang Aklat ni Mormon, na isa pang tipan ni Jesucristo. Ang mensahe nito ay laganap sa buong mundo at inaakay ang mga mambabasa nito sa kaalaman ng katotohanan. Pinatototohanan ko na binabago ng Aklat ni Mormon ang mga buhay. Nawa'y basahin ito ng bawat isa sa atin at paulit-ulit itong basahin. At nawa'y masaya nating ibahagi sa lahat ng anak ng Diyos ang ating patotoo tungkol sa mahahalagang pangako nito. ■

**MGA TALA**


1. Gordon B. Hinckley, "Isang Patotoong Buhay na Buhay at Tapat," *Liahona,* Ago. 2005, 6.
2. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith* (2007), 74.

## PAGTUTURO MULA SA MENSAHENG ITO

Sa mga banal na kasulatan "matatagpuan natin . . . ang mga alituntunin ng katotohanan na lulutas sa lahat ng pagkalito at sa lahat ng suliranin at sa lahat ng pag-aalinlangan na makakaharap ng mag-anak" (*Pagtuturo, Walang Higit na Dakilang Tungkulin* [2000], 62). Kapag ibinahagi ninyo ang mensahe ni Pangulong Monson sa pamilya, sabihin sa kanila na pakinggan ang "mahahalagang pangako" na tinukoy niya sa Aklat ni Mormon. Maaari ninyong ibahagi ang isang pangako sa Aklat ni Mormon na naging makahulugan sa inyo.

# Si Propetang Joseph Smith

## TAGAPAGSALIN NG AKLAT NI MORMON



Ang Aklat ni Mormon ay isang natatanging aklat ng banal na kasulatan. Bagama't mga sinaunang propeta ang sumulat nito, hindi ito napasaatin sa paraang katulad ng sa Biblia. Halos buong Biblia ay itinala sa mga scroll o rolyo ng pergamino (nakabalumbon na papel) sa Lumang Daigdig bilang magkakahiwalay na aklat at kinopya ng mga tagasulat sa loob ng maraming siglo. Noon lamang ikaapat na siglo pagkamatay ni Jesucristo pinagsama-sama ang magkakahiwalay na aklat na ito at naging isang aklat na tinatawag nating Banal na Biblia.

Ang Aklat ni Mormon, sa kabilang banda, ay itinala ng mga sinaunang propeta sa Bagong Daigdig sa mga laminang metal, na pinaikli ng isang propeta—si Mormon (kaya ipinangalan sa kanya ang aklat)—noong ikalimang siglo A.D. sa iisang talaan sa mga laminang ginto. Kalaunan ay ibinaon ng kanyang anak na si Moroni ang mga lamina, kung saan ito nanatili hanggang 1827, nang iabot ito ni Moroni, bilang nabuhay na maguling nilalang, sa isang binatang nagngangalang Joseph Smith.

Ang sumusunod ay kuwento kung paano tinanggap, isinalin, at inilathala ni Joseph ang talaan na pinamagatan na ngayong Aklat ni Mormon: Isa Pang Tipan ni Jesucristo. Ang Tagapagligtas mismo ay nagpatotoo na ang aklat ay totoo (tingnan sa D at T 17:6).



1. Noong 1820 isang batang 14-na-taong-gulang na nagngangalang Joseph Smith ang nakatira malapit sa Palmyra, New York. Kahit bata pa, nagalala siya tungkol sa katayuan niya sa harapan ng Diyos at nalito sa mga itinuturo ng iba't ibang relihiyong Kristiyano na naghahanap noon ng mga mabibinyagan sa pamamagitan ng pagwawalang-bahala sa mga itinuturo ng iba. Dahil nahikayat sa pagaaral niya ng Biblia, nagpasiya ni Joseph na humingi ng karunungan sa Diyos, na "nagbibigay ng sagana sa lahat at hindi nanunumbat" (Santiago 1:5). Nagpunta siya sa kakahuyan malapit sa kanyang tahanan upang manalangin.




2. Habang nakaluhod at nananalangin si Joseph, isang haligi ng liwanag ang tumapat sa kanya. Doon ay nakita niya ang dalawang Katauhan. Nagsalita ang Ama sa Langit at sinabi, "Ito ang Aking Pinakamamahal na Anak. Pakinggan Siya!" (Joseph Smith—Kasaysayan 1:17). Sinabi ng Panginoon kay Joseph na huwag sumapi sa alinmang simbahan dahil walang totoo sa mga ito, ngunit pinangakuan siya "na ang kabuuan ng Ebanghelyo ay ipaaalam sa [kanya] sa hinaharap."[1]



3. Makalipas ang tatlong taon, ikinuwento ni Joseph Smith ang kanyang karanasan sa iba—at inusig siya dahil dito. Iniulat niya: "Bagaman kinamuhian ako at inusig dahil sa pagsasabi na nakakita ako ng pangitain, gayon man ito'y totoo; at . . . dahil dito ay nasabi ko sa aking puso: Bakit ako inuusig sa pagsasabi ng katotohanan? Ako ay tunay na nakakita ng pangitain; at sino ako na aking kakalabanin ang Diyos, o bakit iniisip ng sanlibutan na ipagkakaila ko ang tunay kong nakita? Sapagkat nakakita ako ng pangitain; ito'y alam ko, at nalalaman ko na ito ay alam ng Diyos, at ito'y hindi ko maipagkakaila" (Joseph Smith—Kasaysayan 1:25).

MULA KALIWA: *BROTHER JOSEPH*, NI DAVID LINDSLEY © 1998; *NAGHANGAD NG KARUNUNGAN SI JOSEPH SMITH MULA SA BIBLIA*, NI DALE KILBOURN © 1975 IRI; *UNANG PANGITAIN NI JOSEPH SMITH*, NI GREG OLSEN, HINDI MAAARING KOPYAHIN; LARAWAN NG TAGPO MULA SA *JOSEPH SMITH: PROPETA NG PANUNUMBALIK*, NI MATTHEW REIER © IRI

Simula noong 1830 milyun-milyong katao na ang nakabasa ng Aklat ni Mormon at sumapi sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw dahil sa pagsaksi ng Aklat ni Mormon sa Tagapagligtas. Ang aklat ay katibayan din na si Joseph Smith ay propeta ng Diyos at na ang Tagapagligtas ang namumuno sa Kanyang Simbahan ngayon. Nasubukan at napatunayan na ng milyun-milyong katao na totoo ang pangako ni Moroni sa lahat ng tapat



4. Noong Setyembre 21, 1823, nagdarasal si Joseph nang mapuno ng liwanag ang kanyang silid-tulugan at nagpakita ang isang anghel na nagngangalang Moroni. Sinabi ni Moroni kay Joseph ang tungkol sa mga isinulat ng ilang sinaunang propeta. Ang talaan, na nakaukit sa mga laminang ginto, ay nakabaon sa kalapit na burol. Sinabihan si Joseph na isasalin niya ang talaan.



5. Sa huli, noong Setyembre 22, 1827, ipinagkatiwala kay Joseph ang mga lamina, na inilabas niya mula sa isang kahong bato na nakalagak sa ilalim ng isang malaking bato sa isang burol na malapit sa Palmyra, New York.



6. Tulad ng karaniwan sa mga lalawigan noong panahong iyon, hindi gaanong nakapag -aral si Joseph Smith. Para matulungan siya sa pagsasalin, binigyan siya ng Diyos ng isang sinaunang kasangkapan sa pagsasaling-wika na tinatawag na Urim at Tummim. Mapalad din siya na natulungan siya ng mga tagasulat na nagsulat ng idinidikta niya habang siya ay nagsasalin. Kabilang sa mga tagasulat na ito ang kanyang asawang si Emma; si Martin Harris, isang mayamang magsasaka; at si Oliver Cowdery, na isang guro. Wala pang tatlong buwan ay tapos na ang karamihan sa pagsasalin nang magsilbing tagasulat si Oliver.

Inilarawan ni Emma kung ano ang pakiramdam ng maging tagasulat ni Joseph: "Walang sinumang makapagdidikta ng nakasulat sa mga manuskrito maliban kung siya ay binigyang-inspirasyon; sapagkat, noong [ako ang]

na naghahanap ng katotohanan: "Ipinapayo ko sa inyo na itanong ninyo sa Diyos, ang Amang Walang Hanggan, sa pangalan ni Cristo, kung ang mga bagay na ito ay hindi totoo; at kung kayo ay magtatanong nang may matapat na puso, na may tunay na layunin, na may pananampalataya kay Cristo, kanyang ipaaalam ang katotohanan nito sa inyo, sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo" (Moroni 10:4).

MULA KALIWA: *NAGPAKITA SI ANGHEL MORONI KAY JOSEPH SMITH*, NI TOM LOVELL © 2003 IRI; LARAWAN NG TAGPO MULA SA *JOSEPH SMITH: PROPETA NG PANUNUMBALIK*, NI MATTHEW REIER © IRI; LARAWAN NG TAGPO MULA SA *JOSEPH SMITH: PROPETA NG PANUNUMBALIK*, NI JOHN LUKE © IRI; *SA PAMAMAGITAN NG KALOOB AT KAPANGYARIHAN NG DIYOS*, NI SIMON DEWEY; DETALYE NG LARAWANG IPININTA NI WILLIAM MAUGHAN © 1998; LARAWANG KUHA NI CRAIG DIMOND © IRI; LARAWAN NG TAGPO MULA SA *JOSEPH SMITH: PROPETA NG PANUNUMBALIK*, NI MATTHEW REIER © IRI



kanyang tagasulat, dinidiktahan ako [ni Joseph] nang ilang oras; at pagbalik namin mula sa pagkain, o matapos ang mga panggagambala, agad siyang nagsisimula kung saan siya tumigil, nang hindi tinitingnan ang manuskrito o ipinapabasa ang anumang bahagi."[2]

Ipinaliwanag ni Joseph ang kahalagahan ng paglabas ng Aklat ni Mormon: "Sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Diyos ay isinalin ko ang Aklat ni Mormon mula sa hieroglyphics, na ang kaalaman tungkol dito ay nawala sa mundo, isang napakagandang kaganapang mag-isa kong naranasan, ako na isang kabataang walang pinagaralan, upang daigin ang karunungan ng mundo at malaking kamangmangan ng labingwalong siglo, sa isang bagong paghahayag."[3]



7. Sa loob ng 18 buwan na nasa kanya ang mga lamina, hindi lamang si Joseph ang nakakita o nakahawak sa mga ito. Tatlong lalaki—sina Oliver Cowdery, David Whitmer, at Martin Harris—ang pormal na nagpatotoo na ipinakita sa kanila ng anghel na si Moroni ang mga laminang ginto at alam nila na ang mga lamina ay "isinalin sa pamamagitan ng kaloob at kapangyarihan ng Diyos, dahil ipinahayag ito sa amin ng kanyang tinig." Walo pang lalaki ang nagpatotoo na nakita at nahawakan nila ang mga laminang ginto.[4]



8. Noong Agosto 1829, kinontrata ni Joseph ang tagalathalang si Egbert B. Grandin ng Palmyra, New York, para ilimbag ang aklat. Isinangla ni Martin Harris ang kanyang sakahan upang mabayaran ang paglilimbag ng aklat, at noong Marso 26, 1830, may nabibili nang Aklat ni Mormon.




9. Noong Abril 6, 1830, mga 60 katao ang nagtipon sa isang bahay na troso sa Fayette, New York. Doon, ayon sa utos ng Panginoong Jesucristo, pormal na inorganisa ni Joseph Smith ang Simbahan ng Tagapagligtas, ipinanumbalik ito ayon sa orihinal na pagkaorganisa nito at pamumuno ng mga apostol at propeta, na awtorisadong mangusap para sa Diyos. Kalaunan ay ibinigay sa isang paghahayag kay Joseph Smith ang pangalan ng Simbahan: Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw (tingnan sa D at T 115:4). ■

**MGA TALA**

1. Joseph Smith, sa *History of the Church,* 4:536.
2. Interbyu kay Emma Smith ni Joseph Smith III, Peb. 1879, sa *Saints' Herald,* Okt. 1, 1879, 290.
3. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith* (2007), 71.
4. Tingnan sa "Ang Patotoo ng Tatlong Saksi" at "Ang Patotoo ng Walong Saksi," sa pambungad sa Aklat ni Mormon.





**Ni Elder Russell M. Nelson**
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

# ANG ITINUTURO NG AKLAT NI MORMON TUNGKOL SA PAG-IBIG NG DIYOS

*Ang ilan sa pinakamagagandang halimbawa ng pag-ibig ng Panginoon ay nakatala sa Aklat ni Mormon.*

Karamihan sa mga Kristiyano ay pamilyar sa mga katangian ni Jesucristo na nakalahad sa Biblia. Namamangha sila sa pag-ibig na ipinakita Niya sa mga maralita, maysakit, at naaapi. Ang mga nagtuturing sa kanilang sarili na Kanyang mga disipulo ay nagsisikap ding pamarisan ang Kanyang halimbawa at sundin ang payo ng Kanyang pinakamamahal na Apostol: "Mangagibigan tayo sa isa't isa: sapagka't ang pagibig ay sa Dios; at ang bawa't umiibig ay ipinanganak ng Dios, at nakakakilala sa Dios. . . . Sapagka't ang Dios ay pagibig" (I Ni Juan 4:7–8).

Ang konseptong ito ay nilinaw ng Aklat ni Mormon. Inilalarawan nito kung *paano* isinisilang sa Diyos ang isang tao at *paano* nagkakaroon ang isang tao ng kapangyarihan na magmahal nang tulad Niya. Tumutukoy ito sa tatlong pangunahing alituntunin na naghahatid ng kapangyarihan ng pag-ibig ng Diyos sa ating buhay.

Una, itinuturo ng Aklat ni Mormon na ang pananampalataya kay Cristo at ang pagpasok sa *tipan* sa Kanya na susundin ang Kanyang mga kautusan ang susi sa espirituwal na pagkasilang na muli. Sa mga tao sa Aklat ni Mormon na gumawa nang gayong tipan, sinabi ni Haring Benjamin, "At ngayon, dahil sa tipang inyong ginawa kayo ay tatawaging mga anak ni Cristo, mga anak niyang lalaki, at mga anak niyang babae; sapagkat masdan, sa araw na ito kayo ay kanyang espirituwal na isinilang; sapagkat sinasabi ninyo na ang inyong mga puso ay nagbago sa pamamagitan ng pananampalataya sa kanyang pangalan; anupa't kayo ay isinilang sa kanya at naging kanyang mga anak na lalaki at mga anak na babae" (Mosias 5:7).

Ikalawa, itinuturo mismo ng Tagapagligtas na ang kapangyarihang maging katulad Niya ay nagmumula sa pagtanggap ng *mga ordenansa* ng ebanghelyo: "Ngayon, ito ang kautusan: Magsisi, lahat kayong nasa mga dulo ng mundo, at lumapit sa akin at magpabinyag sa aking pangalan, upang kayo ay pabanalin sa pamamagitan ng pagtanggap sa Espiritu Santo, upang kayo ay makatayong walang bahid-dungis sa

NAGPAKITA SI CRISTO SA WESTERN HEMISPHERE, NI ARNOLD FRIBERG © 1995 IRI

aking harapan sa huling araw" (3 Nephi 27:20).

Ikatlo, hinihikayat Niya tayong *sundan ang Kanyang halimbawa:* "Anong uri ng mga tao ba nararapat kayo?" ang makahulugan Niyang tanong. Ang Kanyang sagot: "Katotohanang sinasabi ko sa inyo, maging katulad ko" (3 Nephi 27:27). Tunay na gusto Niya tayong maging higit na katulad Niya.

Ang ilan sa pinakamagagandang halimbawa ng Kanyang pag-ibig ay nakatala sa Aklat ni Mormon. Ang mga halimbawang ito ay maiaakma sa ating buhay habang sinisikap nating maging higit na katulad ng Panginoon.

Ang Kanyang pagmamahal kay Lehi at sa pamilya ni Lehi—at ang kanilang pagmamahal sa Kanya—ang naghatid sa kanila sa lupain ng Amerika, na kanilang lupang pangako, kung saan sila naging masagana.[1]

Ang pag-ibig ng Diyos sa atin ang nagtulak sa Kanya daan-daang taon na ang nakalilipas upang atasan ang mga propetang Nephita na mag-ingat ng sagradong tala ng kanilang mga tao. Ang mga aral mula sa talaang iyon ay may kinalaman sa ating kaligtasan at kadakilaan. Ang mga aral na ito ay nasa Aklat ni Mormon ngayon. Ang sagradong tekstong ito ay nakikita at nahahawakang katibayan ng pag-ibig ng Diyos para sa ating lahat na Kanyang mga anak sa buong mundo.[2]

Ang pag-ibig ni Cristo sa Kanyang "iba pang tupa" ang dahilan ng pagpunta Niya sa Bagong Daigdig.[3] Mula sa Aklat ni Mormon nalaman natin na nangyari ang malalaking kalamidad na dulot ng kalikasan at ang tatlong araw ng kadiliman sa Bagong Daigdig kasunod ng pagkamatay ng Panginoon sa Lumang Daigdig. Pagkatapos ang niluwalhati at nabuhay na mag-uling Panginoon ay bumaba mula sa langit at nagministeryo sa mga tao ng Bagong Daigdig.



### NAGPATOTOO ANG ISANG PROPETA

"Ang Aklat ni Mormon ay lumabas sa pamamagitan ng kaloob at kapangyarihan ng Diyos. Nagsasalita ito bilang isang tinig mula sa alabok sa pagpapatotoo sa Anak ng Diyos. Ikinukuwento nito ang Kanyang kapanganakan, ministeryo, Pagkapako sa Krus at Pagkabuhay na Mag-uli, at Kanyang pagpapakita sa mabubuti sa lupaing Masagana sa Amerika.

"Nahahawakan ito, nababasa, nasusubukan. Naglalaman ito ng pangako [tungkol] sa banal nitong pinagmulan. Milyun-milyon ang sumubok sa pangakong ito at natuklasang ito ay totoo at sagradong tala."

**Pangulong Gordon B. Hinckley (1910–2008), "Mga Dakilang Bagay na Inihayag ng Diyos," *Liahona,* Mayo 2005, 81–82.**

### KAPAG NALAMAN NINYO MADARAMA NINYO ANG PAGMAMAHAL

Ako ay bagong miyembro ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, at para sa akin ang Aklat ni Mormon ay hindi lamang basta aklat. Ito ay matibay na katibayan na mahal tayo ng Ama sa Langit. Ito ay patunay na mahal tayo ng naunang mga Banal at nais nilang makabalik tayo. Ito ay katibayan na mayroong plano ng kaligayahan ang Diyos at ito ay perpekto.

Kapag nalaman ninyong totoo ang aklat na ito malalaman ninyong buhay ang Ama sa Langit at ang Kanyang Anak. Malalaman ninyong ang buhay ay maganda at walanghanggan. Malalaman ninyong hangga't sinisikap ninyong magpakabuti at nagsisisi kapag nagkamali, kayo ay palaging patatawarin. Malalaman ninyo ang tunay na kahulugan ng pamilya. Malalaman ninyong hindi kailanman mawawala sa inyo ang isang mahal sa buhay, dahil naghihintay lamang siya sa inyo. Malalaman ninyo ang mga pagpapala ng Ama sa Langit. Malalaman ninyo na may kapanatagan sa anumang unos na darating sa inyo, mahaharap ninyo ito, dahil ito ay para sa inyong kapakinabangan. Malalaman ninyong ang Espiritu Santo ay palagi ninyong makakasama. Sa pinakadiwa nito, madarama ninyo ang pagmamahal sa lahat ng pagpapahiwatig nito.

**Emma Adesanya, Ireland**

*NAGBIBINYAG SI ALMA SA MGA TUBIG NG MORMON,* NI ARNOLD FRIBERG



"Ako ang ilaw at ang buhay ng sanlibutan," ang sabi Niya sa kanila, "at ako ay uminom sa mapait na sarong ibinigay ng Ama sa akin, at niluwalhati ang Ama sa pagdadala ko ng mga kasalanan ng sanlibutan" (3 Nephi 11:11).

Pagkatapos ay ipinadama Niya ang isa sa mga pinakanakaaantig na karanasan sa piling Niya. Inanyayahan Niya silang hipuin ang sugat sa Kanyang tagiliran at ang mga bakas ng pako sa Kanyang mga kamay at paa, upang malaman nila nang may katiyakan na Siya "ang Diyos ng Israel, at ang Diyos ng buong sangkatauhan, at pinatay para sa mga kasalanan ng sanlibutan" (3 Nephi 11:14).

Pagkatapos ay ibinigay ni Jesus sa Kanyang mga disipulo ang awtoridad na magbinyag, igawad ang kaloob na Espiritu Santo, at pangasiwaan ang sakrament. Binigyan Niya sila ng kapangyarihang itatag ang Kanyang Simbahan sa kanilang kalipunan, sa pamumuno ng labindalawang disipulo.

Ibinigay Niya sa kanila ang ilan sa mga batayang doktrina na ibinigay Niya sa Kanyang mga disipulo sa Lumang Daigdig. Pinagaling Niya ang kanilang mga maysakit. Lumuhod Siya at nanalangin sa Ama sa mga salitang napakamakapangyarihan at sagrado kaya't hindi maaaring itala ang mga ito. Lubhang makapangyarihan ang Kanyang panalangin kaya't ang mga nakarinig sa Kanya ay napuspos ng kagalakan. Puspos ng Kanyang pag-ibig sa kanila at ng kanilang pananampalataya sa Kanya, si Jesus mismo ay tumangis. Ipinropesiya Niya ang gawain ng Diyos sa darating na mga siglo na hahantong sa ipinangakong pagsapit ng Kanyang Ikalawang Pagparito.[4]

Pagkatapos ay hiniling Niyang dalhin nila sa Kanya ang kanilang mga anak.

"At kinuha ang kanilang maliliit na anak, isa-isa, at binasbasan sila, at nanalangin sa Ama para sa kanila.

"At nang magawa na niya ito, siya ay muling tumangis;

*Itinuturo mismo ng Tagapagligtas na ang kapangyarihang maging katulad Niya ay nagmumula sa pagtanggap ng mga ordenansa ng ebanghelyo.*

*Pagkatapos ay hiniling Niyang dalhin nila sa Kanya ang kanilang mga anak. "At kinuha ang kanilang maliliit na anak, isa-isa, at binasbasan sila, at nanalangin sa Ama para sa kanila."*

"At nangusap siya sa maraming tao, at sinabi sa kanila: Masdan ang inyong mga musmos.

"At nang sila ay tumingin upang pagmasdan ay itinuon nila ang kanilang mga paningin sa langit, at kanilang nakitang bumukas ang kalangitan, at nakita nila ang mga anghel na bumababa mula sa langit na parang ito ay nasa gitna ng apoy; at sila ay bumaba at pinalibutan yaong mga musmos, . . . at ang mga anghel ay naglingkod sa kanila" (3 Nephi 17:21–24).

Gayon ang kadalisayan at kapangyarihan ng pag-ibig ng Diyos, na inihayag sa Aklat ni Mormon.

Sa mga huling araw na ito, tayo na binigyan ng pribilehiyong magkaroon ng Aklat ni Mormon, maging mga miyembro ng Simbahan ng Panginoon, tanggapin ang Kanyang ebanghelyo, at sundin ang Kanyang mga kautusan ay may alam tungkol sa walang hanggang pag-ibig ng Diyos. Alam natin kung paano tataglayin ang Kanyang pag-ibig. Kapag tayo'y naging Kanyang mga tunay na disipulo, nagkakaroon tayo ng kapangyarihang magmahal nang tulad Niya. Kapag sinusunod natin ang Kanyang mga kautusan, tayo'y nagiging higit na katulad Niya. Pinalalawak natin ang ating pagmamahal sa pamamagitan ng pagtulong sa mga tao ng bawat bansa, lahi, at wika.

Taglay ang matinding pasasalamat sa Kanyang huwarang buhay, maaari nating gawing pamantayan ang talatang ito: "Manalangin sa Ama nang buong lakas ng puso, nang kayo ay mapuspos ng ganitong pag-ibig, na kanyang ipinagkaloob sa lahat na tunay na mga tagasunod ng kanyang Anak, si Jesucristo; upang kayo ay maging mga anak [na lalaki at anak na babae] ng Diyos; na kung siya ay magpapakita, tayo ay magiging katulad niya, sapagkat makikita natin siya bilang siya" (Moroni 7:48).[5] ■

**MGA TALA**

1. Tingnan sa 1 Nephi 17:35–44; Mosias 7:20; Alma 9:9–11; 3 Nephi 5:20–22.
2. Tingnan sa pahina ng pamagat ng Aklat ni Mormon; 1 Nephi 13:35–41; 2 Nephi 33:4; Mosias 1:2–7; Mormon 8:13–41.
3. Tingnan sa Juan 10:16; 3 Nephi 15:11–24.
4. Tingnan sa 3 Nephi 11–14; 18–20.
5. Ikumpara ang I Ni Juan 3:1–3.

## PAGKILALA SA KAPANGYARIHAN NG KANYANG PAG-IBIG

Nang sumapi ako sa Simbahan noong unang taon ko sa kolehiyo, maganda ang naging pakiramdam ko sa mga pagbabagong ginagawa ko sa uri ng aking pamumuhay at nakita ko kung gaano mas pinabuti ng ebanghelyo ang aking buhay. Gayunman, di nagtagal ay nadama kong humahadlang ang aking nakaraan sa anumang pag-unlad na magagawa ko. Paano ako makakatulong sa Ama sa Langit sa pagtatatag ng Kanyang kaharian gayong nagkamali ako sa mga pagpili ko?

Pagkatapos isang araw ay binuklat ko ang aking Aklat ni Mormon sa pinakahuling pahina. Binasa ko ang pamamaalam ni Moroni: "Oo, lumapit kay Cristo, at maging ganap sa kanya, . . . at kung inyong pagkakaitan ang sarili ng lahat ng kasamaan, at iibigin ang Diyos nang buo ninyong kakayahan, pag-iisip at lakas, kung magkagayon ang kanyang biyaya ay sapat sa inyo, upang sa pamamagitan ng kanyang biyaya kayo ay maging ganap kay Cristo; at kung sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos kayo ay ganap kay Cristo, wala kayong dahilang magtatwa sa kapangyarihan ng Diyos" (Moroni 10:32). Tinitigan ko ang mga salitang iyon. Nadama kong sinabi sa akin ng Espiritu na iyon ay totoo. Natanto kong nalilimitahan ko ang kapangyarihan ng Diyos sa pag-aakalang hindi Niya ako makakatulong sa anumang paraan na makikita Niyang akma.

Nagpasiya ako na magmula noon hindi ko na "[itatatwa ang] kapangyarihan ng Diyos" kundi tatanggapin ko ang aking nakaraan at haharapin ang aking bukas. Nang mas magtuon ako ng pansin sa aking kinabukasan sa halip na isipin ang aking nakaraan at nagtiwala sa nakapagpapadalisay na biyaya ni Jesucristo, lalo kong nadama ang pagmamahal sa akin ng Tagapagligtas at naging mas masaya ako.

**Christy Pettey, Washington, USA**


*DUMALAW SI JESUS SA MGA LUPAIN NG AMERIKA*, NI JOHN SCOTT






# Ang Kuwento
## TUNGKOL SA AKLAT NI MORMON


*Ano ang nangyari sa Aklat ni Mormon? Gamitin ang mga larawang ito para malaman ang tungkol sa mga propeta at mga kuwento sa kagila-gilalas na aklat na ito ng mga banal na kasulatan.*





**Ang Aklat ni Mormon ay nagsisimula sa isang propetang nagngangalang Lehi. Binalaan niya ang masasamang tao sa Jerusalem na magsisi, ngunit hindi nakinig ang mga tao. Inutusan ng Panginoon si Lehi na dalhin ang kanyang pamilya, kasama ang kanyang asawa na si Saria, at kanilang mga anak—Laman, Lemuel, Sam, at Nephi—patungo sa ilang. (Tingnan sa 1 Nephi 1–2.)**




**Pinabalik ni Lehi ang kanyang mga anak upang kunin ang mga banal na kasulatan na nakasulat sa mga laminang tanso. Nasa mga laminang ito ang kasaysayan ng kanilang mga ninuno at ang iba pang mga bagay na ipinasulat sa kanila ng Panginoon. Iningatan nina Lehi at Nephi ang mga laminang ito. Isinulat din nila sa mga laminang metal ang nangyari sa kanilang pamilya. (Tingnan sa 1 Nephi 3–5.)**





**Binigyan ng Panginoon si Lehi ng kompas na tinawag na Liahona upang gabayan ang kanyang pamilya sa ilang patungo sa lupang pangako. (Tingnan sa 1 Nephi 16.)**





**Inutusan ng Panginoon si Nephi na gumawa ng barko upang madala ang pamilya ni Lehi sa lupang pangako. Sinunod ni Nephi ang kanyang ama at ang Panginoon, ngunit hindi sumunod sina Laman at Lemuel. (Tingnan sa 1 Nephi 17.)**


*Si Lehi at ang kanyang pamilya ay naglayag patungo sa lupang pangako sakay ng barkong ginawa nila. (Tingnan sa 1 Nephi 18.)*





*Patuloy na sinuway nina Laman at Lemuel ang kanilang ama at ang Panginoon. Ang kanilang mga inapo ay nakilala bilang mga Lamanita. Patuloy na sinunod ni Nephi ang kanyang ama at ang Panginoon. Ang kanyang mga inapo ay tinawag na mga Nephita. (Tingnan sa 2 Nephi 4–5.)*





*Nang mamatay sina Lehi at Nephi, ang ibang mga tao, tulad ng kapatid ni Nephi na si Jacob, ay naatasang magsulat sa mga lamina ng mahahalagang turo at pangyayari. (Tingnan sa Jacob 1.)*





*Nanalangin si Enos na patawarin ang kanyang mga kasalanan, at siya ay pinatawad. (Tingnan sa Enos 1.)*






*Nagtayo si Haring Benjamin ng isang tore upang ituro sa kanyang mga tao ang ebanghelyo. (Tingnan sa Mosias 2–6.)*




*Ipinapatay ng isang masamang hari na nagngangalang Noe ang propetang si Abinadi. Ngunit ang mga turo ni Abinadi ay nagpabalik-loob sa isa sa mga saserdote ni Noe na nagngangalang Alma. (Tingnan sa Mosias 11–17.)*





*Nakatakas si Alma sa hukuman ni Haring Noe, itinuro sa ibang tao ang tungkol sa ebanghelyo, at bininyagan sila. (Tingnan sa Mosias 18.)*




*Ang anak ni Alma na si Nakababatang Alma ay suwail. Siya at ang kanyang mga kaibigan, ang mga anak ni Mosias, ay masasama. Pagkatapos ay isang anghel ang nagsabi na magsisi na sila. Nagsisi si Alma at ang mga anak ni Mosias at iniukol ang buong buhay nila sa pangangaral ng ebanghelyo. (Tingnan sa Mosias 27–28.)*

KALIWA: PAGLALARAWAN NI ROBERT CASEY; DETALYE MULA SA *PAGLALAKBAY NI LEHI MALAPIT SA DAGAT NA PULA*, NI GARY SMITH; *SINUNOD KO ANG TINIG NG ESPIRITU*, NI WALTER RANE: *SI LEHI AT ANG LIAHONA*, NI JOSEPH BRICKEY; *SINAWAY NI NEPHI ANG KANYANG MAPAGHIMAGSIK NA MGA KAPATID*, NI ARNOLD FRIBERG © 1951 IRI; KANAN: *DUMATING SI LEHI AT KANYANG MGA TAO SA LUPANG PANGAKO*, NI ARNOLD FRIBERG© 1951 IRI; *AKO AY KANILANG LABIS NA PINAGMALUPITAN*, NI WALTER RANE; *NAGSUSULAT SI NEPHI SA MGA LAMINANG GINTO*, NI PAUL MANN © 1988; *ITINAAS KO ANG AKING TINIG AT ITO AY UMABOT SA LANGIT*, NI WALTER RANE; *SA PAGLILINGKOD SA INYONG DIYOS*, NI WALTER RANE; DETALYE MULA SA *PAGHARAP NI ABINADI KAY HARING NOE*, NI ARNOLD FRIBERG © 1951 IRI; *MAGSIPAROON SA KAWAN NG DIYOS*, NI WALTER RANE; *BUMANGON SI ALMA*, NI WALTER RANE; ANG MGA IPININTANG LARAWAN NI WALTER RANE AY SA KAGANDAHANG-LOOB NG CHURCH HISTORY MUSEUM


***Napabalik-loob ng anak ni Mosias na si Ammon ang maraming Lamanita matapos ipagtanggol ni Ammon ang mga kawan ni Haring Lamoni at makuha niya ang tiwala nito. (Tingnan sa Alma 17–19.)***





***Isinulat ni Kapitan Moroni ang bandila ng kalayaan at nakipaglaban upang ipagtanggol ang kalayaan ng kanyang mga tao. (Tingnan sa Alma 46, 48.)***





***Pinamunuan ni Helaman ang hukbo ng 2,000 matwid na mga kabataan. (Tingnan sa Alma 53, 56–58.)***





***Isang propetang Lamanita na nagngangalang Samuel ang nagpropesiya na malapit nang isilang si Jesucristo. (Tingnan sa Helaman 13–16.)***






***Isang 10-taong-gulang na bata na nagngangalang Mormon ang napiling sumulat sa mga lamina kapag malaki na siya. Sa edad na 24, sinimulan niyang pagsamahin ang pinakamahahalagang salaysay mula sa lahat ng talaan sa isang set ng mga metal na lamina. (Tingnan sa Mormon 1.)***




***Bago mamatay si Mormon, ibinigay niya ang mga lamina sa kanyang anak na si Moroni. Si Moroni ay isang heneral sa hukbo. Siya ang huling Nephita na nakaligtas sa malaking digmaan ng mga Lamanita at Nephita. (Tingnan sa Mormon 6, 8.)***





***Bago namatay si Moroni, ibinaon niya ang mga lamina sa lugar na tinatawag na Cumorah. Mga 1,400 taon makaraang ibaon ni Moroni ang mga lamina, isang 14-na-taong-gulang na bata na nagngangalang Joseph Smith ang nanalangin para malaman kung aling simbahan ang tama. (Tingnan sa Joseph Smith—Kasaysayan 1:5–16.)***






***Nagpakita ang Ama sa Langit at si Jesucristo kay Joseph Smith at sinabi sa kanya na wala sa mga simbahan ang totoo at kumpleto. Si Joseph ay tutulong sa pagpapanumbalik ng totoong Simbahan ni Jesucristo. (Tingnan sa Joseph Smith—Kasaysayan 1:17–20.)***

Sa malayong lugar ng Betlehem, si Jesucristo ay isinilang. Itinuro Niya ang Kanyang ebanghelyo, pinagaling at binasbasan ang mga tao, at itinatag ang Kanyang Simbahan. Pagkatapos Siya ay ipinako sa krus at nabuhay na mag-uli. (Tingnan sa 3 Nephi 1, 8–10.)





Pagkatapos ng Kanyang Pagkabuhay na Mag-uli, dinalaw Niya ang mga matwid na Nephita at Lamanita. Itinuro Niya ang Kanyang ebanghelyo sa kanila, pinagaling sila, at binasbasan sila, tulad ng ginawa Niya sa lupain sa palibot ng Jerusalem. (Tingnan sa 3 Nephi 11–28.)





Pinuntahan ni Moroni si Joseph Smith at sinabi sa kanya ang tungkol sa nakabaon na mga lamina. Kapag nagkaedad na si Joseph Smith, kukunin niya ang mga lamina at isasalin ang mga ito. (Tingnan sa Joseph Smith—Kasaysayan 1:27–54.)





Noong si Joseph Smith ay 21 taong gulang na, nagpunta siya sa Burol ng Cumorah at kinuha ang mga lamina sa lugar kung saan ito ibinaon ni Moroni. (Tingnan sa Joseph Smith—Kasaysayan 1:59.)




Sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Diyos, naisalin ni Joseph Smith ang mga nakasulat sa mga lamina. Inilathala niya ang naisaling ito. Tinawag itong Aklat ni Mormon. (Tingnan sa pahina ng pamagat at pambungad sa Aklat ni Mormon.) ■

KALIWA: *IPINAGTANGGOL NI AMMON ANG MGA KAWAN NI HARING LAMONI*, NI ARNOLD FRIBERG © 1951 IRI; *MAGSILAPIT KAYO*, NI WALTER RANE, SA KAGANDAHANG-LOOB NG CHURCH HISTORY MUSEUM; *HUMAYO SA DIGMAAN ANG DALAWANG LIBONG KABATAAN*, NI ARNOLD FRIBERG, SA KAGANDAHANG-LOOB NG CHURCH HISTORY MUSEUM; *NAGPROPESIYA SI SAMUEL ANG LAMANITA*, NI ARNOLD FRIBERG © 1951 IRI; *PINAIKLI NI MORMON ANG MGA TALA SA MGA LAMINA*, NI TOM LOVELL © IRI; *AKO NA LAMANG ANG NATIRA*, NI WALTER RANE, SA KAGANDAHANG-LOOB NG CHURCH HISTORY MUSEUM; *IBINAON NI MORONI ANG MGA LAMINA*, NI TOM LOVELL © IRI; *ANG HANGARIN NG AKING PUSO II*, NI WALTER RANE; KANAN: *SIYA AY NAGBANGON*, NI DEL PARSON; *SI CRISTO AT ANG MGA BATA SA AKLAT NI MORMON*, NI DEL PARSON © 1995; *NAGPAKITA SI ANGHEL MORONI KAY JOSEPH SMITH*, NI TOM LOVELL © 2003 IRI; *BUROL NG CUMORAH*, NI JON MCNAUGHTON; *ISINALIN NI JOSEPH SMITH ANG AKLAT NI MORMON*, NI DEL PARSON © 1996 IRI

# PANAHON SA AKLAT




**1 MGA JAREDITA**
Nilisan ng grupong ito ang Tore ng Babel at dumating sa lupain ng Amerika bandang 2200 B.C. Dumami sila hanggang noong mga 600 B.C., nang lipulin ng mga digmaan ang lahat ng tao maliban kay Coriantumer. (Tingnan sa Eter 1–15.)

**2 MGA NEPHITA**
Nilisan ng grupo ni Lehi ang Jerusalem noong mga 600 B.C. at nagpunta sa lupain ng Amerika. Unti-unting nahati ang kanyang mga inapo. Nang mamatay si Lehi, ang mabubuti ay sumama pahilaga sa kanyang anak na si Nephi. Nakilala sila bilang mga Nephita. (Tingnan sa 1 Nephi 1–22; 2 Nephi 1–5.)


**3 MGA LAMANITA**
Nang mamatay si Lehi, ang masasama ay nanatili sa panig ng kanyang anak na si Laman at nakilala bilang mga Lamanita. (Tingnan sa 2 Nephi 5.)

**4 MGA MULEKITA**
Pinamunuan ni Mulek, na anak ni Haring Zedekias, ang isang grupo mula sa Jerusalem noong mga 587 B.C. at nagpunta sa lupain ng Amerika. Natagpuan nila si Coriantumer. (Tingnan sa Omni 1:14–21.)

**5 MOSIAS₁**
Noong mga 225 B.C. ang mga Nephita ay naging masasama, kaya't pinamunuan ni $Mosias_1$ ang isang grupo ng mabubuting Nephita papunta sa Zarahemla at namuhay kasama ang mga Mulekita. Tinawag nila ang kanilang sarili na mga Nephita. Si $Mosias_1$ ay naging mabuting hari nila. Si Haring Benjamin ang kanyang anak. (Tingnan sa Omni 1:12–23.)

**6 ZENIF**
Noong mga 200 B.C. dinala ni Zenif, na isang Nephita, ang isang grupo patimog upang muling angkinin ang lupain ng mga Nephita. Pagdating ni Zenif at ng kanyang grupo, inalipin sila ng mga Lamanita. Kalaunan, sinugo ni Haring $Mosias_2$ si Ammon upang hanapin ang grupo, at napagbalik-loob ni Ammon si Haring Limhi. (Tingnan sa Mosias 7; 9–22.)

# NI MORMON




**7 ALMA$_1$**
Dahil isinilang sa kalipunan ng mga tao ni Zenif, si Alma$_1$ ay naging isa sa masasamang saserdote ni Haring Noe. Ang propetang si Abinadi ay pinatay matapos niyang sabihang magsisi si Haring Noe. Ngunit naniwala si Alma$_1$ sa mga itinuro ni Abinadi at tumakas kasama ang isang grupo ng mga mananampalataya, at sa dakong huli ay nakiisa sa mga Nephita. (Tingnan sa Mosias 11; 17–18; 23–24.)

**8 ANG ALMA$_2$ AT ANG MGA ANAK NA LALAKI NI MOSIAS$_2$**
Noong kabataan nila, pinagtulungan ng Alma$_2$ at ng mga anak ni Haring Mosias$_2$ na wasakin ang Simbahan. Pinagsabihan sila ng isang anghel, at sila ay nagsisi. Ang Alma$_2$ ay naging mabuting pinuno. (Tingnan sa Mosias 27–29.) Ang mga anak ni Mosias$_2$ ay naging mga misyonero sa mga Lamanita. Pagkatapos ng malaking tagumpay, nagkita-kita silang muli nina Alma$_2$ at nagalak sila. (Tingnan sa Alma 17–26.)

**9 MGA TULISAN NI GADIANTON**
Ang impluwensya ng lihim na samahang ito ng mga mamamatay-tao ay napakalakas kapag masama ang lipunan at napakahina kapag mabuti ang lipunan. Noong mga A.D. 350 naging banta sila sa kaligtasan ng lahat ng tao. (Tingnan sa Helaman 2; 6; 4 Nephi 1:42–46.)

**10 JESUCRISTO**
Pagkatapos ng Kanyang Pagkabuhay na Mag-uli sa Jerusalem, ang Tagapagligtas ay nagpakita sa lupain ng Amerika, nagministeryo sa mga tao, itinuro ang Kanyang ebanghelyo, at inorganisa ang Kanyang Simbahan. Sa loob ng 200 taon pagkatapos ng Kanyang pagdalaw doon, ang mga tao ay namuhay nang payapa. (Tingnan sa 3 Nephi 11–28.)

**11 NALIPOL ANG MGA NEPHITA**
Unti-unting nagbalik ang kasamaan, sumiklab ang mga digmaan, at nalipol ang mga Nephita. Iningatan ng tanging nakaligtas, si Moroni, ang mga talaan ng mga Nephita at pagkatapos ay ibinaon ang mga ito bago siya namatay. (Tingnan sa 4 Nephi 1:24–28; Mormon 8:1–8; Moroni 10.)

MGA PAGLALARAWAN NI TAIA MORLEY



# SINO ANG SUMULAT

*Iniukit ng mga sinaunang propeta, mananalaysay, at pinuno ang kanilang patotoo at kasaysayan sa mga laminang ginto. Kalaunan, isinalin ni Propetang Joseph Smith, sa pamamagitan ng kaloob at kapangyarihan ng Diyos, ang pinaikling ulat ng orihinal na mga laminang iyon.*



**Mga May-akda o Pinagmulan ng Orihinal na mga Sinaunang Talaan**

- Nephi$_1$, Jacob, Enos, Jarom, Omni, at iba pa
- Mormon
- Mga laminang tanso ni Laban (tingnan sa 1 Nephi 5:10–14)
- Zenif
- Lehi (tingnan sa 2 Nephi 1:1–4, 11; D at T 3, pambungad ng bahagi); Benjamin (tingnan sa Omni 1:12–23; Mga Salita ni Mormon 1:16–18; Mosias 1–6); Mosias$_2$ (tingnan sa Omni 1:23–25; Mosias 6:3); Nakababatang Alma, Mga Anak na Lalaki ni Mosias, Helaman$_2$, Pahoran, Kapitan Moroni, Nephi$_3$, Nephi$_4$
- Mormon
- Mga talaan ng mga Jaredita sa 24 na lamina, kabilang na ang mga isinulat ni Eter (tingnan sa Eter 1:1–5)
- Moroni


**Mga Talaang Bumuo sa mga Lamina**

- Maliliit na lamina ni Nephi (mga espirituwal na talaan; mga 600 B.C. hanggang 130 B.C.)
- Mga Salita ni Mormon (pinagdurugtong ang maliliit na lamina at ang pinaikling ulat ng malalaking lamina ni Nephi; tingnan sa mga talata 1–18)
- Malalaking lamina ni Nephi (mga temporal na talaan at kasaysayan ng relihiyon; mga 130 B.C. hanggang A.D. 321)
- Mga talaan ni Mormon (mga A.D. 345 hanggang A.D. 385)
- Aklat ni Eter, inedit na mga talaan ng mga Jaredita (mga 2400 B.C. hanggang 600 B.C.)
- Mga talaan ni Moroni (tingnan sa Mormon 9:30–37; mga A.D. 385 hanggang A.D. 421)

# NG AKLAT NI MORMON?



Noong gabi ng Setyembre 21, 1823, nagpakita ang anghel na si Moroni sa batang si Joseph Smith at sinabi sa kanya ang tungkol sa mga laminang ginto na isasalin bilang Aklat ni Mormon. Pagkaraan ng apat na taon, natanggap ni Joseph ang mga lamina para maisalin ang mga ito (tingnan sa Joseph Smith—Kasaysayan 1:27–54).



**Mga Laminang Ginto na Ibinigay ni Anghel Moroni kay Propetang Joseph Smith noong Setyembre 22, 1827**


Mga Lamina ni Mormon
(mga talaang tinipon at pinaikli nina Mormon at Moroni)

Bahaging mahigpit na nakasara
(hindi isinalin)



**Ang Aklat ni Mormon**

Pahina ng Pamagat*
1 Nephi
2 Nephi
Jacob
Enos
Jarom
Omni
Mga Salita ni Mormon
Mosias
Alma
Helaman
3 Nephi
4 Nephi
Mormon
Eter
Moroni



*Ipinaliwanag ni Joseph Smith na, "Ang pahina ng pamagat ng Aklat ni Mormon ay literal na pagkakasalin, na hinango sa pinakahuling pahina, sa kaliwang bahagi ng koleksyon o aklat ng mga lamina" (*History of the Church,* 1:71).



Ang orihinal na manuskrito ng pagsasalin ay natapos noong 1829, ang manuskrito ng tagalimbag ay natapos noong 1829–30, at ang unang 5,000 kopya ng Aklat ni Mormon ay inilathala noong 1830.

*Ang impormasyon sa tsart na ito ay tinipon mula sa pambungad at teksto ng Aklat ni Mormon.*

MULA KALIWA: LARAWANG KUHA NI JED CLARK; *PINAIIKLI NI MORMON ANG MGA LAMINA,* NI TOM LOVELL; *NAGPAKITA SI ANGHEL MORONI KAY JOSEPH SMITH,* NI TOM LOVELL; LARAWANG KUHA NI CRAIG DIMOND; *IBINIBIGAY NI MORONI ANG MGA LAMINANG GINTO,* NI GARY KAPP, HINDI MAAARING KOPYAHIN; LARAWANG KUHA NI EMILY LEISHMAN; PAGLALARAWAN NI JOHN LUKE

ANG AKLAT NI MORMON:

# Kasama ng Biblia sa Pagpapatotoo

Bilang pag-ayon sa batas na nakasaad sa biblia na "sa bibig ng dalawang saksi o ng tatlo ay papagtibayin ang bawa't salita (II Mga Taga Corinto 13:1), ang Aklat ni Mormon at ang Biblia ay kapwa nagpapatotoo kay Cristo at itinuturo ang mga alituntunin ng Kanyang ebanghelyo. Itinuro ni Elder Russell M. Nelson ng Korum ng Labindalawang Apostol na "pinatototohanan ng mga saksi sa mga banal na kasulatan ang isa't isa. Ang ideyang ito ay matagal nang ipinaliwanag nang isulat ng isang propeta na ang Aklat ni Mormon ay "isinulat sa layuning kayo ay maniwala [sa Biblia]; at kung kayo ay maniniwala [sa Biblia] ay paniniwalaan din ninyo [ang Aklat ni Mormon]' [Mormon 7:9]. Tinutukoy ng bawat aklat ang isa't isa. Bawat aklat ay ebidensya na ang Diyos ay buhay at nangungusap sa Kanyang mga anak sa pamamagitan ng paghahayag sa Kanyang mga propeta."[1]

Nakalista sa ibaba ang mahahalagang doktrinang itinuturo sa Biblia na pinatototohanan din ng Aklat ni Mormon.

## Ang Plano ng Diyos para sa Atin

*Itinuturo ng Biblia at Aklat ni Mormon na ang Diyos ang ating Ama sa Langit. Kaugnay nito, naghanda Siya ng "plano ng kaligtasan" (Alma 24:14) para mailigtas tayo sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo."*

***Mapagmahal na Ama sa Langit***

Biblia: "Sapagka't sa kaniya tayo'y nangabubuhay, at nagsisikilos, at mayroon tayong pagkatao: na gaya naman ng sinabi ng ilan sa inyong sariling mga manunula, Sapagka't tayo nama'y sa kaniyang lahi" (Mga Gawa 17:28; tingnan din sa Awit 82:6; Sa Mga Hebreo 12:9).

Aklat ni Mormon: "Alam kong mahal [ng Diyos] ang kanyang mga anak" (1 Nephi 11:17; tingnan din sa 1 Nephi 17:36).

***Kamatayan at ang Daigdig ng mga Espiritu***

Biblia: "At ang alabok ay mauuwi sa lupa gaya ng una, at ang diwa ay mababalik sa Dios na nagbigay sa kaniya" (Eclesiastes 12:7; tingnan din sa I Ni Pedro 3:19–20; 4:6).

Aklat ni Mormon: "Ang espiritu ng lahat ng tao, maging sila man ay mabuti o masama, ay dadalhin pabalik sa Diyos na sa kanila ay nagbigay-buhay" (Alma 40:11; tingnan din sa mga talata 12–14).


***Pagkabuhay na Mag-uli***

Biblia: "At pagkatapos na magibang ganito ang aking balat, [g]ayon ma'y makikita ko ang Dios sa aking laman" (Job 19:26; tingnan din sa Ezekiel 37:12; I Mga Taga Corinto 6:14; 15:54).

Aklat ni Mormon: "Alam kong nalalaman ninyo na ang ating laman ay tiyak na manghihina at mamamatay; gayunman, sa ating mga katawan ay makikita natin ang Diyos" (2 Nephi 9:4; tingnan din sa 2 Nephi 9:12; Alma 11:43–45; 40:23).

## Nagsisilbing Gabay ang mga Kautusan

*Itinuturo ng Biblia na ang Diyos ay nagbibigay ng mga kautusan at pagpapalain tayo kapag tayo ay sumusunod. Itinala at sinunod din ng mga propeta ng Aklat ni Mormon ang mga kautusan.*



**NAGPATOTOO ANG ISANG PROPETA**

"Huwag magtiwala sa inyong sarili, bagkus pag-aralan ang pinakamabubuting aklat—ang Biblia at Aklat ni Mormon—at kunin ang lahat ng impormasyong kaya ninyo, at pagkatapos ay mangunyapit sa Diyos at panatilihing malinis ang inyong sarili mula sa lahat ng uri ng kasamaan at karumihan, at ang pagpapala ng Kataas-taasan ay mapasasa inyo."

**Pangulong John Taylor (1808–87), *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: John Taylor* (2001), 179.**

***Mga Pagpapala ng Pagsunod***

Biblia: "At iniutos ng Panginoon sa amin na gawin ang lahat ng mga palatuntunang ito, na matakot sa Panginoon nating Dios, sa ikabubuti natin kailan man, upang ingatan niya tayong buhay. . . . At siya'y magiging katuwiran sa atin, kung ating isagawa ang buong utos na ito" (Deuteronomio 6:24–25; tingnan din sa Mga Kawikaan 4:4; Juan 14:21).

Aklat ni Mormon: "Pinangakuan niya kayo na kung inyong susundin ang kanyang mga kautusan, kayo ay uunlad sa lupain; at kailanman siya ay hindi nag-iiba mula roon sa kung alin ay kanyang sinabi; samakatwid, kung inyong susundin ang kanyang mga kautusan, kayo ay kanyang pagpapalain at pauunlarin" (Mosias 2:22; tingnan din sa 2 Nephi 1:20).

***Ang Sampung Utos***

Biblia: Inihayag ng Panginoon ang Sampung Utos kay Moises (tingnan sa Exodo 20:1–17).

Aklat ni Mormon: Itinuro ni Abinadi ang Sampung Utos sa mga saserdote ni Haring Noe (tingnan sa Mosias 12:33–36; 13:12–24).

***Ikapu***

Biblia: "Dalhin ninyo ang buong ikasangpung bahagi sa kamalig, upang magkaroon ng pagkain sa aking bahay" (Malakias 3:10; tingnan din sa Levitico 27:30).

Aklat ni Mormon: "Sa ito ring Melquisedec na ito kung kanino nagbayad si Abraham ng ikasampung bahagi; oo, maging ang ating amang si Abraham ay nagbayad ng ikasampung bahagi ng lahat ng kanyang pag-aari" (Alma 13:15; tingnan din sa 3 Nephi 24:8–10).

***Binyag at Espiritu Santo***

Biblia: "Maliban na ang tao'y ipanganak ng tubig at ng Espiritu, ay hindi siya makapapasok sa kaharian ng Dios" (Juan 3:5; tingnan din sa Marcos 16:16; Mga Gawa 2:36–38).

Aklat ni Mormon: "Magsisi, lahat kayong nasa mga dulo ng mundo, at lumapit sa akin at magpabinyag sa aking pangalan, upang kayo ay pabanalin sa pamamagitan ng pagtanggap sa Espiritu Santo, upang kayo ay makatayong walang bahid-dungis sa aking harapan sa huling araw" (3 Nephi 27:20; tingnan din sa 2 Nephi 9:23; 31:5–9).

## Ang Misyon ni Jesucristo

*Ang Biblia at ang Aklat ni Mormon ay nagpapatotoo kay Jesucristo, ang Anak ng Diyos, at sa Kanyang Pagbabayad-sala. Itinuturo nila na inako ng Tagapagligtas ang ating mga kasalanan at dinaig ang kamatayan.*

***Bugtong na Anak ng Diyos***

Biblia: "Sapagka't gayon na lamang ang pagsinta ng Dios sa sanglibutan, na ibinigay niya ang kaniyang bugtong na Anak, upang ang sinomang sa kaniya'y sumampalataya ay huwag mapahamak, kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan" (Juan 3:16; tingnan din sa Mateo 16:16; Juan 6:69).

Aklat ni Mormon: "Alam kong si Jesucristo ay paparito, oo, ang Anak, ang Bugtong ng Ama, puspos ng biyaya, at awa, at katotohanan" (Alma 5:48; tingnan din sa 1 Nephi 11:16–21; Mosias 3:5–8).

***Nagbayad-sala para sa Ating mga Kasalanan***

Biblia: "Sapagka't ito ang aking dugo ng tipan, na nabubuhos dahil sa marami, sa ikapagpapatawad ng mga kasalanan," (Mateo 26:28; tingnan din sa Sa Mga Hebreo 9:28; I Ni Pedro 3:18).

Aklat ni Mormon: "Masdan, inihandog niya ang kanyang sarili na isang hain para sa kasalanan, upang tugunin ang layunin ng batas para sa lahat ng yaong may bagbag na puso at nagsisising espiritu" (2 Nephi 2:7; tingnan din sa 1 Nephi 11:33; Alma 34:8–10; 3 Nephi 11:14).

***Dinala ang Ating mga Kapanglawan***


Biblia: "Tunay na kaniyang dinala ang ating mga karamdaman, at dinala ang ating mga kapanglawan" (Isaias 53:4; tingnan din Sa Mga Hebreo 2:18).

Aklat ni Mormon: "At siya ay hahayo, magdaranas ng mga pasakit at hirap at lahat ng uri ng tukso; . . . upang malaman niya nang ayon sa laman kung paano tutulungan ang kanyang mga tao alinsunod sa kanilang mga kahinaan" (Alma 7:11–12; tingnan din sa Mosias 14:3–5).

***Nadaig ang Kamatayan***

Biblia: "Datapuwa't si Cristo nga'y muling binuhay sa mga patay na siya ay naging pangunahing bunga ng nangatutulog" (I Mga Taga Corinto 15:20; tingnan din sa Juan 14:19; Mga Gawa 26:23).

Aklat ni Mormon: "Maniwala kay Jesucristo, na siya ang Anak ng Diyos, at na siya ay pinatay ng mga Judio, at sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Ama, siya ay bumangong muli kung saan ay natamo niya ang tagumpay laban sa libingan" (Mormon 7:5; tingnan din sa Mosias 16:7–8; Helaman 14:17).



**NAGPATOTOO ANG ISANG PROPETA**

"Ang Aklat ni Mormon . . . ay nagpapahayag na ang Biblia ay totoo, at pinatutunayan ito nito; at ang dalawa ay nagpapatunay na totoo ang bawat isa."

**Pangulong Brigham Young (1801–77), *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Brigham Young* (1997), 137.**

## Ang Simbahan ni Jesucristo Noong Unang Panahon

*Itinatag ng Panginoon ang Kanyang Simbahan sa Jerusalem at sa mga lupain ng Amerika. Saksi ang Biblia at Aklat ni Mormon na inoorganisa at pinamumunuan Niya ang Kanyang mga tao sa pamamagitan ng mga propeta at apostol.*

| | |
|---|---|
| ***Mga Propeta*** | |
| Biblia: "Tunay na ang Panginoong Dios ay walang gagawin, kundi kaniyang ihahayag ang kaniyang lihim sa kaniyang mga lingkod na mga propeta" (Amos 3:7; tingnan din sa Jeremias 1:7; 7:25). | Aklat ni Mormon: "Sa pamamagitan ng tinig ng Espiritu ay ipinaaalam ang lahat ng bagay sa mga propeta" (1 Nephi 22:2; tingnan din sa Jacob 4:4–6). |
| ***Ang Labindalawa*** | |
| Biblia: "Tinawag niya ang kaniyang mga alagad; at siya'y humirang ng labingdalawa sa kanila, na tinawag naman niyang mga apostol" (Lucas 6:13; tingnan din sa Mga Taga Efeso 2:19–20; 4:11–14). | Aklat ni Mormon: "Pinagpala kayo kung kayo ay makikinig sa mga salita nitong labindalawang aking pinili mula sa inyo upang maglingkod sa inyo" (3 Nephi 12:1; tingnan din sa 1 Nephi 11:29). |
| ***Awtoridad ng Priesthood*** | |
| Biblia: "Ako'y hindi ninyo hinirang, nguni't kayo'y hinirang ko, at aking kayong inihalal, upang kayo'y magsiyaon at magsipagbunga, at upang manatili ang inyong bunga" (Juan 15:16; tingnan din sa Mateo 16:19; Lucas 9:1–2; Sa Mga Hebreo 5:4). | Aklat ni Mormon: "Nag-orden [si Alma] ng mga saserdote at elder, sa pamamagitan ng pagpapatong ng kanyang mga kamay alinsunod sa orden ng Diyos upang mamuno at magbantay sa simbahan" (Alma 6:1; tingnan din sa 2 Nephi 6:2; Moroni 3). |



LARAWAN NI HAROLD B. LEE NI DOYLE SHAW, SA KAGANDAHANG-LOOB NG CHURCH HISTORY MUSEUM

### NAGPATOTOO ANG ISANG PROPETA

"Sa panahong ito na ang Biblia ay hinahamak ng maraming tao na naghalo ng mga pilosopiya ng mundo sa mga talata ng Biblia upang mapawalang-saysay ang tunay na kahulugan nito, napakapalad natin na ang ating Ama sa Langit, na sa tuwina ay nag-aalala tungkol sa espirituwal na kapakanan ng Kanyang mga anak, ay nagbigay sa atin ng isa pang aklat ng mga banal na kasulatan, na kilala bilang Aklat ni Mormon, upang ipagtanggol ang mga katotohanan ng Biblia na isinulat at sinambit ng mga propeta ayon sa utos ng Panginoon. . . .

". . . Sa pangalawang saksing ito ay malalaman natin nang may higit na katiyakan ang kahulugan ng mga turo ng mga propeta noong araw at, ang totoo, maging ng Panginoon at ng Kanyang mga disipulo noong nabubuhay sila at nagtuturo sa mga tao. Dapat nitong mahikayat ang lahat ng tunay na naghahanap ng katotohanan na pagsamahin ang dalawang sagradong banal na kasulatang ito at pag-aralan ang mga ito bilang isang aklat, na inuunawa, tulad ng ating ginagawa, ang kanilang tunay na pagkakaugnay."

**Pangulong Harold B. Lee (1899–1973), *Ye Are the Light of the World* (1974), 89, 91.**

## Karagdagang Pag-aaral

Ang tsart na ito ay hindi kumpletong listahan. Bilang bahagi ng inyong personal na pag-aaral ng mga banal na kasulatan o kasama ang inyong pamilya, maaari kayong magdagdag ng mga reperensya sa tsart na ito at magsaliksik ng mas marami pang alituntuning itinuro kapwa sa Aklat ni Mormon at sa Biblia gamit ang Topical Guide o Gabay sa mga Banal na Kasulatan at mga pantulong sa pag-aaral online sa scriptures.lds.org. ■

**TALA**

1. Russell M. Nelson, "Mga Saksi sa mga Banal na Kasulatan," *Liahona,* Nob. 2007, 43.



**Ni Elder D. Todd Christofferson**
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

# Paano Pag-aaralan

## ANG AKLAT NI MORMON

Dalawampu't limang taon na ang nakararaan, idinetalye ni Pangulong Ezra Taft Benson (1899–1994) ang "tatlong malalaking dahilan kung bakit dapat gawing habambuhay na hangarin ng mga Banal sa mga Huling Araw ang pag-aaral ng Aklat ni Mormon."[1] Narito ang mga dahilan:

- Una, ang Aklat ni Mormon ang saligang bato ng ating relihiyon—ang saligang bato ng ating pagsaksi kay Jesucristo, ng ating doktrina, at ng ating patotoo.
- Ikalawa, ang Aklat ni Mormon ay isinulat para sa ating panahon.
- Ikatlo, ang Aklat ni Mormon ay higit na naglalapit sa atin sa Diyos.

Ang mga dahilang ito sa pag-aaral ng Aklat ni Mormon ay nagmumungkahi rin ng ilang paraan para mapag-aralan natin ang natatanging banal na kasulatang ito.

### Ang Saligang Bato ng Ating Relihiyon

Yamang ang Aklat ni Mormon ang saligang bato ng ating pagsaksi kay Cristo at sa kaganapan ng Kanyang ebanghelyo, mahalaga sa ating pag-aaral na bigyan ng natatanging pansin ang maraming turo at patotoo ng Tagapagligtas na nakapaloob dito. Nagawa na ito ng ilan sa pamamagitan ng pagbili ng bago at murang kopya ng Aklat ni Mormon at pagmamarka sa lahat ng talatang tumutukoy o nagtuturo tungkol sa Tagapagligtas, sa Kanyang ministeryo, at Kanyang misyon. Naghahatid ito kapwa ng mas malalim na pagsaksi kay Jesus bilang Anak ng Diyos at ng panibagong pagpapahalaga sa Kanyang nagawa at patuloy na ginagawa para sa atin.

### Isinulat para sa Ating Panahon

Nang sumulat ang mga may-akda ng Aklat ni Mormon, nasa isip nila ang darating na mga henerasyon, lalo na ang mga huling araw. Sa pagpapaikli ng mga talaan ng mga Nephita, sinabi ni Mormon na hindi niya kayang isama maging "ang ika-isandaang bahagi man lamang" nito (tingnan sa 3 Nephi 5:8; tingnan din sa Salita ni Mormon 1:5). Sinabi ni Moroni, "Ako ay nangungusap sa inyo na parang kayo ay naririto, gayon pa man kayo ay wala rito. Ngunit masdan, ipinakita kayo sa akin ni Jesucristo, at nalalaman ko ang inyong mga ginagawa" (Mormon 8:35). Isinulat ng dalawang may-akdang ito at ng iba pa, ayon sa inspirasyon ng langit, kung ano ang may pinakamalaking pakinabang sa atin sa mga huling araw na ito.

Kung gayon ay dapat tayong mag-aral na iniisip ang mga tanong na ito: "Bakit ito isinama? Paano ito naaangkop ngayon at sa akin?" Halimbawa, napuna ni Pangulong Benson na sa Aklat ni Mormon nakikita natin ang huwaran sa paghahanda para sa Ikalawang Pagparito ng Tagapagligtas. Nalaman natin kung paano namuhay sa panahon ng digmaan, humarap sa pang-uusig at apostasiya, gumawa ng gawaing misyonero, at tumugon sa mga panganib ng materyalismo ang mga disipulo ni Cristo.[2] Tulad ng ginawa ni Nephi, kapag nag-aaral tayo, dapat nating "ihalintulad" ang mga banal na kasulatan sa ating sarili—ibig sabihin, sikaping tuklasin kung paano ipamuhay ang nabasa natin sa Aklat ni Mormon (tingnan sa 1 Nephi 19:23).



PAGLALARAWAN NI CRAIG DIMOND

## PATULOY NA MAG-ARAL UPANG PATULOY NA MATUTO

Noong una kong mabasa ang Aklat ni Mormon hindi pa ako miyembro. Ako'y 16 anyos noon, at binasa ko iyon sa loob ng isang linggo. Nang malapit na akong matapos sa pagbabasa, nakita ko ang isang talatang nagpatunay na kung ang isang simbahan ay kay Cristo, tataglayin nito ang Kanyang pangalan (tingnan sa 3 Nephi 27:8). Sa sandaling iyon dumaloy ang mga luha sa pisngi ko. Nalaman ko na ang Aklat ni Mormon ay totoo, at nagpasiya akong magpabinyag.

Matapos akong binyagan muli kong binasa ang aklat, ngunit sa pagkakataong ito ay nagdala ako ng highlighter at minarkahan ko ang mga talatang nagbigay-inspirasyon sa akin. Sa sumunod na mga pagbabasa gayon din ang ginawa ko, maliban sa sinulatan ko ang gilid ng minarkahang mga talata. Sumunod naman ay nagdagdag ako ng mga reperensya sa kaugnay na mga talata, sa Aklat ni Mormon man ito nagmula o sa ibang mga banal na kasulatan.

Pagkatapos, sa pagsisimula ng isang taon, bumili ako ng bagong kopya ng mga banal na kasulatan, dahil puro marka na ang dati kong kopya, lalo na matapos kong gamitin ito sa aking misyon at sa paghahanda ng maraming aralin. Sa pagkakataong ito ang pag-aaral at pagmamarka ko ay ayon sa paksa. Pumili ako ng tig-iisang kulay para sa partikular na mga paksa—halimbawa, kulay orange para sa pananampalataya, berde para sa pagsisisi, at iba pa.

Sa patuloy na pag-aaral ng Aklat ni Mormon gamit ang iba't ibang pamamaraang ito, nalaman ko na hindi sapat ang minsanang pagbabasa ng Aklat ni Mormon. Matututo tayo nang taludtod sa taludtod sa patuloy nating pag-aaral. Nalaman ko rin na kahit ilang beses na natin itong nabasa, laging may mga pagkakataong masasabi nating, "Bakit hindi ko iyon nakita noon? Naroon lang pala iyon."

Ang mga banal na kasulatan—lalo na ang Aklat ni Mormon—ay nagtuturo sa atin tungkol kay Jesucristo at sa ating Ama sa Langit. Higit akong napalapit sa Kanila dahil sa pag-aaral ng mga banal na kasulatan.

**Cristina Vergara Ramírez, Chile**

## Higit na Paglapit sa Diyos

Sa pagbanggit muli ng sinabi ni Pangulong Benson: "Hindi lamang itinuturo sa atin ng Aklat ni Mormon ang katotohanan, bagama't ito nga ang ginagawa nito. Hindi lamang nagpapatotoo ang Aklat ni Mormon tungkol kay Cristo, bagama't ito nga rin ang ginagawa nito. Mayroon pang iba. May kapangyarihan sa aklat na iyon na magsisimulang dumaloy sa inyong buhay sa sandaling simulan ninyong dibdibang pag-aralan ang aklat."[3]



### NAGPATOTOO ANG ISANG PROPETA

"Sinimulan kong basahin ang Aklat ni Mormon bago ako naging deacon, at binabasa ko na ito palagi mula noon, at alam kong ito ay totoo. . . .

". . . Sa tingin ko ang sinumang miyembro ng Simbahang ito ay hindi masisiyahan kailanman hangga't hindi pa niya nababasa ang Aklat ni Mormon nang paulit-ulit, at masinsinan itong pinag-isipan para mapatotohanan niya na ito talaga ay isang talaang may inspirasyon ng Maykapal, at na ang kasaysayan nito ay totoo."

**Pangulong Joseph Fielding Smith (1876–1972), sa Conference Report, Okt. 1961, 18.**

Tunay ngang ang pag-aaral ng Aklat ni Mormon ay nag-aanyaya sa Espiritu, at ang Espiritu ang daluyan ng paghahayag. Iminumungkahi nito na mag-isip tayong mabuti at magnilay-nilay kapag nag-aaral—magbulay-bulay, magdasal, at marahil ay magtala habang nagbabasa tayo. Inilalagay tayo nito sa isang kundisyon para tumanggap ng dagdag na liwanag at pang-unawa, kapwa tungkol sa pinag-aaralan natin at sa iba pang bagay. Kung minsan makabubuting basahin ang buong Aklat ni Mormon sa loob ng medyo maikling panahon para maunawaan ang daloy ng kuwento at mensahe nito. Ngunit karaniwan ay pinakamainam na maglaan ng sapat na oras bawat araw upang pag-aralan ang aklat kaysa magtakda ng bilang ng talata o pahina na babasahin sa isang araw.

## Mga Tulong sa Pag-aaral

Mapalad tayo ngayon na may nagagamit tayong mga pantulong sa pag-aaral natin ng Aklat ni Mormon. Ang ilan ay kasama na sa ating mga banal na kasulatan—ang Topical Guide, Bible Dictionary, at indeks sa mga banal na kasulatan sa wikang Ingles at ang Gabay sa mga Banal na Kasulatan sa iba pang wika. At ang mga edisyon ng mga banal na kasulatan ng mga Banal sa mga Huling Araw ay may maraming talababa at cross-reference sa bawat pahina.

Kabilang sa iba pang nakalimbag na mga tulong sa pag-aaral ang Sunday School Class Member Study Guide, Seminary Student Study Guide, at Institute Student Manual. Bago sa ating panahon ang dumaraming kagamitang elektroniko, na inilarawan sa sidebar sa pahina 31.

## Kasangkapan sa Pagbabalik-loob

Ang Aklat ni Mormon ay isang walang-katumbas na yaman at kasangkapan sa pagbabalik-loob na ipinlano at inilaan ng Panginoon para sa ating dispensasyon. Kinikilala ko ito bilang pundasyon ng sarili kong patotoo tungkol kay Jesucristo, sa pagtawag kay Joseph Smith bilang propeta, at sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw bilang "kaharian ng Panginoon na muling itinatag sa mundo."[4] Natutuwa akong makiisa sa patotoo ni Jesucristo na "yayamang ang inyong Panginoon at inyong Diyos ay buhay ito ay totoo" (D at T 17:6). Nawa'y palalimin ng habambuhay ninyong pag-aaral ng Aklat ni Mormon ang inyong pagbabalik-loob at akayin kayo sa tuwid na landas tungo sa buhay na walang-hanggan. ■

**MGA TALA**

1. Ezra Taft Benson, "The Book of Mormon—Keystone of Our Religion," *Ensign,* Nob. 1986, 5–7. Ang walang-kamatayang mensaheng ito ay muling inilimbag sa isyung ito sa mga pahina 52–58.
2. Tingnan sa Ezra Taft Benson, *Ensign,* Nob. 1986, 6–7.
3. Ezra Taft Benson, *Ensign,* Nob. 1986, 7.
4. Pambungad sa Aklat ni Mormon.

## ANG MGA BANAL NA KASULATAN SA INTERNET AT MGA MOBILE DEVICE

Bukod sa madaling magsaliksik batay sa mahalagang salita at mag-cross-reference, ang mga banal na kasulatan online (scriptures .lds.org) at mga mobile device (mobile.lds.org) ay may ilang bagong function na makakatulong sa inyong personal na pag-aaral:



***My Study Notebook (notebook.lds.org)***

*Ang online study notebook na ito ay nag-aalok ng marami sa mga dating kasangkapang maaaring nagamit na ninyo sa nakaugaliang paraan ng pag-aaral—pagmamarka, pagtatala, at pag-cross-reference, halimbawa—ngunit tinutulutan kayo nitong gamitin at i-save ang mga ito sa computer. Bukod pa rito, maaari ninyong "i-tag" o ikategoriya ang inyong mga tala at ang iba pang nilalaman nito kapag mayroon na nito. Dahil nag-log in kayo sa My Study Notebook sa inyong LDS account, ang mga pagbabago sa notebook ay nananatiling updated kahit maraming iba't ibang device ang gamitin ninyo para ma-access ito. Dahil sa mga kasangkapang ito ay makalilikha kayo ng sarili ninyong kakaibang topical archive para sa pag-aaral at pagtuturo ng ebanghelyo.*



***Scripture Formats and Languages (scriptures.lds.org)***

*Mayroon na ngayong electronic text at mga audio recording ng mga banal na kasulatan sa LDS.org at para sa mga mobile device sa maraming wika at ginagawa na sa iba pang mga wika.*

*Bukod sa pagbabasa at pakikinig online, maaari din ninyong i-download at gamitin ang audio, ePub, at PDF file offline. Sa pinakahuling online scriptures site ng Simbahan ay mas madali ring ibahagi ang mga talata at personal na mga tala sa iba sa pamamagitan ng e-mail at mga social media tool.*

*Ang mga banal na kasulatan sa LDS.org ay kasalukuyang makukuha sa 21 wika; ang mga mobile device application ay makukuha sa mga 10 wika, depende sa platform.*



***LDS Scripture Citation Index (scriptures.byu.edu)***

*Ang sangguniang ito, na ginawa sa Ingles ng dalawang guro sa Brigham Young University, ay nakakonekta sa mga talata ng banal na kasulatan na may mga pahayag mula sa mga makabagong propeta at apostol. Halimbawa, kunwari'y nais ninyong malaman kung sino ang nagbanggit ng 1 Nephi 3:7 sa pangkalahatang kumperensya. Mag-klik sa Book of Mormon link sa kaliwa ng screen at mag-scroll down sa 1 Nephi 3; doon ninyo makikita ang sagot.*



***General Conference Topics Index (conference.lds.org)***

*Isa pang sanggunian na tutulong sa inyong ikonekta ang pag-aaral ng banal na kasulatan sa salita ng mga buhay na propeta, ang conference.lds.org ay nagtatampok ng mga listahan ayon sa paksa para sa bawat pangkalahatang kumperensya. Halimbawa, kung pinag-aaralan ninyo ang Pagbabayad-sala sa mga banal na kasulatan, makakakita kayo ng limang mensaheng tumalakay sa paksang iyan sa kumperensya noong Abril 2011.*



# Panaginip ni Lehi

## PAGHAWAK NANG MAHIGPIT SA GABAY

*Ang pinakapangunahing tema ng Aklat ni Mormon—na anyayahan ang lahat na lumapit kay Cristo—ang pinakamahalaga sa pangitain ni Lehi.*



**Ni Elder David A. Bednar**
Ng Korum ng Labindalawang Apostol



*ANG PANAGINIP NI LEHI,* NI GREG OLSEN, HINDI MAAARING KOPYAHIN

Gustung-gusto ko ang Aklat ni Mormon. Ilan sa mga naaalala ko tungkol sa ebanghelyo na nangyari noong bata ako ay ang pagbabasa sa akin ng nanay ko mula sa *Book of Mormon Stories for Young Latter-day Saints,* ni Emma Marr Petersen. Sa mga karanasang iyon at sa patuloy na personal kong pag-aaral at pagdarasal, paulit-ulit na pinatotohanan ng Espiritu Santo sa aking kaluluwa na ang Aklat ni Mormon ay salita ng Diyos.

Pinatototohanan ko na ang Aklat ni Mormon ay isa pang tipan ni Jesucristo. Alam ko na isinalin ni Propetang Joseph Smith ang Aklat ni Mormon nang may at sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Diyos. At pinatototohanan ko na ang Aklat ni Mormon "ang pinakatumpak sa anumang aklat sa mundo, at ang saligang bato ng ating relihiyon, at ang isang tao ay malalapit sa Diyos sa pamamagitan ng pagsunod sa mga tuntunin nito, nang higit kaysa sa pamamagitan ng alin mang aklat."[1]

## Mahahalagang Simbolo sa Panaginip ni Lehi

Ang kahalagahan ng pagbabasa, pag-aaral, pagsasaliksik, at pagbubulay-bulay ng mga banal na kasulatan sa pangkalahatan at lalo na ng Aklat ni Mormon ay binigyang-diin sa ilang aspeto ng pangitain ni Lehi tungkol sa punungkahoy ng buhay (tingnan sa 1 Nephi 8).

Ang pinakatampok sa panaginip ni Lehi ay ang punungkahoy ng buhay—na paglalarawan ng "pag-ibig ng Diyos" (tingnan sa 1 Nephi 11:21–22). "Sapagka't gayon na lamang ang pagsinta ng Dios sa sanglibutan, na ibinigay niya ang kaniyang bugtong na Anak, upang ang sinomang sa kaniya'y sumampalataya ay huwag mapahamak, kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan" (Juan 3:16). Samakatwid, ang pagsilang, buhay, at nagbabayad-salang sakripisyo ng Panginoong Jesucristo ang pinakadakilang pagpapamalas ng pag-ibig ng Diyos sa Kanyang mga anak. Tulad ng patotoo ni Nephi, ang pag-ibig na ito ang



### NAGPATOTOO ANG ISANG PROPETA

"Pinatototohanan ko sa inyo na ang Aklat ni Mormon ay tunay na Salita ng Diyos, na ang ugnayan sa pagitan ng langit at lupa ay nabuksang muli, at na ang tunay na paraan ng Panginoon ay inihayag na sa mga tao sa lupa, na nagpapakita ng mga paraan kung paano matatanggap ang lahat ng kaalaman at pagpapalang kailangan ng bawat tunay na naniniwala kay Cristo."

**Pangulong David O. McKay (1873–1970), "Marks Pointing to Authenticity of Book of Mormon,"** ***Instructor,*** **Okt. 1952, 318.**

"pinakakanais-nais sa lahat ng bagay" at, tulad ng ipinahayag ng anghel sa kanyang pangitain, "labis na nakalulugod sa kaluluwa" (1 Nephi 11:22–23; tingnan din sa 1 Nephi 8:12, 15). Ang kabanata 11 ng 1 Nephi ay naglalahad ng detalyadong paglalarawan ng punungkahoy ng buhay bilang simbolo ng buhay, ministeryo, at sakripisyo ng Tagapagligtas—"ang pagpapakababa ng Diyos" (1 Nephi 11:16).

Ang bunga ng puno ay simbolo ng mga pagpapala ng Pagbabayad-sala. Ang pagkain ng bunga ay sumasagisag sa pagtanggap ng mga ordenansa at tipan upang maging lubos na mabisa sa ating buhay ang Pagbabayad-sala. Ang bunga ay inilarawang "kanais-nais upang makapagpaligaya sa tao" (1 Nephi 8:10) at nagdudulot ng malaking galak at ng hangarin na ibahagi ang kagalakang iyon sa iba.

Dahil dito, ang pinakapangunahing tema ng Aklat ni Mormon—ang anyayahan ang lahat na lumapit kay Cristo—ang pinakamahalaga sa pangitain ni Lehi. Kapansin-pansin ang gabay na bakal na patungo sa punungkahoy (tingnan sa 1 Nephi 8:19). Ang gabay na bakal ang salita ng Diyos.

### Pagkapit nang Mahigpit Bersus Patuloy na Paghawak nang Mahigpit sa Gabay

Nakakita si Amang Lehi ng apat na grupo ng mga tao sa kanyang pangitain. Tatlo sa mga grupo ang nagpatuloy sa paglakad sa makipot at makitid na landas sa hangaring marating ang punungkahoy at makakain ng bunga nito. Ang ikaapat na grupo ay hindi naghangad na makarating sa puno, kundi tuluyang nagpunta sa malaki at maluwang na gusali (tingnan sa 1 Nephi 8:31–33).

Sa 1 Nephi 8:21–23 nalaman natin ang tungkol sa unang grupo ng mga tao na nagpatuloy sa paglakad at tumahak sa landas tungo sa punungkahoy ng buhay. Gayunman, nang makaharap ng mga tao ang abu-abo ng kadiliman, na sumasagisag sa "mga tukso ng diyablo" (1 Nephi 12:17), naligaw sila ng landas, at nagpagala-gala, at nangawala o nangaligaw.

Pansinin na hindi binanggit sa mga talatang ito ang gabay na bakal. Ang mga hindi pumapansin o nagbabalewala sa salita ng Diyos ay hindi magkakaroon ng espirituwal na kompas na iyon na nagtuturo ng daan tungo sa Tagapagligtas. Isipin na tinahak ng grupong ito ang landas at nagpatuloy sa paglakad, na nagpapakita

PAGLALARAWAN NI DAVID STOKER

### HINDI SILA PINANSIN

Sa buong buhay ko, lumakas ang aking espirituwalidad sa mga salitang "hindi namin sila pinansin" (1 Nephi 8:33). Sa 1 Nephi hindi pinansin ng mga taong patungo sa punungkahoy ng buhay ang mga nanlalait. Nakaturo sa kanila ang mga mapanlibak na daliri, ngunit hindi sila pinanghinaan ng loob. Hindi sila nakinig. Gayundin, nakaririnig tayo ng maiingay at mapanuksong tinig ngayon. Kung minsan ay talagang napakahirap na hindi pansinin ang mga tinig na iyon, ngunit ipinakita ni Lehi na posible iyon.

Nalaman ko na maaari kong patahimikin ang mga makamundong tinig kapag nagpunta ako sa templo, nagbasa ng mga banal na kasulatan, nagsimba, at sumunod sa propeta. Kapag ginawa ko ang mga simpleng bagay na ito, naririnig ko ang tinig ng Espiritu Santo. Iyan ang tinig na nararapat pakinggan. At kapag pinakinggan ko ang tinig ng Espiritu, lalo akong lumalakas para madaig ang tukso.

Kapag sinundan natin ang halimbawa ni Lehi at "hindi . . . sila pinansin," makakaya nating manatili sa makipot at makitid na landas at patuloy na madarama ang pagmamahal ng Diyos.

**Melissa Heaton, Utah, USA**



ng pananampalataya kay Cristo at espirituwal na pananalig, ngunit natangay sila ng mga tukso ng diyablo at nangawala o nangaligaw.

Sa 1 Nephi 8:24–28 nabasa natin ang tungkol sa pangalawang grupo ng mga tao na tumahak sa makipot at makitid na landas patungo sa punungkahoy ng buhay. Ang grupong ito ay "nagpatuloy sa paglakad sa abu-abo ng kadiliman, mahigpit na nakakapit sa gabay na bakal, maging hanggang sa makalapit sila at makakain ng bunga ng punungkahoy" (talata 24). Gayunman, nang hamakin ng mga taong magagara ang damit at nasa malaki at maluwang na gusali ang pangalawang grupong ito ng mga tao, "sila ay nahiya" at "nangagsilayo sila patungo sa mga ipinagbabawal na landas at nangawala" (talata 28). Mapupuna ninyo na ang grupong ito ay inilarawang *"mahigpit na nakakapit* sa gabay na bakal" (1 Nephi 8:24; idinagdag ang pagbibigay-diin).

Makahulugan na ang pangalawang grupo ay patuloy na naglakad nang may pananampalataya at katapatan. Mayroon din sila ng dagdag na pagpapala ng gabay na bakal, at sila ay mahigpit na nakakapit dito! Gayunman, nang dumanas sila ng pang-uusig at panggigipit, nangapunta sila sa mga ipinagbabawal na landas at nangawala. Kahit may pananampalataya, katapatan, at salita ng Diyos, nawala pa rin ang grupong ito sa bandang huli—siguro dahil *paminsan-minsan* lang sila nagbasa *o* nag-aral *o* nagsaliksik ng mga banal na kasulatan. Ang pagkapit nang mahigpit sa gabay na bakal ay nagpapahiwatig sa akin ng paminsan-minsang "*kasiglahan"* sa pag-aaral o panaka-naka sa halip na ganap at patuloy na pagtutuon sa salita ng Diyos.

Sa talata 30 mababasa natin ang tungkol sa pangatlong grupo ng mga tao na nagpatuloy sa paglakad na "patuloy na humahawak nang mahigpit sa gabay na bakal, hanggang sa makarating sila at napatiluhod at makakain ng bunga ng punungkahoy." Ang pinakamahalagang kataga sa talatang ito ay *patuloy na humahawak nang mahigpit* sa gabay na bakal.

Ang pangatlong grupo ay nagpatuloy rin sa paglakad nang may pananampalataya at pananalig; gayunman, walang pahiwatig na sila ay nagpagala-gala, nangapunta sa mga ipinagbabawal na landas, o nawala. Marahil ang pangatlong grupong ito ng mga tao ay *palagiang* nagbasa *at* pinag-aralan *at* sinaliksik ang mga

***Bagama't may pananampalataya, katapatan, at salita ng Diyos, ang pangalawang grupong ito na patuloy na naglakad sa makipot at makitid na landas, na nakakapit nang mahigpit sa gabay na bakal, ay naligaw kalaunan—marahil ay dahil* paminsan-minsan *lang sila nagbasa* o *nag-aral* o *nagsaliksik ng mga banal na kasulatan.***



PAGLALARAWAN NI MATTHEW REIER

***Ang paghawak nang mahigpit sa gabay na bakal ay nangangailangan, nang husto, ng mapanalangin, palagian, at masigasig na paggamit ng mga banal na kasulatan bilang maaasahang gabay sa paglalakbay tungo sa punungkahoy ng buhay—maging sa Panginoong Jesucristo.***

banal na kasulatan. Siguro ang kasigasigan at katapatan sa tila "[maliit] at karaniwang [bagay]" (Alma 37:6) ang nagligtas sa pangatlong grupo sa kapahamakan. Marahil ang "kaalaman ng Panginoon" at "kaalaman ng katotohanan" (Alma 23:5, 6) na natamo sa pamamagitan ng matapat na pag-aaral ng mga banal na kasulatan ang nagdulot ng espirituwal na kaloob ng pagpapakumbaba—kaya ang grupong ito ng mga tao ay *"napatiluhod* at [kumain] ng bunga ng punungkahoy" (1 Nephi 8:30; idinagdag ang pagbibigay-diin). Marahil espirituwal na pagkain at lakas ang dahilan ng patuloy na "[p]agpapakabusog sa salita ni Cristo" (2 Nephi 31:20) kaya hindi pinakinggan ng grupong ito ang panlilibak at paghamak ng mga tao sa malaki at maluwang na gusali (tingnan sa 1 Nephi 8:33). Ito ang grupong dapat nating pagsikapang salihan.

Itinanong ng mga kapatid ni Nephi, "Ano ang kahulugan ng gabay na bakal na nakita ng ating ama, na patungo sa punungkahoy?

"At sinabi [ni Nephi] sa kanila na ito ang salita ng Diyos; at sinuman ang makikinig sa salita ng Diyos, at *mahigpit na kakapit dito,* kailanman sila ay hindi masasawi; ni ang mga tukso o nag-aapoy na sibat ng kaaway ay makapananaig sa kanila tungo sa pagkabulag, upang akayin sila sa pagkalipol" (1 Nephi 15:23–24; idinagdag ang pagbibigay-diin).

Kung gayon, ano ang kaibhan sa pagitan ng mahigpit na pagkapit at ng paghawak nang mahigpit sa gabay na bakal? Gusto kong imungkahi na ang paghawak nang mahigpit sa gabay na bakal ay nangangailangan, nang husto, ng mapanalangin, palagian, at masigasig na paggamit ng mga banal na kasulatan bilang tiyak na pinagmumulan ng inihayag na katotohanan at maaasahang gabay sa paglalakbay sa makipot at makitid na landas tungo sa punungkahoy ng buhay—maging sa Panginoong Jesucristo.

"At ito ay nangyari na, na namasdan ko na ang gabay na bakal, na nakita ng aking ama, ay salita ng Diyos, na nagbibigay-daan patungo sa bukal ng mga buhay na tubig, o sa punungkahoy ng buhay" (1 Nephi 11:25).

### Ang Aklat ni Mormon ay para sa Atin Ngayon

Ang Aklat ni Mormon ay naghahayag ng mga katotohanang makabuluhan at mahalaga sa ating panahon at mga sitwasyon. Ang espirituwal at praktikal na kabuluhan ng Aklat ni

Mormon sa ating buhay ay binigyang-diin ni Moroni: "Masdan, ako ay nangungusap sa inyo na parang kayo ay naririto, gayon pa man kayo ay wala rito. Ngunit masdan, ipinakita kayo sa akin ni Jesucristo, at nalalaman ko ang inyong mga ginagawa" (Mormon 8:35). Dahil nakita niya ang ating panahon at mga sitwasyon sa pamamagitan ng kaalaman ng Diyos sa simula pa lamang, ang mga pangunahing may-akda ng Aklat ni Mormon ay talagang nagsama ng mga paksa at halimbawang napakahalaga sa mga naninirahan sa mundo sa mga huling araw.

Pag-isipan sana ninyong mabuti at nang may panalangin ang sumusunod na tanong: **Anong mga aral ang maaari at dapat kong matutuhan sa pangitain ni Lehi tungkol sa punungkahoy ng buhay at sa alituntunin na *patuloy na humawak nang mahigpit* sa gabay na bakal para manatiling malakas ang aking espirituwalidad sa mundong kinaroroonan natin ngayon?**

Sa inyong kasigasigan at paghahangad ng inspirasyong masagot ang mahalagang tanong na ito, mas lubos ninyong mauunawaan sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo, sa inyong puso't isipan, ang kahalagahan ng *patuloy na paghawak nang mahigpit* sa gabay na bakal. At kayo ay pagpapalaing maipamuhay ang mga aral na iyon nang may pananalig at kasigasigan sa sarili ninyong buhay at sa inyong tahanan.

Nawa'y magkaroon tayong lahat ng mga matang makakakita at mga taingang makikinig sa karagdagang mga aral mula sa pangitain ni Lehi na tutulong sa atin na "magpatuloy sa paglakad nang may katatagan kay Cristo, na may ganap na kaliwanagan ng pag-asa, at pag-ibig sa Diyos at sa lahat ng tao. Samakatwid, kung kayo ay magpapatuloy, nagpapakabusog sa salita ni Cristo, at magtitiis hanggang wakas, masdan, ganito ang wika ng Ama: Kayo ay magkakaroon ng buhay na walang hanggan" (2 Nephi 31:20). ■

**TALA**

1. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith* (2007), 74.

## HUWAG MONG LISANIN ANG LANDAS NA ITO!

Ang kapatid ko ang unang nagsabi sa akin tungkol sa Simbahan, at nagustuhan ko ito nang husto kaya nagpabinyag ako.

Kahit hindi ako marunong bumasa, binubuklat ko ang Aklat ni Mormon at tinitingnan-tingnan ang nilalaman nito. Malaki ang hangarin kong basahin ang mga nakasaad doon. Napansin ng aking asawa, na hindi pa nabibinyagan noon, na nakaupo lamang ako roon at tinitingnan lang ang aklat, at sinabi niyang nagsasayang ako ng oras.


Sa hirap at tiyaga at sa tulong ng aking mga kapatid sa Relief Society at ng mga anak ko, sinubukan kong magbasa. Noon ko pa gustong basahin ang Aklat ni Mormon.

Sa isang napakahirap na sandali, na halos panghinaan na ako ng loob, malinaw kong narinig ang mga salitang ito: "Huwag mong lisanin ang landas na ito!" Tiningnan ko kung may tao sa paligid, pero wala naman.


Isang araw sinabi ko sa anak kong babae na unti-unti na akong nakakabasang mag-isa. Hindi siya naniwala at hiniling niyang ipakita ko ito sa kanya. Nang makapagbasa ako, tuwang-tuwa siya.

Gusto kong basahin ang Aklat ni Mormon mula sa simula hanggang wakas. Mabagal akong magbasa, pero nakakaunawa ako, at ang mas mahalaga, nadarama ko ang Espiritu sa pamamagitan ng napakagandang aklat na ito.

**Edite Feliciano de Paula, São Paulo, Brazil**



**Ni Elder Neil L. Andersen**
Ng Korum ng Labindalawang Apostol



ANG AKLAT NI MORMON:

# Nagpapalakas ng Ating Pananampalataya kay Jesucristo

*Inaanyayahan tayo at ang ating pamilya ng Aklat ni Mormon na manampalataya sa Panginoong Jesucristo, at ibinabahagi nito ang mga alituntuning tutulong sa ating mga pamilya na magtagumpay.*

Tinipon mula sa mga turo ng mga propeta sa loob ng ilang siglo, ang Aklat ni Mormon ay isinulat para sa darating na panahon kung kailan ihahanda ng panunumbalik ng mga susi ng priesthood, gayundin ng malaking pagtitipon ng sambahayan ni Israel, ang daigdig para sa pagbabalik ng Tagapagligtas sa mundo (tingnan sa 2 Nephi 25; 27; 3 Nephi 21). Inilarawan ni Nephi ang sagradong teksto na gaya "ng tinig ng isang sumisigaw mula sa alabok" (2 Nephi 33:13). Ipinahayag ni Moroni: "Masdan, ako ay nangungusap sa inyo na parang kayo ay naririto, gayon pa man kayo ay wala rito. Ngunit masdan, ipinakita kayo sa akin ni Jesucristo" (Mormon 8:35).

Ang Aklat ni Mormon ay isinulat para sa ating panahon at para sa susunod pang mga panahon. Tinatayang isang milyong kopya ng Aklat ni Mormon ang nailimbag sa loob ng unang 100 taon pagkatapos ng Panunumbalik. Kabilang dito ang 15 wika, na di-pangkaraniwang gawain. Nang sumunod na 50 taon (1930–80), mahigit 25 milyong kopya ang nailimbag sa 41 wika. Simula noon 30 taon na ang nakalilipas, karagdagang 125 milyong kopya ng Aklat ni Mormon ang inilimbag sa 107 wika, kabilang ang Mga Piling Bahagi mula sa Aklat ni Mormon. Ang impluwensya at epekto ng Aklat ni Mormon ay patuloy na mag-iibayo habang ipinalalaganap ang kaharian ng Diyos sa bawat bansa, lahi, wika, at mga tao.

Inihahayag ng pahina ng pamagat, na malamang na isinulat ni Moroni ang pangunahing mga layunin ng aklat. Ang unang layunin ay nauukol lalo na sa mga inapo ng mga anak ni Lehi. Ang huling layunin ay ang "[hikayatin ang lahat ng tao] na si Jesus ang Cristo, ang Diyos na Walang Hanggan" (pahina ng pamagat ng Aklat ni Mormon).

### Mahalaga sa Ating Panahon

Bakit magiging napakahalaga sa ating panahon ang isa pang tipan ni Jesucristo? Bakit naglabas ang Panginoon ng isa pang saksi upang palakasin ang makapangyarihang pahayag ng Biblia?

KAANYUAN *NI CRISTO*, NI HEINRICH HOFMANN, SA KAGANDAHANG-LOOB NG C. HARRISON CONROY CO.




*Sa mundo ngayon, ang mayabang na pakikipagtalo ni Korihor, na anti-Cristo, ang pinakikinggan ng mga tao. Ngunit ang pananampalataya kay Jesucristo, kapag matibay na nakaangkla sa ating kaluluwa, ay magdudulot ng tunay na pagbabalik-loob.*

Nabubuhay tayo sa panahon na walang katulad. Dahil sa mga nagagawa ng siyensiya ay nariyan ang pangangalagang pangkalusugan, transportasyon, kaginhawahan, at kaluwagan na hindi naisip ng mga naunang henerasyon. Ang mundo ay dinadagsa ng impormasyon at teknolohiya, pinag-ibayong gawain sa family history at pagbabahagi ng ebanghelyo ngunit mabilis din ang pagkalat ng pornograpiya, mararahas na video game, at iba pang "masasama at mga pakana na umiiral at iiral sa mga puso ng nagsasabwatang tao" (D at T 89:4). Sa kasaganaan ng mundo, nabubuhay tayo sa panahong matindi ang paghahangad sa materyal na bagay.

Kung hindi tayo mag-iingat, ang kalagayang ito ay maaaring makagambala o makahikayat sa atin na lumayo sa mga alituntuning walang-hanggan at totoo sa bawat henerasyon.

Nang magmisyon ako sa Europa noong mga unang bahagi ng 1970s, sinimulan namin sa pagpapaliwanag ng Apostasiya ang



**NAGPATOTOO ANG ISANG PROPETA**

"Lahat ng katalinuhan ng lahat ng tao sa ilalim ng langit ay hindi makalilikha at makapaglalahad sa daigdig ng aklat na tulad ng Aklat ni Mormon. Banal ang mga alituntunin nito—mula ito sa Diyos. Hindi ito kailanman manggagaling sa isipan ng isang manlilinlang, o mula sa isipan ng nobelista. Bakit? Sapagkat ang mga pangako at propesiya ng mga nilalaman nito ay natutupad sa paningin ng buong mundo."

**Pangulong Wilford Woodruff (1807–98), *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Wilford Woodruff* (2005), 131.**

karamihan sa aming pagtuturo dahil tanggap na ng lahat ang kabanalan o pagka-Diyos ni Jesucristo. Pagbalik ko bilang mission president pagkaraan ng 20 taon, nagbago ang tuon ng aming pagtuturo dahil ang paniniwala kay Jesucristo bilang Anak ng Diyos, na nag-alay ng Kanyang buhay para sa ating mga kasalanan at bumangon sa ikatlong araw, ay mabilis nang naglaho.

Sa mundo ngayon, ang mayabang na pakikipagtalo ni Korihor, na anti-Cristo, ang pinakikinggan ng mga tao:

"Bakit kayo umaasa sa isang Cristo? Sapagkat walang taong makaaalam ng ano mang bagay na darating.

"Masdan, ang mga bagay na ito na tinatawag ninyong mga propesiya . . . ay hangal na kaugalian ng inyong mga ama.

". . . Hindi ninyo maaaring malaman ang mga bagay na hindi ninyo nakikita. . . .

". . . Bawat tao ay umuunlad alinsunod sa kanyang [sariling] likas na talino, at . . . na[ka]gagapi alinsunod sa kanyang [sariling] lakas" (Alma 30:13–15, 17).

Kailangan natin ang sarili nating matibay at di-natitinag na pananampalataya sa Panginoong Jesucristo, at kailangan natin ng tulong sa pagpapalakas ng ating mga pamilya upang ang pananampalatayang ito ay dumaloy sa puso ng ating mga anak at apo. Ang pananampalataya kay Jesucristo, kapag matibay na nakaangkla sa ating kaluluwa, ay nagbubunga ng tunay na pagbabalik-loob, at kasunod nito ang pagsisisi, tapat na pagkadisipulo, mga himala, espirituwal na kaloob, at kabutihang tumatagal. Ito ay mahalagang bahagi ng banal na misyon ng Aklat ni Mormon.

Noong bata pa akong misyonero, naranasan ko ang lubos na nakawiwiling pakikipagtalakayan sa isang pastor. Sinabi niya sa amin na hindi niya matatanggap ang Aklat ni Mormon dahil hayagan itong nagbabanggit ng tungkol kay Jesucristo, ginagamit ang Kanyang pangalan at mga pangyayari sa Kanyang buhay daan-daang taon pa bago ang Kanyang pagsilang. Para sa kanya ang malinaw na pahayag na ito ay katangiang hindi makikita sa Lumang Tipan na tinutukoy ang Tagapagligtas sa mas hindi kapansin-pansing paraan.

Para sa akin ang hayagang pagpapahayag tungkol kay Jesucristo ang mismong kapangyarihan ng Aklat ni Mormon. Mangyari pa, kailangan nating tumanggap ng espirituwal na pagsaksi na ang aklat ay sa Diyos. Ngunit kapag nakamtan ito, ang mga layunin ni Cristo, ang katotohanan ng Kanyang buhay at Pagkabuhay na Mag-uli, at ang malinaw na kailangan upang makasunod sa Kanya at magkaroon ng buhay na walang-hanggan sa Kanyang piling ay napakalinaw na ipakikita sa atin.

*HINARAP NI KORIHOR SI ALMA*, NI ROBERT T. BARRETT


## LAHAT NANG DAHIL SA AKLAT NI MORMON

Anim na buwan na noon mula nang mabinyagan ako, at wala akong matatag na patotoo sa Aklat ni Mormon. Isang araw nang ayokong magbasa ng mga banal na kasulatan, naalala ko ang sinabi ng aking teacher sa Mga Alituntunin ng Ebanghelyo, na nagsabing, "Kapag hindi mo gustong magbasa, iyon ay dahil sa ayaw ni Satanas na basahin mo ang mga banal na kasulatan." Dahil sa babalang iyon, binuklat ko ang Aklat ni Mormon. Nabasa ko, "Sino ang makapag-aakala na ang ating Diyos ay magiging napakamaawain upang agawin tayo mula sa ating kakila-kilabot, makasalanan, at maruming kalagayan?" (Alma 26:17). Matinding galak ang naramdaman ko sa mga salitang iyon dahil naalala ko ang kalagayan ko bago ako naging miyembro ng tunay na Simbahan ni Jesucristo. Ang Espiritu ng Panginoon ay nagpatotoo sa aking puso hinggil sa katotohanan ng Aklat ni Mormon.


Hindi ko gustong maging full-time missionary, ngunit pagkatapos ng araw na iyon ang lahat ay nagbago. Damang-dama ko na kailangang malaman ng daigdig ang katotohanan, at sinimulan kong ihanda ang aking sarili. Lumapit ako sa mga lider ko at sinabi sa kanila na nais kong maglingkod. Nagpaliwanag ako sa mga magulang ko, na nakatira sa ibang lungsod at hindi mga miyembro ng Simbahan. Pagkatapos ay ipinagbili ko ang lahat ng mayroon ako at bumili ng mga damit para sa aking misyon. Dahil doon nakapagmisyon ako mula 2003 hanggang 2005.

Ngayon, ang pamilya ko—kabilang ang asawa ko't aming anak na babae—ay nabuklod na sa kawalang-hanggan. Ang pagpapalang ito ay dahil na rin sa patotoo ko sa Aklat ni Mormon. Alam kong totoo ang Aklat ni Mormon, dahil nagpapatotoo ito sa Panginoong Jesucristo, at napapalapit ako sa Diyos kapag binabasa ko ang sagradong talaang ito.

**Adilson Lucero dos Santos, Paraná, Brazil**




*Pangitain ni Nephi*



*Patotoo ni Lehi*



*Sermon ni Haring Benjamin*



*Patotoo ni Abinadi*

*Ang pagbabasa at pagninilay sa mga dakilang mensahe tungkol kay Jesucristo sa Aklat ni Mormon ay nagdudulot ng tiyak na pagsaksi sa katotohanan ng mga ito.*

**Ang Patotoo ni Jesucristo**

Kapag sinamahan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo, ang pagbabasa at pagninilay sa mga dakilang mensahe tungkol kay Jesucristo sa Aklat ni Mormon ay magdudulot ng tiyak na pagsaksi sa katotohanan ng mga ito. Gustung-gusto kong binabasa ang Aklat ni Mormon na nagpapakabusog sa makapangyarihang mga doktrina ni Cristo: ang pangitain ni Nephi tungkol sa punongkahoy ng buhay, at ang tanong ng anghel, "Nalalaman mo ba ang pagpapakababa ng Diyos?" (1 Nephi 11:16); ang patotoo ni Lehi na "ang pagtubos ay darating sa at sa pamamagitan ng Banal na Mesiyas; sapagkat siya ay puspos ng biyaya at katotohanan" (2 Nephi 2:6); ang dagdag na patotoo ni Jacob na Siya "ang tanod ng pasukan; at wala siyang inuupahang tagapaglingkod doon" (2 Nephi 9:41).

Pagkatapos ay makakarating tayo sa itinuturo sa atin ni Haring Benjamin tungkol sa mga katangian ng pagiging disipulo, taglay ang kanyang di-nagmamaliw na pahayag na "walang ibang pangalang ibinigay, o anumang daan, o paraan kung saan ang kaligtasan ay mapapasa mga anak ng tao, tanging kay at sa pamamagitan lamang ng pangalan ni Cristo" (Mosias 3:17).

Di magtatagal naroon na tayo kay Abinadi, na magbubuwis ng kanyang buhay para sa kanyang pinaniniwalaan:

"Subalit may pagkabuhay na mag-uli, samakatwid, hindi nagtagumpay ang libingan, at ang tibo ng kamatayan ay nalulon kay Cristo.

"Siya ang ilaw at ang buhay ng daigdig; oo, isang ilaw na walang hanggan, na hindi maaaring magdilim" (Mosias 16:8–9).


Hatid naman ni Alma ang magagandang doktrina ng Pagbabayad-sala, katarungan, at awa sa buhay: "Ang plano ng awa ay hindi magkakaroon ng kaganapan maliban sa pagsasagawa ng pagbabayad-sala; kaya nga, ang Diyos na rin ang magbabayad-sala para sa mga kasalanan ng sanlibutan, upang maisakatuparan ang plano ng awa, upang tugunin ang hinihingi ng katarungan, at nang sa gayon, ang Diyos ay maging isang ganap, makatarungang Diyos, at isa ring maawaing Diyos" (Alma 42:15).

Pagkatapos ay mababasa natin ang kagila-gilalas na pagpunta ng Tagapagligtas sa mga anak ni Lehi. Nadarama din natin ang Kanyang pagmamahal, pagkahabag, mga turo, at Kanyang sariling patotoo:


"Ito ang ebanghelyo na aking ibinigay sa inyo—na ako ay pumarito sa daigdig upang gawin ang kalooban ng aking Ama, sapagkat isinugo ako ng aking Ama. . . .

"At isinugo ako ng aking Ama upang ako ay ipako sa krus . . . upang mahikayat ko ang lahat ng tao na lumapit sa akin, at katulad ng pagtataas sa akin ng mga tao gayundin ang mga tao ay ibabangon ng aking Ama, upang tumayo sa harapan ko, upang hatulan sa kanilang mga gawa, kung ang mga yaon ay mabuti o kung ang mga yaon ay masama" (3 Nephi 27:13–14).

At sa wakas ang huling pakiusap nina Mormon at Moroni: "Alamin ninyo na kinakailangan kayong . . . magsisi ng lahat ng inyong mga kasalanan at kasamaan, at maniwala kay Jesucristo, na siya ang Anak ng Diyos" (Mormon 7:5). "Oo, lumapit kay Cristo, at maging ganap sa kanya, at pagkaitan ang inyong sarili ng lahat ng kasamaan; at kung inyong pagkakaitan ang sarili ng lahat ng kasamaan, at iibigin ang Diyos nang buo ninyong kakayahan, pag-iisip at lakas, kung magkagayon ang kanyang biyaya ay sapat sa inyo, upang



***Pagpapakita ni Jesucristo***



***Mga huling pakiusap nina Mormon at Moroni***

sa pamamagitan ng kanyang biyaya kayo ay maging ganap kay Cristo" (Moroni 10:32).

### Nakapaloob sa mga Pamilya

Ang nakaaantig sa espiritu at nakahihikayat na patotoong ito na si Jesucristo ang tunay na ipinangakong Mesiyas—ang hinirang na Anak na Diyos, na isinugo sa lupa upang isakatuparan ang pagkabuhay na mag-uli ng lahat ng tao at ang espirituwal na paglilinis sa mga magsisisi at susunod sa Kanya—ay nakapaloob sa kasaysayan ng mga pamilya.

Ang Aklat ni Mormon ay nagsimula sa isang pamilya, isang ama at ina, mga anak na lalaki at babae na nakikinig sa paghahayag ng kanilang propetang-ama na iwan ang kanilang makamundong pag-aari at sundin ang payo ng Panginoon. Ang mga tala sa aklat ay puno ng mga magulang na naghahangad na maituro sa kanilang mga anak ang pangako at pag-asa kay Jesucristo. Minsan ay kumuha ako mula sa mga pahina nito ng partikular na payo ng mga ama sa mga anak na lalaki—ito ay may kabuuang 52 na naka-type na mga pahina. Sa Aklat ni Mormon, nakikita natin kung paano itinuro ng mga magulang ang pananampalataya kay Cristo at pagsunod sa mga kautusan ng Diyos kapwa sa mga anak na masunurin mula sa kanilang pagkabata at sa mga anak na kailangang akayin sa tamang landas—kung minsan sa pamilya ring iyon. Ito ay aral para sa ating panahon, para sa ating mga anak, para sa ating mga pamilya.

Ang papel ng kababaihan at mga anak na babae ay hindi nabanggit, na karaniwan sa mga sinaunang tala. Ngunit kung titingnan nating mabuti, makikita natin ang kanilang walang-hanggang impluwensya. Pinahahalagahan natin ang mga bahaging bumabanggit sa kababaihan at mga ina, gaya ng paglalarawan sa kanilang damdamin na "labis na mapagmahal at dalisay at maselan sa harapan ng Diyos" (Jacob 2:7) o nang ilarawan ni Helaman ang kabutihan ng kanyang mga kabataang mandirigma na naimpluwensyahan ng kanilang mabubuting ina:

"Sinunod nila at tinupad gawin ang bawat salita ng pag-uutos nang may kahustuhan; oo, at maging alinsunod sa

*PANGITAIN NI NEPHI*, NI CLARK KELLEY PRICE; DETALYE MULA SA *LIAHONA*, NI ARNOLD FRIBERG © 1951 IRI; *SERMON NI HARING BENJAMIN*, NI JEREMY WINBORG, HINDI MAAARING KOPYAHIN; DETALYE MULA SA *HUMARAP SI ABINADI KAY HARING NOE*, NI ARNOLD FRIBERG © 1951; *NA LAGI NINYO AKONG AALALAHANIN*, NI GARY KAPP © 1998, HINDI MAAARING KOPYAHIN; *NAGPAALAM SI MORMON SA ISANG DATING DAKILANG BANSA*, NI ARNOLD FRIBERG © 1951 IRI

### DALAWANG AKLAT, ISANG PAMILYANG WALANG-HANGGAN

Pauwi na ang asawa ko nang makita niya ang isang bag sa kalye. Nagulat siya nang makita sa loob nito ang isang kopya ng Aklat ni Mormon. Iniuwi niya ito at ipinakita sa akin. Binasa niya ito sandali, nakitang nakawiwiling basahin ito, ngunit kalaunan ay itinabi na ito.

Hindi nagtagal pagkaraan niyon, siya ay namatay. Nagpunta ako sa iba't ibang simbahan na naghahanap ng kapanatagan at gusto kong malaman kung mayroon nga bang kabilang-buhay. Puno ako ng pag-aalinlangan, at marami akong mga tanong na hindi nasasagot.

Pagkatapos habang papunta ako sa trabaho, nakita ko sa bangketa ang isang aklat na nakilala ko—ang Aklat ni Mormon. Kinuha ko ito dahil nang makita ko ito ay nagbalik ang mga alaala ng mahal kong asawa. Binanggit ko ang pagkuha ko sa aklat sa isang tao na nagmungkahing basahin ko ito.

Lumipas ang mga araw, at isang gabi ay binisita ko ang kapatid kong babae, na isang Banal sa mga Huling Araw. Naroon ang mga full-time missionary, at kinanta nila ang himnong "Ako ay Anak ng Diyos." Noon din ay nalaman kong masasagot ng mga misyonero ang mga katanungan ko.

Matapos ituro sa akin ang mga talakayan at nagkaroon ng patotoo, ako ay nabinyagan. Ngayon ay nakapagpapatotoo ako nang buong katiyakan na nakita ni Joseph Smith ang Ama at ang Kanyang Anak na si Jesucristo.

Naniniwala ako na hindi nagkataon lamang na natagpuan naming mag-asawa ang Aklat ni Mormon. Bagamat hindi nabinyagan ang asawa ko noong nabubuhay pa siya, maligaya ako na, dahil sa mga ordenansa sa templo, kami at ang dalawa naming minamahal na anak ay maaaring magkasama bilang isang pamilya sa buong kawalang-hanggan. Pinagsama kami ng Aklat ni Mormon at nagdulot ito ng kapayapaan sa aming kaluluwa.

**María Mash, Guatemala**

*Ang mga tala sa Aklat ni Mormon ay puno ng mga magulang na naghahangad na maituro sa kanilang mga anak ang pangako at pag-asang mula kay Jesucristo.*



kanilang pananampalataya ay nangyari sa kanila; at natatandaan ko ang mga salitang sinabi nila sa akin na sila ay tinuruan ng kanilang mga ina. . . .

"Ngayon, ito ang pananampalataya nila na mga tinutukoy ko; sila ay mga bata, at ang kanilang pag-iisip ay di matinag, at patuloy nilang ibinibigay ang kanilang tiwala sa Diyos. . . .

". . . Sila ay tinuruan ng kanilang mga ina, na kung hindi sila mag-aalinlangan, sila ay ililigtas ng Diyos.

"At inilahad nila sa akin ang mga salita ng kanilang mga ina, sinasabing: Hindi kami nag-aalinlangan, nalalaman ito ng aming mga ina" (Alma 57:21, 27; 56:47–48).

Inaanyayahan ko kayong pagnilayin ang mga tanong na ito upang tulungan kayong ihalintulad ang mga turo ng Aklat ni Mormon sa inyong pamilya:

- Anong mga talata sa Aklat ni Mormon ang nagtuturo sa atin na kailangang makita ng mga bata ang integridad at kabutihan sa pananampalataya ng kanilang mga magulang?
- Ano ang payong ibinigay ng mga ama sa Aklat ni Mormon sa kanilang mga anak na lalaki na maaari nating ibahagi sa ating mga anak?
- Ano ang natututuhan natin tungkol sa pagtitiyaga natin sa mga anak na hindi masunurin?
- Paano ibinabahagi ng mga magulang sa Aklat ni Mormon ang kanilang malalim na pananampalataya sa kanilang mga anak?
- Ano ang natututuhan natin tungkol sa pananampalataya na nagpasalin-salin sa bawat henerasyon?

Wala nang mas mahalaga pang ibahagi sa iba maliban sa pananampalataya sa Panginoong Jesucristo. Hatid nito ay pagkaunawa sa mga pagsubok sa buhay na ito, kaligayahan sa gitna ng kahirapan, at buhay na walang-hanggan sa mundong darating.

Maraming makamundong impluwensya ang humahatak sa atin at sa ating mga pamilya palayo sa pinakamahalagang pananampalatayang ito. Inaanyayahan tayo at ang ating pamilya ng Aklat ni Mormon na manampalataya sa Panginoong Jesucristo, at ibinabahagi nito ang mga alituntuning tutulong sa ating mga pamilya na magtagumpay.

Nagpapatotoo ako na ang Aklat ni Mormon ay totoo at sa katunayan ito ay ibinigay kay Propetang Joseph Smith ng anghel na si Moroni, sa utos ng Panginoong Jesucristo. Ito ay para sa ating panahon, para sa ating mga anak at mga apo. Sa araw-araw nating pagbabasa nito nang may pananampalataya, ipinapangako ko na ang Espiritu ng Panginoon ay mapapasaatin at ang ating mga pamilya ay pagpapalain magpakailanman. ■

*SI LEHI AT ANG KANYANG MGA TAO AY DUMATING SA LUPANG PANGAKO, NI ARNOLD FRIBERG*

### MGA PANGYAYARI NOONG UNANG PANAHON, MAISASABUHAY SA MAKABAGONG PANAHON

Palagi akong nakahahanap ng sagot sa Aklat ni Mormon. Marami akong natututuhan sa pag-aaral nito, at nadarama kong nagiging mabuti ang aking pagbabago.

Kamakailan lang ay iniisip ko kung ano ang gagawin ko ngayong malalaki na ang anim naming anak. Inisip ko kung ano ang nais ipagawa sa akin ng Ama sa Langit.

Sa regular kong pag-aaral ng banal na kasulatan, nabasa ko ang isa sa mga kuwento ng digmaan sa Aklat ni Mormon. Nagulat ako sa panawagan ni Moroni na ipagtanggol, higit sa lahat, ang mga pamilya (tingnan sa Alma 46:12). Determinado ang mga Nephita na protektahan ang kanilang mga pamilya. Habang binabasa ko ang kuwentong iyon, nagpasiya ako na kahit anong mangyari, gusto kong gayundin ang gawin ko sa buhay, ang ipagtanggol ang pamilya. Iyon ay personal at nakaaantig na karanasan.

Alam ko na ang Aklat ni Mormon ay isinulat para sa ating panahon. Nagpapasalamat ako na maaari akong sumangguni sa aklat na ito para magabayan ang aking buhay; ito ay tunay na gabay na bakal (tingnan sa 1 Nephi 8).

**Eun Jung, Korea**

# Kung Hindi Tayo Nag-aalinlangan

*Pag-aralan ang materyal na ito at, kung angkop, talakayin ito sa kababaihang dadalawin ninyo. Gamitin ang mga tanong upang tulungan kayong patatagin ang kababaihan sa inyong lugar at gawing aktibong bahagi ng inyong buhay ang Relief Society.*

**Pananampalataya • Pamilya • Kapanatagan**

Sa Aklat ni Mormon mababasa natin ang tungkol sa mga ulirang kabataang lalaki na lubhang magigiting, matatapang, at matatatag. "Oo, sila'y mga lalaki ng katotohanan at maunawain, sapagkat sila ay naturuang sumunod sa mga kautusan ng Diyos at lumakad nang matwid sa kanyang harapan" (Alma 53:21). Pinuri ng matatapat na kabataang lalaking ito ang kanilang mga ina—na kanilang mga halimbawa at guro.

Ang mga ina ng mga mandirigma ni Helaman ay nabuhay sa mga panahong hindi naiiba sa atin. Mahirap at mapanganib ang kanilang kalagayan, at ang mga kabataan ay tinawag upang ipagtanggol ang pisikal at espirituwal na kalayaan. Ngayon ay nabubuhay tayo sa isang mundo kung saan tayo ay "[nakikibaka] hindi laban sa laman at dugo, kundi laban sa mga pamunuan, laban sa mga kapangyarihan, laban sa mga namamahala ng kadilimang ito sa sanglibutan, laban sa mga ukol sa espiritu ng kasamaan sa mga dakong kaitaasan" (Mga Taga Efeso 6:12).

Sa mga panahong puno ng hamon ay kailangan ang matatag na mga magulang at halimbawa na nagtuturo ng katotohanang batid ng mga mandirigma ni Helaman: "Kung hindi sila mag-aalinlangan, sila ay ililigtas ng Diyos" (Alma 56:47). Ang pagtuturo at pagpapakita ng halimbawa ng katotohanang ito ngayon ay nangangailangan ng pag-iingat. Gayunman, hindi tayo dapat matakot. Kapag alam natin kung sino tayo at sino ang Diyos at nakipagtipan tayo sa Kanya, tayo—tulad ng mga inang ito ng mga mandirigma—ay magkakaroon ng malaking impluwensya sa kabutihan.

Malamang, bawat isa sa 2,060 mandirigma ni Helaman ay naimpluwensyahan ng isang ina. Ngunit ang mga inang ito ay hindi mag-isang kumilos. Kasama ang iba pang mabubuting lalaki at babae, pinagkaisa ng mga inang ito ang kanilang pananampalataya at halimbawa para ituro ang kapangyarihan ng mga tipan. Naunawaan ng mga kabataan sa panahong ito ang tipan na ginawa ng kanilang mga magulang na huwag makidigma. At kahit tila imposible, nagbukas ng daan ang isang mapagmahal na Ama sa Langit para matupad ng mga magulang na ito ang kanilang tipan—at mapangalagaan ang kanilang kalayaan (tingnan sa Alma 56:5–9). Dapat din nating igalang ang ating mga tipan para ang mga bata at kabataan—ang sarili nating mga anak at ang nasa ating mga ward, branch, sambayanan, at komunidad—ay maunawaan at maigalang ang pagtupad sa mga tipan.

Kapag iginalang natin ang ating mga tipan, maihahanda ng Ama sa Langit ang daan para sa atin. Kailangan nating ipamuhay nang lubusan ang ating mga tipan. Halimbawa, magagawa natin na taimtim na magdasal, palaging mag-aral ng mga banal na kasulatan, magkaroon ng current temple recommend, magdamit nang disente, igalang ang araw ng Sabbath. Kapag ginawa natin ito, malalaman at masasabi ng ating mga anak, "Hindi kami nag-aalinlangan, nalalaman ito ng aming mga ina" (Alma 56:48).

Ang mga babaeng Banal sa mga Huling Araw na nakauunawa na nagmumula ang kanilang lakas sa Pagbabayad-sala ng Panginoon ay hindi sumusuko sa mahihirap at nakapanlulumong panahon. Bilang mga taong tumutupad sa tipan, tayo ay nangunguna sa pagsuporta, pangangalaga, at pagprotekta sa mga bata at kabataan upang balang-araw ay masabi natin sa susunod na henerasyon na ito, "Hindi pa ako nakakikita ng labis na katapangan, hindi pa, ni sa lahat" (Alma 56:45). ■

***Julie B. Beck, Relief Society general president.***

## *Ano ang Magagawa Ko?*

**1.** Paano ko matutulungan ang aking mga kapatid na kilalanin at kumilos ayon sa kakayahan nilang impluwensyahan ang susunod na henerasyon?

**2.** Anong inspirasyon ang matatagpuan ko sa Aklat ni Mormon para malutas ang mga problema ko ngayon?

Para sa iba pang impormasyon, magpunta sa www.reliefsociety.lds.org.

## *Mula sa mga Banal na Kasulatan*

Alma 53; 56–58



PAGLALARAWAN NI ROBERT CASEY

# DALAWANG LIBONG BINATANG MGA MANDIRIGMA


Mga titik ni Bonnie Hart Murray
Himig ni Janice Kapp Perry




© 2009 nina Bonnie Hart Murray at Janice Kapp Perry. Lahat ng karapatan ay nakalaan.
Ang awiting ito ay maaaring kopyahin para sa insidental, di-pangkalakal na gamit sa simbahan o tahanan. Ang paunawang ito ay kailangang isama sa bawat kopyang gagawin.

Alma 53; 56–57


# Mga Turo para sa Ating Panahon



### Inaalala Tayo ng Panginoon

"Naaalala ko ang mga salita ng Panginoon na matatagpuan sa aklat ni Eter sa Aklat ni Mormon. Sabi ng Panginoon, 'Hindi kayo maaaring tumawid sa malawak na kailalimang ito maliban lamang kung ihahanda ko kayo laban sa mga alon ng dagat, at sa mga hanging umiihip, at sa mga bahang darating" [Eter 2:25]. Mga kapatid ko, inihanda Niya tayo. Kung diringgin natin ang Kanyang mga salita at ipamumuhay ang mga utos, maliligtasan natin ang panahong ito ng kapabayaan at kasamaan—isang panahong maihahambing sa mga alon at hangin at bahang makapipinsala. Lagi Niya tayong inaalala. Mahal Niya tayo at pagpapalain tayo kung gagawin natin ang tama."

**Pangulong Thomas S. Monson, "Pangwakas na Pananalita," *Liahona,* Nob. 2009, 109.**



### Si Jesus ang Cristo

"Ang Aklat ni Mormon ang pinakamakapangyarihang nakasulat na patotoo na nasa atin na si Jesus ang Cristo. Ano ayon kay Nephi ang batayan ng pagtanggap ng Espiritu Santo? Pananampalataya sa Panginoong Jesucristo. Ang pagbabasa ba ng Aklat ni Mormon paminsan-minsan ay tumitiyak ng pananampalataya sa Panginoong Jesucristo? Hindi ninyo iisiping sapat na ito kung babasahin ninyong mabuti ang Nephi. Sabi niya ito ang 'siyang kaloob . . . sa lahat ng yaong masisigasig na humahanap sa kanya.' Tiyak na ibig sabihin ng masisigasig dito ay regular. At tiyak na ibig sabihin nito ay pagbubulay-bulay at pagdarasal. At ang pagdarasal ay tiyak na may kasamang taos na pagsamong malaman ang katotohanan. Anumang hindi ganito ay hindi kasigasigan. At anumang hindi ganito ay hindi sapat para sa inyo at sa akin."

**Pangulong Henry B. Eyring, Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan, "Going Home," sa *Brigham Young University 1986–87 Devotional and Fireside Speeches* (1987), 77–78.**



### Isang Pagpapahayag ng Ebanghelyo

"Ang mga sentrong sangkap ng mensahe ng ebanghelyo ay matatagpuan sa lahat ng banal na kasulatan ngunit pinakamalinaw itong ibinigay sa atin sa Aklat ni Mormon at sa mga paghahayag kay Propetang Joseph Smith. Dito malinaw na ipinahayag ni Jesus Mismo ang kanyang doktrina at Kanyang ebanghelyo, na dapat sundin ng mga anak ng Diyos upang 'mag[karoon] ng buhay na walang hanggan' (D at T 14:7)."

**Pangulong Dieter F. Uchtdorf, Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan, "Hindi Ba't May Dahilan Upang Tayo ay Magsaya?" *Liahona,* Nob. 2007, 19.**

Natutuhan natin mula sa mga sinaunang propeta na ang Aklat ni Mormon ay naglalaman ng maraming "malilinaw at mahahalagang bagay" na iningatan para turuan tayo sa ating panahon (tingnan sa 1 Nephi 13:40; 19:3). Ang mga katotohanang ito ay nagbibigay-linaw at nagpapaibayo ng pang-unawa sa kabuuan ng ebanghelyo ni Jesucristo at tinutulungan ang mga estudyante ng Aklat ni Mormon na harapin ang mga hamon sa buhay nang may pag-asa at katatagan. Sa kasunod na mga sipi, pinatotohanan ng mga makabagong propeta at apostol ang mahahalagang turong ito.



### Pagbibinyag sa Maliliit na Bata

"[Naniniwala ang ilang tao] na ang maliliit na bata ay ipinagdalantao sa kasalanan at isinilang sa mundo na likas na makasalanan. Walang katotohanan ang doktrinang iyan!

"'Kung nalaman ko ang katotohanan,' pagsulat ni Mormon, 'na nagkaroon ng mga pagtatalo sa inyo hinggil sa pagbibinyag sa maliliit na anak ninyo' (Moroni 8:5).

"Tinawag niyang 'malaking kamalian' ang kanilang pagtatalo at isinulat: . . .

"'Makinig sa mga salita ni Cristo, na iyong Manunubos, na iyong Panginoon at iyong Diyos. Masdan, ako ay pumarito sa daigdig hindi upang tawagin ang mabubuti kundi ang mga makasalanan sa pagsisisi; ang mga walang sakit ay hindi nangangailangan ng manggagamot, kundi sila na maykaramdaman; kaya nga, ang maliliit na bata ay buo, sapagkat wala silang kakayahang gumawa ng kasalanan; dahil dito, ang sumpa kay Adan ay kinuha mula sa kanila dahil sa akin, kung kaya't iyon ay walang kapangyarihan sa kanila; . . .

"'At sa ganitong pamamaraan ipinaalam ng Espiritu Santo ang salita ng Diyos sa akin; dahil dito, minamahal kong anak, alam ko na isang malubhang pangungutya sa harapan ng Diyos, na inyong binyagan ang maliliit na bata' (Moroni 8:7–9). . . .

"Basahin ang kanyang buong sulat. Ito ay totoong doktrina."

**Pangulong Boyd K. Packer, Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Little Children," *Ensign*, Nob. 1986, 17.**



### Mga Babala mula sa Aklat ni Mormon

"Kasama sa mga aral na natutuhan natin sa Aklat ni Mormon ang dahilan at epekto ng digmaan at ang mga kundisyong nagbigay-katarungan dito. Binabanggit dito ang mga kasamaan at panganib ng mga lihim na sabwatan, na itinatag para magkamit ng kapangyarihan at makalamang sa mga tao. Binabanggit dito ang katotohanan [na totoo si] Satanas at nagpapahiwatig ng ilan sa mga paraang ginagamit niya. Pinapayuhan tayo rito tungkol sa wastong paggamit ng kayamanan. Narito ang malilinaw at mahahalagang katotohanan ng ebanghelyo at ang katunayan at kabanalan ni Jesucristo at ng Kanyang nagbabayad-salang sakripisyo para sa buong sangkatauhan. Ipinaaalam nito sa atin ang pagtitipon ng sambahayan ni Israel sa mga huling araw. Sinasabi sa atin dito ang layunin at mga alituntunin ng gawaing misyonero. Binabalaan tayo nito laban sa kapalaluan, pagwawalang-bahala, pagpapaliban, mga panganib ng maling tradisyon, pagkukunwari, at kahalayan.

"Responsibilidad na natin ngayong pag-aralan ang Aklat ni Mormon at matutuhan ang mga alituntunin nito at ipamuhay ang mga ito."

**Elder L. Tom Perry ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Mga Pagpapalang Nagmumula sa Pagbabasa ng Aklat ni Mormon," *Liahona*, Nob. 2005, 8.**

## DALAWANG TUNGKOD NA NAGING ISA

Halos mula nang isilang ako ay may Biblia na ako, pero nalaman ko lamang ang lahat ng alituntunin ng ebanghelyo nang makatanggap ako ng kopya ng Aklat ni Mormon. Natuklasan ko na napapasaatin lamang ang buong ebanghelyo ni Jesucristo kapag nalaman natin ang tungkol sa pangalawang "tungkod" na ito (tingnan sa Ezekiel 37:15–17). Nang mapasaakin ang dalawang ito, nagkaroon ako ng karanasang nagpabago sa buhay ko—dagdag na pagkaunawa kung sino ako at ang aking potensyal na maging bahagi ng walang-hanggang pamilya ng Diyos. Ang ipinropesiyang pag-uugnay na ito—"maging isa sa iyong kamay" (talata 17)—ay naging posible dahil dalawang tapat na misyonera ang nagmalasakit at binigyan ako ng kopya ng pangalawang tungkod.

Dati-rati, nabubuhay ako sa aandap-andap na liwanag; ngayon bawat bahagi ng buhay ko ay naliliwanagan ng mga pagpapala ng kabuuan ng ebanghelyo. Pakiramdam ko ay nabigyan ako ng bagong pag-asa sa buhay.


**Ary Sala, British Columbia, Canada**

## ANG PAMILYA AY WALANG-HANGGAN

Nabasa ko na ang Aklat ni Mormon mula nang binyagan ako noong 1995. Ngunit noon lang mag-asawa ako at nagkapamilya naging makahulugan sa akin ang pagbabasa tungkol sa pagparoo't parito ng mga anak ni Lehi mula sa Jerusalem.

Tila nais ng Panginoon na magkaroon ng walang-hanggang pamilya si Lehi. Sinabi muna Niya kay Lehi na talikuran ang lahat at iligtas ang *kasalukuyan* niyang pamilya sa pamamagitan ng pagdadala sa kanila sa lupang pangako. Habang nasa ilang pa sila, sinabi ng Panginoon kay Lehi na pabalikin ang kanyang mga anak na lalaki para kunin ang talaan ng *naunang [mga ninuno]* mga miyembro ng kanyang pamilya. Pagkatapos niyon, pinapunta Niya sila para kunin si Ismael at ang mga anak na babae nito. Ito ay

*Ang mga patotoo ng iba pang mga miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol tungkol sa Aklat ni Mormon ay matatagpuan sa isyung ito sa mga pahina 10, 28, 32, 38, at 80.*



### Lahat ng Bagay ay Ipanunumbalik

"Malinaw na inilarawan sa Aklat ni Mormon ang literal at panlahat na katangian ng Pagkabuhay na Mag-uli. Itinuro ni propetang Amulek:

"'Ang kamatayan ni Cristo ang magkakalag ng mga gapos ng temporal na kamatayang ito, na ang lahat ay magbabangon mula sa temporal na kamatayang ito.

"'Ang espiritu at ang katawan ay magsasamang muli sa kanyang ganap na anyo; kapwa ang biyas at kasu-kasuan ay ibabalik sa wastong pangangatawan, maging kagaya natin ngayon sa sandaling ito; . . .

"'Ngayon, ang panunumbalik na ito ay darating sa lahat, kapwa matanda at bata, kapwa alipin at malaya, kapwa lalaki at babae, kapwa masama at mabuti; at maging doon ay hindi mawawala kahit isang buhok sa kanilang mga ulo, kundi bawat bagay ay manunumbalik sa kanyang ganap na kabuuan' (Alma 11:42–44).

"Itinuro rin ni Alma na sa pagkabuhay na mag-uli 'lahat ng bagay ay magbabalik sa kanilang wasto at ganap na anyo' (Alma 40:23). . . .

"[Nakapapanatag] na malaman na lahat ng nagkaroon ng kakulangan sa buhay . . . ay mabubuhay na mag-uli sa 'wasto at ganap na anyo.'"

**Elder Dallin H. Oaks ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Pagkabuhay na Mag-uli,"** ***Liahona,*** **Hulyo 2000, 17.**



### Mga Panganib ng mga Lihim na Sabwatan

"Itinuturo ng Aklat ni Mormon na ang mga lihim na sabwatan sa paggawa ng krimen ay isang malaking hamon, hindi lamang sa mga tao at pamilya kundi sa buong sibilisasyon. Kabilang sa mga lihim na sabwatan ngayon ang mga gang, mga grupong nagkakalat ng droga, at mga samahang gumagawa ng planadong krimen. Ang mga lihim na sabwatan sa ating panahon ay parang mga tulisan ni Gadianton noong panahon ng Aklat ni Mormon. . . . Kasama sa kanilang mga layunin ang sila ay 'makapapaslang, at makapandarambong, at makapagnanakaw, at makagagawa ng mga pagpapatutot, at lahat ng uri ng kasamaan, na salungat sa mga batas ng kanilang bayan at gayon din sa mga batas ng kanilang Diyos' [Helaman 6:23].

"Kung hindi tayo maingat, ang mga lihim na sabwatan ngayon ay kayang magkaroon ng kapangyarihan at impluwensya na kasingbilis at buong-buo gaya noong panahon ng Aklat ni Mormon."

**Elder M. Russell Ballard ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Standing for Truth and Right,"** ***Ensign,*** **Nob. 1997, 38.**

paghahanda para sa kanilang pamilya sa *hinaharap*.

Ang pag-uugnay ng kasalukuyan, nakaraan, at hinaharap ng ating walang-hanggang pamilyav ay mahalagang responsibilidad na kailangan kong ingatan—gaya ni Lehi. Marahil ay naihanda ng mga karanasang ito si Lehi para sa pangitain ng punungkahoy ng buhay at pagkaunawa na ang pag-ibig ng Diyos ay dapat pagyamanin sa isang walang-hanggang pamilya.

**Salote Malani Maiwiriwiri, Hawaii, USA**



### Paglutas sa mga Hamon ng Buhay

"Ang Aklat ni Mormon ay naglalaman ng mga mensaheng inilagay roon ng langit upang ipakita kung paano itama ang impluwensya ng maling tradisyon at tumanggap ng kaganapan ng buhay. Itinuturo nito kung paano lutasin ang mga problema at hamong kinakaharap natin ngayon. . . . [Ang Panginoon] ay gumawa ng paraan upang maitama ang malalaking kamalian sa buhay, ngunit ang patnubay na ito ay walang halaga kung mananatiling nakakulong sa isang nakasarang aklat."

**Elder Richard G. Scott ng Korum ng Labindalawang Apostol, "True Friends That Lift,"** ***Ensign,*** **Nob. 1988, 76.**



### Isang Paalaala ng Ating mga Tipan

"Pinaaalalahanan tayo sa Aklat ni Mormon na ang ating pagbibinyag ay isang tipan na 'tumayo bilang mga saksi ng Diyos [at ng Kanyang kaharian] sa lahat ng panahon at sa lahat ng bagay, at sa lahat ng lugar kung saan kayo maaaring naroroon, maging hanggang kamatayan, nang kayo ay matubos ng Diyos, at mapabilang sa kanila sa unang pagkabuhay na mag-uli, nang kayo ay magkaroon ng buhay na walang hanggan' (Mosias 18:9; idinagdag ang pagbibigay-diin)."

**Elder Robert D. Hales ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Ang Tipan ng Pagbibinyag: Ang Maging nasa Kaharian at para sa Kaharian,"** ***Liahona,*** **Ene. 2001, 7.**



### Ang mga Pagpapala ng Pagsunod

"Sa maraming bahagi ng Aklat ni Mormon, pinangakuan ang mga tao na uunlad sila sa lupain kung susundin nila ang mga kautusan [tingnan sa 1 Nephi 2:20; 2 Nephi 4:4]. Ang pangakong ito ay madalas [na] may kasamang babala na kung hindi nila susundin ang mga utos ng Diyos, sila ay itatakwil mula sa Kanyang harapan [tingnan sa Alma 36:30]." ■

**Elder Quentin L. Cook ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Sana Alam Ninyong Nahirapan Kami,"** ***Liahona,*** **Nob. 2008, 104.**

## PAGSULONG NA MAY LIWANAG

Sa kabanata 2 ng Eter mababasa natin na nag-alala ang kapatid ni Jared dahil walang liwanag sa kanilang mga sasakyang-dagat. Nang tanungin niya ang Panginoon tungkol dito, sumagot ang Panginoon nang patanong: "Ano ang nais mong ihanda ko para sa inyo upang kayo ay magkaroon ng liwanag?" (talata 25).

Pinag-isipan kong mabuti kung paano tumugon ang kapatid ni Jared sa tanong ng Panginoon. Una ay umakyat siya ng bundok, kung saan siya "tumunaw mula sa isang malaking bato ng 16 na maliliit na bato" (Eter 3:1). Dinala niya ang mga bato sa ituktok ng bundok, kung saan siya nanalangin. Nagsimula siyang magpakumbaba sa harapan ng Panginoon. Humingi siya ng awa, at kinilala ang kapangyarihan ng Panginoon na sagutin ang kanyang panalangin. Pagkatapos ay nagpakita siya ng pananampalataya sa pagsasabing, "Nalalaman namin na kayo ay may kakayahang magpakita ng dakilang kapangyarihan" (Eter 3:5). Hiniling ng kapatid ni Jared sa Panginoon na hipuin ang mga bato upang magbigay-liwanag ito sa mga sasakyang-dagat.

Binago ng talatang ito ang paraan ko sa pagdarasal. Dati-rati, madalas kong itanong, "Ama, ano ang ipapagawa Ninyo sa akin?" Ang totoo sa maraming sitwasyon ay kailangan kong mag-isip na mabuti, suriin ang aking mga magagamit, bumuo ng plano, at saka manalangin sa Ama at itanong sa Kanya kung AYOS ang plano—pagkatapos ay magdarasal ako para sa mga himalang hindi ko makakayang gawing mag-isa.

**Elena Gómez de Santurión, Uruguay**





**Ni Pangulong**
**Ezra Taft Benson**
**(1899–1994)**

# ANG AKLAT NI MORMON— Saligang Bato ng Ating Relihiyon

*Si Ezra Taft Benson ay naging ika-13 Pangulo ng Simbahan noong Nobyembre 10, 1985. Siya ay maaalala sa kanyang matibay na patotoo tungkol sa kapangyarihan ng Aklat ni Mormon at sa pagbibigay-diin niya sa kahalagahan nito sa araw-araw na pag-aaral ng mga banal na kasulatan, gawaing misyonero, at pagtuturo ng ebanghelyo. Sa taong ito ay ipagdiriwang ang ika-25 anibersaryo ng mensaheng ito sa pangkalahatang kumperensya ng Oktubre 1986.*

MGA PAGLALARAWAN NI DAVID STOKER; KANAN: LARAWANG KUHA NI WELDEN C. ANDERSEN; LARAWAN NI PANGULONG BENSON NA KUHA NG BUSATH PHOTOGRAPHY

Minamahal kong mga kapatid, magsasalita ako ngayon tungkol sa isa sa pinakamahahalagang regalo na ibinigay sa mundo sa makabagong panahon. Ang regalong naiisip ko ay higit na mahalaga kaysa anumang imbensyon o likha na mula sa malaking pagbabago sa industriya at teknolohiya. Ito ay isang regalong mas mahalaga sa sangkatauhan kaysa sa maraming kahanga-hangang pagbabago na nakita natin sa makabagong medisina. Ito ay mas makabuluhan sa sangkatauhan kaysa imbensyon tungkol sa paglipad o paglalakbay sa kalawakan. Ang tinutukoy ko ay ang regalong Aklat ni Mormon, na ibinigay sa sangkatauhan 156 na taon na ang nakararaan.




Ang kaloob na ito ay inihanda ng kamay ng Panginoon sa loob nang mahigit isang libong taon, at itinago Niya upang ito ay mapangalagaan sa kadalisayan nito para sa ating henerasyon. Marahil wala nang higit na malinaw na patotoo tungkol sa kahalagahan ng makabagong aklat na ito ng mga banal na kasulatan kaysa sa sinabi ng Panginoon mismo tungkol dito.

Sa Kanyang sariling bibig pinatutunayan Niya (1) na ito ay totoo (D at T 17:6), (2) na naglalaman ito ng katotohanan at ng Kanyang mga salita (D at T 19:26), (3) na ito ay isinalin sa pamamagitan ng kapangyarihan mula sa kaitaasan (D at T 20:8), (4) na naglalaman ito ng kabuuan ng ebanghelyo ni Jesucristo (D at T 20:9; 42:12), (5) na ibinigay ito sa pamamagitan ng inspirasyon at pinagtibay sa pamamagitan ng paglilingkod ng mga anghel (D at T 20:10), (6) na pinatutunayan nito na ang mga banal na kasulatan ay totoo (D at T 20:11), at (7) ang mga tatanggap nito nang may pananampalataya ay makatatanggap ng buhay na walang-hanggan (D at T 20:14).

Ang pangalawang malakas na patotoo tungkol sa kahalagahan ng Aklat ni Mormon ay ang tingnan kung kailan inilagay ng Panginoon ang paglabas nito sa panahon ng Panunumbalik. Ang tanging nauna rito ay ang Unang Pangitain. Sa kagila-gilalas na pagpapakitang iyon, nalaman ni Propetang Joseph Smith ang tunay na katangian ng Diyos at na may ipagagawa sa kanya ang Diyos. Ang paglabas ng Aklat ni Mormon ang sumunod na nangyari.

Isipin ninyo ang nais ipakahulugan niyan. Ang paglabas ng Aklat ni Mormon ay sinundan ng panunumbalik ng priesthood. Ito ay inilathala ilang araw lamang bago maorganisa ang Simbahan. Ang mga Banal ay binigyan ng Aklat ni Mormon na babasahin nila bago sila binigyan ng mga



### NAGPATOTOO ANG ISANG PROPETA

"[Ang Aklat ni Mormon] ay salita ng Diyos. Ito ay pangalawang makapangyarihang saksi kay Cristo. At, tiyak na tatanggapin ng lahat ng mga tunay na nananampalataya na nagmamahal sa Manunubos ang karagdagang katibayan ng kanyang kabanalan o pagka-Diyos.

"Ang nakapagbibigay-inspirasyong aklat na ito ay hindi binago ng mga di-awtorisadong tagapagsalin o may kinikilingang teologo at sa halip ay dumating sa mundo na dalisay at mula mismo sa mga mananalaysay at nagpaikli ng mga tala. Hindi ang aklat ang sinusubok—ang mga mambabasa nito ang sinusubok."

**Pangulong Spencer W. Kimball (1895–1985), *The Teachings of Spencer W. Kimball,* ed. Edward L. Kimball (1982), 133.**

paghahayag na kinapapalooban ng mahahalagang doktrina tulad ng tatlong antas ng kaluwalhatian, selestiyal na kasal, o gawain para sa mga patay. Dumating ito bago maorganisa ang mga korum sa priesthood at ang Simbahan. Hindi ba ito nagpapahiwatig sa atin ng isang bagay tungkol sa pananaw ng Panginoon sa sagradong gawaing ito?

Kapag natanto natin ang nadarama ng Panginoon tungkol sa aklat na ito, hindi tayo dapat magulat na binibigyan Niya rin tayo ng babala sa paraan ng pagtanggap natin dito. Matapos sabihin na ang mga tatanggap ng Aklat ni Mormon nang may pananampalataya, at gumagawa ng kabutihan, ay makatatanggap ng putong ng buhay na walang hanggan (tingnan sa D at T 20:14), sinundan ito ng ganitong babala ng Panginoon: "Subalit yaong mga magpapatigas ng kanilang mga puso sa kawalan ng pananampalataya, at tatanggihan ito, ito ay babaling sa kanilang sariling kaparusahan" (D at T 20:15).

Noong 1829, nagbabala ang Panginoon sa mga Banal na huwag lapastanganin ang mga bagay na banal (tingnan sa D at T 6:12). Tunay na ang Aklat ni Mormon ay isang bagay na banal, subalit marami pa rin ang lumalapastangan dito, o sa madaling salita, binabale-wala ito, itinuturing ito na walang-halaga.

Noong 1832, nang bumalik na ang ilang naunang misyonero mula sa kanilang misyon, pinagsabihan sila ng Panginoon dahil hindi nila pinahalagahan ang Aklat ni Mormon. Dahil sa ginawa nilang iyon, sinabi niya na nadirimlan ang kanilang isipan. Hindi lamang ang pagbalewala sa sagradong aklat na ito ang naging sanhi ng pagkawala ng liwanag sa kanilang sarili, dinala rin nito ang buong Simbahan sa ilalim ng kaparusahan, maging sa lahat ng anak ng Sion. At pagkatapos sinabi ng Panginoon, "At sila ay mananatili sa ilalim ng kaparusahang ito hanggang sa sila ay magsisi at kanilang alalahanin ang bagong tipan, maging ang Aklat ni Mormon" (D at T 84:54–57).

Dahil ba sa katotohanang mahigit nang isa't kalahating siglong nasa atin ang Aklat ni Mormon kung kaya't tila wala na itong halaga sa atin ngayon? Naaalala ba natin ang bagong tipan, maging ang Aklat ni Mormon? Sa Biblia mayroon tayong Lumang Tipan at Bagong Tipan. Ang salitang *testamento* ay salin sa wikang Ingles ng salitang Griyego na maaari ding isalin bilang *tipan*. Ito ba ang ibig sabihin ng Panginoon nang tawagin Niya ang Aklat ni Mormon na "bagong tipan"? Tunay na ito ay isa pang tipan o saksi ni Jesus. Ito ang isa sa mga dahilan kung bakit idinagdag natin kamakailan ang mga salitang "Isa Pang Tipan ni Jesucristo" sa pamagat ng Aklat ni Mormon.

Kung ang mga Banal noon ay pinagsabihan sa hindi pagpapahalaga sa Aklat ni Mormon, tayo ba ay hindi sasailalim sa anumang kaparusahan kapag ginawa rin natin ang gayon? Ang Panginoon mismo ay nagpatotoo na walang-hanggan ang kahalagahan nito. Madadala ba ng kakaunti sa atin ang buong Simbahan sa ilalim ng kaparusahan dahil nilapastangan natin ang mga bagay na banal? Ano ang masasabi natin sa araw ng Paghuhukom kapag tumayo tayo sa Kanyang harapan at nakita ang Kanyang mapanuring tingin kung kabilang tayo sa sinasabing nakalimot sa bagong tipan?

May tatlong malalaking dahilan kung bakit dapat pag-aralan ng mga Banal sa mga Huling Araw ang Aklat ni Mormon nang habambuhay.

Ang *una* ay dahil ang Aklat ni Mormon ay saligang bato ng ating relihiyon. Ito ang pahayag ni Propetang Joseph Smith. Pinatotohanan niya na "ang Aklat ni Mormon ang pinakatumpak sa anumang aklat sa mundo, at ang saligang bato ng ating relihiyon."[1] Ang saligang bato ang gitnang bato sa isang arko. Pinananatili nito ang iba pang mga bato sa kinalalagyan nito, at kung aalisin ito, ang arko ay babagsak.

May tatlong dahilan kung bakit ang Aklat ni Mormon ang saligang bato ng ating relihiyon. Ito ang saligang bato sa ating patotoo kay Cristo. Ito ang saligang bato ng ating doktrina. Ito ang saligang bato ng patotoo.

Ang Aklat ni Mormon ang saligang bato sa ating patotoo kay Jesucristo, na Siya mismong batong panulok ng lahat ng ginagawa natin. Pinatototohanan nito nang may kapangyarihan at kalinawan na totoong Siya ay buhay. Hindi tulad ng Biblia, na nagpasalin-salin sa iba't ibang mga maninipi, tagapagsalin, at masasamang tao na gumawa ng pagbabago sa teksto, ang Aklat ni Mormon ay nagmula sa



manunulat tungo sa mambabasa sa iisang inspiradong hakbang ng pagsasalin. Samakatwid, ang patotoo nito tungkol sa Panginoon ay malinaw, walang bahid-dungis, at puno ng kapangyarihan. Ngunit higit pa dito ang nagagawa nito. Karamihan sa mga Kristiyano sa mundo ngayon ay hindi tinatanggap ang pagiging Diyos o kabanalan ng Tagapagligtas. Pinag-aalinlanganan nila ang Kanyang mahimalang pagsilang, Kanyang perpektong buhay, at ang katotohanan ng Kanyang maluwalhating Pagkabuhay na Mag-uli. Itinuturo nang malinaw at di-mapag-aalinlanganan ng Aklat ni Mormon ang tungkol sa katotohanan ng lahat ng iyon. Nagbibigay din ito ng pinakakumpletong paliwanag tungkol sa doktrina ng Pagbabayad-sala. Tunay ngang ang banal at inspiradong aklat na ito ay saligang bato sa pagpapatotoo sa mundo na si Jesus ang Cristo.[2]

Ang Aklat ni Mormon din ang saligang bato ng doktrina ng Pagkabuhay na Mag-uli. Tulad ng nabanggit na noon, ipinahayag mismo ng Panginoon na ang Aklat ni Mormon ay naglalaman ng "kabuuan ng ebanghelyo ni Jesucristo" (D at T 20:9). Hindi ibig sabihin niyan na naglalaman ito ng lahat ng turo, lahat ng doktrina na ipinahayag. Sa halip, ang ibig sabihin nito ay makikita natin sa Aklat ni Mormon ang kabuuan ng mga doktrinang iyon na kailangan sa ating kaligtasan. At ang mga ito ay itinuturo nang malinaw at simple nang sa gayon matutuhan maging ng mga bata ang paraan ng kaligtasan at kadakilaan. Napakaraming ibinibigay ang Aklat ni Mormon na nagpapalawak ng ating pag-unawa sa mga doktrina ng kaligtasan. Kung wala ito, maraming itinuturo sa iba pang mga banal na kasulatan ang hindi magiging halos napakalinaw at napakahalaga.


Ang huli, ang Aklat ni Mormon ang saligang bato ng patotoo. Tulad ng arko na babagsak kung aalisin ang saligang bato, gayon din naman na ang buong Simbahan ay tatayo o babagsak ayon sa katotohanan ng Aklat ni Mormon. Naiintindihan itong mabuti ng mga kaaway ng Simbahan. Ito ang dahilan kung bakit lubos nilang pinipilit na pabulaanan ang Aklat ni Mormon, sapagkat kung ito ay mapapabulaanan, mapapabulaanan din si Propetang Joseph Smith. Gayon din ang mangyayari sa mga sinasabi natin tungkol sa mga susi ng priesthood, at paghahayag, at sa ipinanumbalik na Simbahan. Ngunit sa gayon ding paraan, kung totoo ang Aklat ni Mormon—at milyun-milyon na ngayon ang nagpapatotoo na pinatunayan sa kanila ng Espiritu na totoo nga ito—kung gayon kailangang tanggapin ng tao ang mga pahayag ng Panunumbalik at lahat ng kaakibat nito.

Oo, minamahal kong mga kapatid, ang Aklat ni Mormon ang saligang bato ng ating relihiyon—ang saligang bato ng ating patotoo, ang saligang bato ng ating doktrina, at ang saligang bato sa patotoo sa ating Panginoon at Tagapagligtas.

Ang *ikalawang* malaking dahilan kung bakit dapat nating pag-aralan ang Aklat ni Mormon ay dahil sa isinulat ito para sa ating panahon. Ang aklat ay hindi napasa kamay ng mga Nephita; ni ng mga Lamanita noong unang panahon. Ito ay sadyang para sa atin. Sumulat si Mormon nang malapit nang magwakas ang sibilisasyon ng mga Nephita. Sa inspirasyong mula sa Diyos, na nakakakita sa lahat ng bagay mula sa simula, pinaikli niya ang mga talaang maraming siglo nang naisulat, pumili ng mga kuwento, mensahe, at pangyayari na lubos na makatutulong sa atin.

Ang bawat pangunahing manunulat ng Aklat ni Mormon ay nagpatotoo na sumulat siya

*Matatagpuan natin sa Aklat ni Mormon ang kabuuan ng mga doktrinang kailangan sa ating kaligtasan. At ang mga ito ay itinuturo nang malinaw at simple nang sa gayon matutuhan maging ng mga bata ang paraan ng kaligtasan at kadakilaan.*



## NAGPATOTOO ANG ISANG PROPETA

"Ang Aklat ni Mormon ay isang sagradong talaan na naglalaman ng impormasyon na hindi matatagpuan sa ibang mga aklat. Iniutos sa atin ng Panginoon na ibahagi sa lahat ng kanyang mga anak ang mga ipinahayag na katotohanan ng walang-hanggang Ebanghelyo upang maihanda sila para sa isang lugar sa kahariang Selestiyal. . . .

"Napupuspos ng kagalakan ang aking puso na malamang bawat tao na magbabasa [ng Aklat ni Mormon] nang may panalangin, bawat taong maghahangad na malaman kung ito ay mula sa Diyos o hindi ay may pangako, hindi ni Joseph Smith o ng sinumang tao, kundi may pangako ng ating Ama sa Langit na malalaman nila nang may katiyakan na ito ay mula sa Diyos."

**Pangulong George Albert Smith (1870–1951), sa Conference Report, Abr. 1936, 13–14, 15.**

para sa mga darating na henerasyon. Sinabi ni Nephi: "Ipinangako sa akin ng Panginoong Diyos na ang mga bagay na ito na aking isinusulat ay itatago at iingatan, at ipapasa-pasa sa aking mga binhi, sa bawat sali't salinlahi" (2 Nephi 25:21). Ang kanyang kapatid na si Jacob, na humalili sa kanya, ay gayon din ang isinulat: "Sapagkat sinabi [ni Nephi] na ang kasaysayan ng kanyang mga tao ay dapat iukit sa isa pa niyang mga lamina, at na dapat kong ingatan ang mga laminang ito, at ipasa ang mga ito sa aking mga binhi, sa bawat sali't salinlahi" (Jacob 1:3). Binanggit din nina Enos at Jarom na sila rin ay sumusulat hindi para sa sarili nilang mga tao kundi para sa mga darating na henerasyon (tingnan sa Enos 1:15–16; Jarom 1:2).

Sinabi mismo ni Mormon, "Oo, ako ay nangungusap sa inyo, kayong mga labi ng sambahayan ni Israel" (Mormon 7:1). At tunay na nakita ni Moroni, ang huli sa mga binigyang-inspirasyong manunulat, ang ating panahon. "Masdan," sabi niya, "ipinakita sa akin ng Panginoon ang mga dakila at kagila-gilalas na bagay hinggil sa yaong hindi maglalaon ay mangyayari, at sa araw na yaon kung kailan ang mga bagay na ito ay mangyayari sa inyo.

"Masdan, ako ay nangungusap sa inyo na parang kayo ay naririto, gayon pa man kayo ay wala rito. Ngunit masdan, ipinakita kayo sa akin ni Jesucristo, at nalalaman ko ang inyong mga ginagawa" (Mormon 8:34–35).

Kung nakita nila ang ating panahon at pinili ang mga bagay na iyon na magiging makabuluhan sa atin, hindi ba iyon ang paraan na dapat nating pag-aralan ang Aklat ni Mormon? Dapat nating palaging itanong sa ating sarili, "Bakit binigyang-inspirasyon ng Panginoon si Mormon (o si Moroni o si Alma) na isama iyon sa kanyang talaan? Anong aral ang matututuhan ko roon na tutulong sa akin na mamuhay sa araw at panahong ito?"

At may mga halimbawa roon kung paano sinagot ang tanong na iyan. Halimbawa, sa Aklat ni Mormon ay nakikita natin ang huwaran sa paghahanda sa Ikalawang Pagparito. Isang malaking bahagi ng aklat ang nakatuon sa ilang dekada bago ang pagdating ni Cristo sa Amerika. Sa masusing pag-aaral tungkol sa panahong iyan, malalaman natin kung bakit nilipol ang ilang tao sa kakila-kilabot na paghuhukom na nangyari bago ang Kanyang pagdating at ang dahilan kung bakit naroon ang iba sa templo sa lupaing Masagana at nahawakan ng kanilang mga kamay ang mga sugat sa Kanyang mga kamay at paa.

Mula sa Aklat ni Mormon nalaman natin kung paano namuhay ang mga disipulo ni Cristo sa panahon ng digmaan. Mula sa Aklat ni Mormon nakita natin ang kasamaan ng mga lihim na pagsasabwatan na inilarawan sa malinaw at kakila-kilabot na katotohanan. Sa Aklat ni Mormon nakikita natin ang mga aral kung paano haharapin ang pag-uusig at apostasiya. Marami tayong natututuhan kung paano gawin ang gawaing misyonero. At higit sa lahat, nakikita natin sa Aklat ni Mormon ang mga panganib ng materyalismo at paglalagak ng ating mga puso sa mga bagay ng mundo. May mag-aalinlangan pa ba na ang aklat na ito ay sadyang isinulat para sa atin at dito ay magkakaroon tayo ng dakilang kapangyarihan, malaking kapanatagan, at matinding proteksyon?

Ang *ikatlong* dahilan kung bakit mahalaga ang Aklat ni Mormon sa mga Banal sa mga Huling Araw ay ibinigay sa naunang pahayag ni Propetang Joseph Smith. Sabi niya, "Sinabi ko sa mga kapatid na ang Aklat ni Mormon ang pinakatumpak sa anumang aklat sa mundo, at ang saligang bato ng ating relihiyon, at ang isang tao ay malalapit sa Diyos sa pamamagitan ng pagsunod sa mga tuntunin nito, nang higit kaysa sa pamamagitan ng alin mang aklat." Iyan ang ikatlong dahilan sa pag-aaral ng aklat. Tumutulong ito upang mas mapalapit tayo sa Diyos. Hindi ba't may nadarama tayo sa kaibuturan ng ating mga puso na naghahangad na mapalapit sa Diyos, na maging higit na katulad Niya sa ating buhay sa araw-araw, na madama sa tuwina ang Kanyang presensya? Kung gayon, ang Aklat ni Mormon ang tutulong sa atin upang magawa ito nang higit pa sa alinmang aklat.

Hindi lamang itinuturo sa atin ng Aklat ni Mormon ang katotohanan, bagama't ito nga ang ginagawa nito. Hindi lamang nagpapatotoo ang Aklat ni Mormon tungkol kay Cristo, bagama't ito nga rin ang ginagawa



nito. Kundi mayroon pang iba. May kapangyarihan sa aklat na iyon na magsisimulang dumaloy sa inyong buhay sa sandaling simulan ninyong dibdibang pag-aralan ang aklat. Magkakaroon kayo ng karagdagang lakas para labanan ang tukso. Magkakaroon kayo ng kapangyarihang iwasan ang panlilinlang. Magkakaroon kayo ng lakas na manatili sa makipot at makitid na landas. Ang mga banal na kasulatan ay tinatawag na "mga salita ng buhay" (tingnan sa D at T 84:85), at wala ng iba pang aklat na higit na totoo kaysa sa Aklat ni Mormon. Kapag nagsimula kayong magutom at mauhaw sa mga salitang iyon, makikita ninyo na lubos na sasagana ang buhay.

Ang ating mahal na kapatid na si Pangulong Marion G. Romney . . . ay nagpatotoo tungkol sa pagpapala na maaaring dumating sa buhay ng mga taong magbabasa at pag-aaralan ang Aklat ni Mormon. Sabi niya:

"Nakatitiyak ako na kung, sa ating mga tahanan, ay babasahin ng mga magulang nang may panalangin at regular ang Aklat ni Mormon nang personal at nang kasama ang kanilang mga anak, mapapasa ating mga tahanan at sa lahat ng nakatira roon ang diwa ng aklat na iyon. Madaragdagan ang pagpipitagan; mag-iibayo ang paggalang at pag-uunawaan sa isa't isa. Mapapawi ang diwa ng pagtatalu-talo.

*May mag-aalinlangan pa ba na ang aklat na ito ay sadyang isinulat para sa atin at dito ay magkakaroon tayo ng dakilang kapangyarihan, malaking kapanatagan, at matinding proteksyon?*

Papayuhan ng mga magulang ang kanilang mga anak nang may matinding pagmamahal at karunungan. Ang mga anak ay higit na susunod at magpapakumbaba sa payo ng kanilang mga magulang. Mag-iibayo ang kabutihan. Ang pananampalataya, pag-asa, at pag-ibig sa kapwa—ang dalisay na pag-ibig ni Cristo—ay mag-iibayo sa ating mga tahanan at buhay, magdudulot ng kapayapaan, kagalakan, at kaligayahan."[3]

Ang mga pangakong ito—ibayong pagmamahal at pagkakasundo sa tahanan, malaking paggalang sa pagitan ng magulang at anak, mas malakas na espirituwalidad at kabutihan—ay hindi mga pangako na walang-kabuluhan, kundi ito ang siyang talagang ibig sabihin ni Propetang Joseph Smith nang sabihin niyang tutulungan tayo ng Aklat ni Mormon na mas mapalapit sa Diyos.

Mga kapatid, buong puso kong isinasamo sa inyo na taimtim na isaalang-alang ang kahalagahan ng Aklat ni Mormon sa inyong sarili at sa buong Simbahan.

Mahigit 10 taon na ang nakaraan nang ipahayag ko ang sumusunod tungkol sa Aklat ni Mormon:

"Nakabatay ba ang walang-hanggang ibubunga sa ginagawa natin sa aklat na ito? Oo, maaaring sa ating ikapagpapala o sa ating kapahamakan.

"Dapat pag-aralan ng bawat Banal sa mga Huling Araw ang aklat na ito nang habambuhay. Kung hindi ay ipinapahamak niya ang kanyang kaluluwa at binabalewala ang makapagtutugma ng espirituwal at intelektuwal na aspeto sa kanyang buong buhay. May pagkakaiba sa pagitan ng miyembrong nakasalig sa bato ni Cristo sa pamamagitan ng Aklat ni Mormon at nananatiling nakahawak sa gabay na bakal na iyan, at sa taong hindi."[4]

Muli kong pinagtitibay ang mga salitang iyon sa inyo ngayon. Huwag tayong manatili sa ilalim ng kaparusahan, lakip ang pagpapahirap at kahatulan nito, sa pagbabale-wala sa dakila at kagila-gilalas na regalong ito na ibinigay sa atin ng Panginoon. Sa halip, kamtin natin ang mga pangakong kaakibat ng pagpapahalaga nito sa ating mga puso.

Sa Doktrina at mga Tipan, bahagi 84, mga talata 54 hanggang 58, mababasa natin:



*May kapangyarihan sa aklat na iyon na magsisimulang dumaloy sa inyong buhay sa sandaling simulan ninyong dibdibang pag-aralan ang aklat.*

"At ang inyong mga isipan sa mga nakaraang panahon ay naging madilim dahil sa kawalan ng paniniwala, at sapagkat inyong pinawalang-kabuluhan ang mga bagay na inyong tinanggap—

"Kung aling kawalang-kabuluhan at kawalan ng paniniwala ay nagdala sa buong simbahan sa ilalim ng kaparusahan.

"At ang kaparusahan na ito ay nasa sa mga anak ng Sion, maging sa lahat.

"At sila ay mananatili sa ilalim ng kaparusahang ito hanggang sa sila ay magsisi at kanilang alalahanin ang bagong tipan, maging ang Aklat ni Mormon at ang dating mga kautusan na aking ibinigay sa kanila, hindi lamang upang sabihin, kundi upang gawin alinsunod sa yaong aking isinulat"—

"Upang sila ay makapagdala ng bunga na nararapat para sa kaharian ng kanilang Ama; kung hindi ay mananatili sa kanila ang kaparusahan at paghuhukom na ibubuhos sa mga anak ng Sion."

Mula noong huling pangkalahatang kumperensya, nakatanggap ako ng maraming sulat mula sa mga Banal, kapwa bata at matanda, mula sa iba't ibang panig ng mundo na tumanggap sa hamon na basahin at pag-aralan ang Aklat ni Mormon.

Natuwa ako sa kanilang mga kuwento kung paano nabago ang kanilang buhay at kung paano sila napalapit sa Panginoon dahil sa kanilang pangako. Pinagtibay sa aking puso ng maluluwalhating patotoong ito ang mga salita ni Propetang Joseph Smith na ang Aklat ni Mormon ay tunay na "saligang bato ng ating relihiyon" at ang isang lalaki at babae ay "malalapit sa Diyos sa pamamagitan ng pagsunod sa mga tuntunin nito, nang higit kaysa sa pamamagitan ng alin mang aklat."

Ito ang aking dalangin, na ang Aklat ni Mormon ay maging saligang bato ng ating buhay. ■

*Ang pagbabaybay at pagpapalaki ng titik ay iniayon sa pamantayan.*

**MGA TALA**

1. Pambungad sa Aklat ni Mormon
2. Tingnan sa pahina ng pamagat ng Aklat ni Mormon.
3. Marion G. Romney, "The Book of Mormon," *Ensign,* Mayo 1980, 67.
4. Ezra Taft Benson, "The Book of Mormon Is the Word of God," *Ensign,* Mayo 1975, 65.

## SA LOOB NG 25 TAON

Bagama't ako'y matapat na miyembro ng Simbahan mula pa noong 1965, ang isang pangyayari noong 1986 ay nagpatatag sa aking patotoo sa ipinanumbalik na ebanghelyo nang higit sa anumang bagay.

Noong Oktubre ng taong iyon, nagpunta ako sa aming kapilya sa Cornwall, England, para panoorin ang brodkast ng pangkalahatang kumperensya. Matapos marinig ang nakaaantig na mensahe ni Pangulong Ezra Taft Benson "Ang Aklat ni Mormon—Saligang Bato ng Ating Relihiyon," alam ko na mapagbubuti ko pa ang pagbabasa ko ng Aklat ni Mormon.

Nang gabing iyon umuwi ako, lumuhod, at nakipagtipan sa Panginoon na hindi ko na babalewalain kahit kailan ang Aklat ni Mormon. Ngayon, 25 taon na ang nakalipas, masasabi kong hindi ako pumalya kahit isang araw sa pagbabasa ng Aklat ni Mormon.

Napakaraming pagpapala ang natanggap ko sa desisyong ito. May espesyal na diwa sa Aklat ni Mormon na hindi ninyo makikita saanman, kahit sa iba pang mga banal na kasulatan. Nadama kong malapit ang Espiritu Santo, tinutulungan ako na mapanatag sa lahat ng pagsubok sa buhay, lalo na nang pumanaw noong Pebrero 2007 ang aking asawa na nakasama ko nang halos 50 taon.

**Alistair Joseph Welsh, Scotland**

# Isang Banal na Gawain

Ni David A. Feitz

Isang gabi kumatok kami ng kompanyon ko sa pintuan ng isang binata na isang international student na nag-aaral sa isa sa maraming unibersidad sa London. Pinapasok niya kami, at ipinaliwanag namin na kami ay mga misyonero ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Tila sabik siyang malaman pa ang tungkol sa Panunumbalik ng ebanghelyo, kaya nagpatotoo kami tungkol kay Propetang Joseph Smith at ikinuwento sa kanya ang tungkol sa isang sagradong aklat mula sa ating Ama sa Langit na tinatawag na Aklat ni Mormon. Binigyang-diin namin na sagrado ito dahil nagpapatotoo ito tungkol kay Jesucristo.

Ipinaliwanag namin na maaari niyang malaman sa kanyang sarili ang katotohanan nito at sinabi namin na bibigyan namin siya ng kopya. Nang iniaabot ko sa kanya ang Aklat ni Mormon, tumayo siya sa kanyang kinauupuan at umalis sa silid nang walang anumang sinabi. Sandali kong hinawakan ang Aklat ni Mormon, at nagkatinginan kaming magkompanyon na nagtataka, na iniisip kung ano ang gagawin namin. Inilapag ko ang aklat sa ibabaw ng mesa.

Nakikita namin ang bata naming kaibigan na naghuhugas ng kanyang mga kamay sa kusina at pinunasan ang mga ito ng malinis na tuwalya. Bumalik siya sa silid at dinampot ang Aklat ni Mormon sa mesa at simpleng sinabi, "Palaging naghuhugas ng mga kamay ang mga kababayan ko bago nila hawakan ang isang bagay na sagrado." Naluha ako nang makita kong buksan ng binatilyong ito ang Aklat ni Mormon sa kauna-unahang pagkakataon at buklatin ang mga sagradong pahina nito ng kanyang malilinis na kamay.

*Nakinig siya sa lahat ng itinuro namin. Kaya't bakit hindi niya kinuha ang Aklat ni Mormon nang iabot ko ito sa kanya?*

Itinuro ni Alma na ang mga banal na kasulatan ay sagrado at iningatan para makapagdala ng mga kaluluwa tungo sa kaligtasan. Ipinahayag niya sa kanyang anak na si Helaman, "Ipinagkatiwala ng Diyos sa iyo ang mga bagay na ito, na mga banal, na pinanatili niyang banal, at kanya ring iingatan at pangangalagaan para sa isang matalinong layunin sa kanya, upang maipakita niya ang kanyang kapangyarihan sa mga darating na salinlahi" (Alma 37:14).

Ako ay isinugo sa misyon para ituro ang ipinanumbalik na ebanghelyo ni Jesucristo, subalit ako ang siyang naturuan ng binatang ito na may malilinis na kamay. Sa maraming kultura—kabilang ang sa akin—hindi na kinakailangang maghugas ng ating mga kamay bago magbasa ng mga banal na kasulatan, gayunman ang simpleng paggalang ay isang mapitagan at matinding paalala ng kasagraduhan ng Aklat ni Mormon. ■



PAGLALARAWAN NI SIMON JONES



**Ni Elder**
**Walter F. González**
Ng Panguluhan
ng Pitumpu

KUNG TALAGANG GUSTO NINYONG MALAMAN,

*Walang hanggan ang pasasalamat ko sa Aklat ni Mormon. Binago nito ang buhay ko magpakailanman, at alam ko na kaya nitong baguhin ang buhay ninyo.*

# Malalaman Ninyo

Ako ay 18 taong gulang nang maging miyembro ako ng Simbahan. Mahalaga ang ginampanang papel ng Aklat ni Mormon sa aking pagbabalik-loob. Noon, nagsasaliksik ako ng mga bagong ideyang makapagpapaliwanag sa mundo sa aking paligid. Naaalala ko na masyadong materyalistiko ang mga pamamaraan ng mga propesor ko sa kolehiyo sa kanilang pagtuturo. Nagsimula akong magduda kung mayroon ngang Diyos.

Isang araw napansin ko ang isang aklat na kulay asul na naiwan ng magkompanyon na misyonero sa bahay namin mga anim na taon na ang nakararaan. Aklat ni Mormon iyon. Kasama ng aklat, nag-iwan sila ng isang polyeto tungkol kay Propetang Joseph Smith at ilang tagubilin din kung paano manalangin sa Diyos.

Sinimulan kong basahin ang Aklat ni Mormon. Iilang talata pa lang ang nabasa ko sa aklat, sa 1 Nephi, nang may madama akong kakaiba. Nagsimulang magtalo ang damdamin at isipan ko. Kaya nagpasiya akong manalangin sa Diyos.

Ito ang unang pagkakataon sa buhay ko na nanalangin ako nang nakaluhod. Ang sumunod ay naging isa sa pinakasagradong mga karanasan sa buhay ko. Napuspos ako ng malaking kaligayahan na malaman sa puso ko na ang Aklat ni Mormon ay hindi karaniwang aklat. Banal ang pinagmulan ng aklat na ito. Tiyak na salita ito ng Diyos. Kalaunan ay naunawaan ko na ang naramdaman ko ay ang Espiritu na nagpapatotoo sa katotohanan nito.

Bagama't maaaring nararanasan din iyon ng ilan, may iba't ibang paraan para malaman ng isang tao na ang Aklat ni Mormon ay totoo.

### Paano Ninyo Malalaman?

*1. Ang ilan ay makakaalam sa pamamagitan ng pakikinig*. Maaaring kasama kayo sa mga makakaalam sa pakikinig lamang sa itinuturo ng aklat. Ang Aklat ni Mormon ay nagsalaysay tungkol sa libu-libo tao na nakarinig sa mga anak ni Mosias na nagturo ng ebanghelyo ni Jesucristo at sila'y "nagbalik-loob sa Panginoon" (tingnan sa Alma 23:5–6). Itinuturo ng mga misyonero ngayon ang ebanghelyo ring iyon na nasa Aklat ni Mormon. Malalaman ng ilan na ang Aklat ni Mormon ay salita ng Diyos sa pamamagitan ng pakikinig lamang sa pagbabahagi ng iba tungkol sa mga turo nito.

*2. Ang ilan ay makakaalam sa pamamagitan ng pagbabasa*. Maaaring kasama kayo sa mga makakaalam sa pamamagitan ng

PAGLALARAWAN NI RUTH SIPUS




pagbabasa lamang ng Aklat ni Mormon na may tunay na hangaring malaman ang katotohanan. Gayon ang nangyari sa asawa ko. Siya ay 12 taong gulang nang isapuso niya ang bilin na basahin ang aklat mula sa umpisa hanggang sa katapusan. Nang gawin niya ito, nalaman niyang ito ay totoo. Napakatindi ng damdamin kaya, habang nagbabasa siya, ipinasiya niyang sundin ang Tagapagligtas magpakailanman. Nanatili siyang tapat sa kanyang nadama.

*3. Malalaman ito ng ilan sa pamamagitan ng pagsunod*. Maaaring kasama kayo sa mga makakaalam sa pamamagitan ng pagsunod lamang sa mga bagay na itinuturo ng aklat. Ang ilang tao ay nagkakaroon ng patotoo sa pamamagitan ng paggawa (tingnan sa Juan 7:17). Naunawaang mabuti ni Nephi, isang propeta sa Aklat ni Mormon, ang alituntuning ito. Isinulat niya na upang "lubos ko silang mahikayat na maniwala sa Panginoon nilang Manunubos . . . *[inihalintulad] ko sa amin ang lahat ng banal na kasulatan,* upang ito ay maging para sa aming kapakinabangan at kaalaman" (1 Nephi 19:23; idinagdag ang pagbibigay-diin). Sa paghahalintulad, o pag-aangkop, ng mga turo ng Aklat ni Mormon sa sarili ninyong buhay, mahihikayat rin kayo na banal ang pinagmulan nito.

*4. Ito ay malalaman ng ilan sa pamamagitan ng pagtatanong sa Diyos*. Maaaring kasama kayo sa mga makakaalam sa pamamagitan ng pagbabasa mula sa Aklat ni Mormon at pagkatapos ay mananalangin na itinatanong sa Ama sa Langit kung ang aklat ay totoo. Ito ang naranasan ko. Ito ang nakasisiglang pangako ng isa pang propeta sa Aklat ni Mormon, si Moroni, sa lahat ng taos-pusong naghahanap ng katotohanan: "Masdan, nais kong ipayo sa inyo na kung inyong mababasa ang mga bagay na ito . . . na itanong ninyo sa Diyos, ang Amang Walang Hanggan, sa pangalan ni Cristo, kung ang mga bagay na ito ay hindi totoo; at kung kayo ay magtatanong nang may matapat na puso, na may tunay na layunin, na may pananampalataya kay Cristo, kanyang ipaaalam ang katotohanan nito sa inyo, sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo" (Moroni 10:3–4). Pinatototohanan ko na kung inyong babasahin at ipagdarasal ang Aklat ni Mormon,







PAGLALARAWAN NINA CRAIG DIMOND AT HENRIK ALS

## ANG PANGAKO NI MORONI

Sa katapusang bahagi ng Aklat ni Mormon, nangako ang isang propetang nagngangalang Moroni na kung babasahin natin ang Aklat ni Mormon, pagbubulay-bulayin ang mensahe nito sa ating puso, at tatanungin ang Diyos sa panalangin kung ito ay totoo, sasagutin tayo ng Diyos sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo (tingnan sa Moroni 10:3–5).

Ang personal na paghahayag ay pansarili. Dumarating ito sa iba't ibang paraan at sa iba't ibang panahon sa bawat isa sa atin alinsunod sa kalooban ng Panginoon. Ang pag-unawa sa sumusunod na mga alituntunin ay makakatulong sa inyo na malaman ito mismo sa inyong sarili.

**1. Pag-isipan Ito**

Bago tayo inanyayahang manalangin, inanyayahan tayo ni Moroni na magbulay-bulay. Ang ibig sabihin ng magbulay-bulay ay mag-isip nang malalim. Itanong sa inyong sarili: Ano ang pakiramdam ko kapag binabasa ko ang Aklat ni Mormon? Bakit gayon ang pakiramdam ko? Ano ang natutuhan ko? Mabuti ba?

Itinuro ng Panginoon ang alituntuning ito kay Oliver Cowdery: "Wala kang inisip maliban sa ito ay itanong sa akin. Subalit, masdan, sinasabi ko sa iyo, na kailangan mong pag-aralan ito sa iyong isipan; *pagkatapos* kailangang itanong mo sa akin kung ito ay tama" (D at T 9:7–8; idinagdag ang pagbibigay-diin).

**2. Masigasig na Manalangin**

Kailangan ang matamang pag-iisip para maituon ang ating isipan at pansin sa banayad na mga sagot ng Espiritu Santo. Siguro isang dahilan iyan kaya sinabi ni Enos sa Aklat ni Mormon na ang kanyang panalangin ay isang "pakikipagtunggali . . . sa harapan ng Diyos" (Enos 1:2).

Kapag kayo ay nagbabasa, nagbubulay-bulay, o nananalangin, humanap ng oras at lugar na di-gaanong magulo hangga't maaari. Humanap ng lugar na matutulungan kayong magtuon ng pansin. Ang pagdarasal nang malakas ay makakatulong sa pagtutuon ng inyong isipan.

**3. Magtanong nang Wasto**

Sinabi ng Panginoon kay Oliver Cowdery na huwag lamang basta humiling kundi itanong kung ang hinihiling niya ay tama. Kadalasan, lalo na kapag wala tayong karanasan sa pagtanggap ng mga sagot mula sa ating Ama sa Langit, mas madaling maunawaan ang sagot sa tanong na simpleng oo o hindi ang sagot.

"Ang isang susi sa pinagbuting panalangin ay ang matutong magtanong nang wasto," pagtuturo ni Elder Richard G. Scott ng Korum ng Labindalawang Apostol.[1]

**4. Ano ang Layunin Ninyo?**

Isa sa mga susi sa pangako ni Moroni ay ang humiling tayo nang may "tunay na layunin." Nang magpunta sa kakayuhan ang 14-na-taong-gulang na si Joseph Smith para manalangin, "nanalangin siya na minimithing hindi lang makinig kundi sumunod," sabi ni Pangulong Henry B. Eyring, Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan. ". . . At dahil sa kanyang katapatan, sa mga sumunod na araw at buwan at taon ay sinagot ang kanyang panalangin nang may kaliwanagan at katotohanan."[2]


**5. Huwag Itong Palagpasin**

Hindi lahat ng paghahayag ay kagila-gilalas. Ang ilang tao ay may mga panaginip, pangitain, o pagbisita. Ngunit karamihan sa atin ay daranas ng isang bagay na tahimik at banayad, tulad ng masaya at payapang damdamin.

Itinuro ni Pangulong Spencer W. Kimball (1895–1985), ika-12 Pangulo ng Simbahan, "Sa pag-asam ng mga bagay na kagila-gilalas, maaaring hindi lubos na nakatuon ang mga tao sa patuloy na pagdaloy ng inihayag na pakikipag-ugnayan"[3]

**MGA TALA**


1. Richard G. Scott, "Paggamit sa Kaloob ng Langit na Panalangin," *Liahona,* Mayo 2007, 10.
2. Henry B. Eyring, "Panalangin," *Liahona,* Ene. 2002, 18.
3. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Spencer W. Kimball* (2006), 285.



### NAGPATOTOO ANG ISANG PROPETA

"Ang Aklat ni Mormon ay salita ng Diyos. Inaanyayahan namin kayong basahin ang napakagandang talaang ito. Ito ang pinaka-pambihirang aklat sa mundo ngayon. Mapanalangin itong basahing mabuti, at kapag ginawa ninyo ito, bibigyan kayo ng Diyos ng patotoo tungkol sa katotohanan nito tulad ng ipinangako ni Moroni (tingnan sa Moroni 10:4)."

**Pangulong Howard W. Hunter (1907–95), *The Teachings of Howard W. Hunter,* inedit ni Clyde J. Williams (1997), 54.**



### NAGPATOTOO ANG ISANG PROPETA

"Ako ay nakatanggap ng napakatinding paghahayag mula sa Panginoon tungkol sa katotohanan ng [Panunumbalik, kabilang na ang Aklat ni Mormon]. Maraming oras na ipinakita iyon sa akin nang buong kapangyarihan; at anumang sitwasyon ang maganap sa buhay ko, hangga't nakakaalala ako ang sakdal na kaalamang ito ay mananatili sa akin."

**Pangulong Lorenzo Snow (1814–1901), sa Conference Report, Okt. 1900, 61.**

at susundin ang mga bilin ni Moroni, malalaman ninyo na ito ay totoo.

**Nangako ang Diyos na Malalaman Ninyo**

Kung talagang gusto ninyong malaman, malalaman ninyo na ang Aklat ni Mormon ay totoo. Nangako ang Diyos na ibibigay ang kaalamang ito sa matatapat na naghahanap ng katotohanan, at Siya ay "Diyos ng katotohanan, at hindi maaaring magsinungaling" (Eter 3:12).

Itinuro ng isa pang propeta sa Aklat ni Mormon, si Alma, sa kanyang anak na nangako ang Diyos na Kanyang "pangangalagaan [ang aklat na ito] para sa isang matalinong layunin sa kanya, upang maipakita niya ang kanyang kapangyarihan sa mga darating na salinlahi. At ngayon masdan, isang layunin ang tinupad na niya, maging sa pagpapanumbalik sa maraming libu-libo . . . sa kaalaman ng katotohanan; at ipinakita niya ang kanyang kapangyarihan sa kanila, at kanya pa ring ipakikita ang kanyang kapangyarihan sa kanila hanggang sa mga darating na salinlahi; anupa't ang [aklat na ito] ay pangangalagaan" (Alma 37:18–19).

Ang nakahihikayat na kapangyarihan ding iyon ang matatagpuan ngayon sa natatanging aklat na ito ng banal na kasulatan, at ipapakita ito ng Panginoon sa sinumang taos na naghahangad na makaalam. Masasabi ko ito nang may katiyakan habang ginugunita ang mga panahong iyon nang unti-unti kong natututuhan ang tungkol sa Simbahan. Ngayon, dahil sa nakahihikayat na kapangyarihan ng Aklat ni Mormon, pinatototohanan ko na ang Aklat ni Mormon ay salita ng Diyos, na itinuturo nito na si Jesus ang Cristo, ang Banal na Mesiyas. Ang aklat ay malinaw na katibayan na naganap na ang Pagpapanumbalik ng Kanyang ebanghelyo at na si Joseph Smith ay propeta ng Diyos.

Kung kasama kayo sa mga tunay na naghahanap ng katotohanan, nangako ang Panginoon na malalaman ninyo. Maaari ninyong malaman sa pamamagitan ng pakikinig sa mga turo ng aklat, sa pagbabasa ng aklat, pagsunod sa itinuturo ng aklat, pagdarasal upang malaman ang katotohanan nito, o sa pinagsama-samang mga paraang ito. Ngunit malalaman ninyo. ■

**PAANO KO NALAMAN**

Bagaman nabinyagan ako sa edad na siyam, hindi aktibo ang pamilya ko sa Simbahan. Ngunit noong 13 anyos na ako, inanyayahan ako ng mga misyonero na magsimba, at nagsimba ako. Dumalo rin ako sa seminary. Ang kursong pinag-aaralan noon ay Doktrina at mga Tipan, na tila nakakalito sa akin. Hirap na hirap ako noong unawain ang tungkol kay Joseph Smith at sa Aklat ni Mormon. Gusto kong makilala ang Diyos, ngunit hindi ko tiyak kung paano o saan.

Sa paglipas ng panahon pinag-isipan kong mabuti ang mga pinag-usapan namin ng mga misyonero. Pinag-isipan ko ang seminary. Pinag-isipan ko ang mga pinag-usapan namin ng mga miyembro ng ibang mga relihiyong Kristiyano. May mga pagkakataong ipinagdasal kong malaman ang tama, ngunit dumaan lamang ito sa isip ko at hindi isang matapat na tanong. Pagkatapos isang gabi ay ipinasiya kong manalangin nang may "tunay na layunin."

Sinabi ko sa Ama sa Langit na gusto ko Siyang makilala at maging bahagi ng Kanyang tunay na Simbahan. Nangako ako: "Kung ipapaalam po Ninyo sa akin kung si Joseph Smith ay tunay na propeta at kung ang Aklat ni Mormon ay totoo, gagawin ko ang anumang ipagawa Ninyo sa akin. Kung Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ang tunay na Simbahan, susundin ko ito at lagi kong ipaglalaban ito."

Wala akong nakitang kagila-gilalas na pagpapamalas, ngunit nakadama ako ng kapayapaan at natulog na ako. Pagkaraan ng ilang oras nagising ako na malinaw na nasa isip: "Si Joseph Smith ay tunay na propeta, at ang Aklat ni Mormon ay totoo." Ang kaisipang iyon ay sinamahan ng di-maipaliwanag na kapayapaan. Nakatulog akong muli, para lamang magising kalaunan na naiisip at nadarama ko pa rin iyon.


Simula noon, hinding-hindi ko na pinagdudahan na si Joseph Smith ay tunay na propeta. Alam ko na ito ang gawain ng Tagapagligtas at sasagutin ng Ama sa Langit ang ating taos na mga pagsamo.

**Rodolfo Armando Pérez Bonilla, El Salvador**

LARAWANG KUHA NI CODY BELL

# ISANG TINIG
## MULA SA ALABOK

**Ang Aklat ni Mormon ay nagsasalita ng katotohanan sa mundo sa ating panahon. Hayaan itong maghatid ng liwanag at katotohanan sa inyong buhay. (Tingnan sa Moroni 10:27.)**



# Pag-aalab
## SA AKING PUSO

*Ang araw na natuto siyang bumasa ang siya ring araw na nagkaroon si Eduardo ng patotoo sa Aklat ni Mormon at sa kapangyarihan nito.*



***Para kay Eduardo Contreras, na nasa retrato sa itaas kasama ang kanyang asawang si María, ang Aklat ni Mormon ang naging daan para siya matutong bumasa at sumulat. "Nadarama ko ang Espiritu sa tuwing bubuklatin ko ito para basahin," sabi niya.***

**Ni Michael R. Morris**
Mga Magasin ng Simbahan

"Laging sinasabi noon ng lolo ko, 'Kung nais nating may marating, kailangan tayong matutong bumasa,'" sabi ni Eduardo Contreras. "Tama ang lolo ko."

Gayunman, para kay Eduardo, mahabang panahon ang kailangan para matutong magbasa. Bilang isa sa limang anak na pinalaki ng kanyang balong ina sa lungsod ng Córdoba, Argentina, tumigil siya sa pag-aaral noong walong taong gulang siya at nagtrabaho para tumulong sa pagsuporta sa kanyang pamilya.

"Mahirap na mahirap kami noon," paggunita niya. Upang mapagkasya ang kinikita, si Eduardo ay nag-shine ng mga sapatos, gumawa ng hollowblocks, namitas ng patatas, nagtinda ng diyaryo, at nagkaroon ng iba pang panandaliang trabaho hanggang sa permanente siyang nakapagtrabaho sa pamahalaang lungsod noong siya ay binata na.


Sa paglipas ng mga taon, si Eduardo ay nag-asawa at nagsimula na ng sarili niyang pamilya. Nang magsimula nang mag-alisan sa tahanan ang kanyang limang anak, hindi pa rin siya marunong magbasa at kakaunti lamang ang posibilidad niyang matutong bumasa. Nagbago iyan isang araw nang paalisin niya ang ilang batang lalaki sa kanilang lugar na nangangantiyaw sa mga misyonerong Banal sa mga Huling Araw sa tapat ng kanyang tahanan. Pinapasok niya ang mga misyonero, at hindi nagtagal ay tinuturuan na siya at ang kanyang asawang si María.

"Hirap akong maunawaan ang kahit anong sabihin nila dahil hindi sila gaanong makapagsalita ng wikang Espanyol," paggunita ni Eduardo, "ngunit may ipinakita sila sa aking polyeto na may mga larawan ng Tagapagligtas at ni Propetang Joseph Smith na nasa Sagradong Kakahuyan. Nagandahan ako sa mga larawang ipinakita nila at sa mga bagay na itinuro nila sa amin."

Hindi nagtagal napalitan ang mga misyonerong iyon, at mayroon nang isang marunong magsalita ng Espanyol. Sina Eduardo at María, na namatayan ng sanggol na anak na babae ilang taon na ang nakalilipas, ay naantig sa pelikula ng Simbahan na *Ang Pamilya ay Magsasama Magpakailanman.* Hindi nagtagal, sila, kasama ang bunso nilang anak na si Osvaldo ay nabinyagan.

Nang mabinyagan si Eduardo noong 1987, hinangad din niyang palakasin ang kanyang patotoo sa pamamagitan ng pagbabasa ng Aklat ni Mormon. "Paano ako matututong magbasa?" tanong niya sa kanyang asawa. Sinabihan siya ni María na tumingin sa mga letra, pagsamahin ang mga ito sa kanyang isipan, sikaping bigkasin ang tunog ng mga salita, at pagkatapos ay sikaping basahin ito nang malakas.

LARAWANG KUHA NI MICHAEL R. MORRIS



### PINAGMUMULAN NG INSPIRASYON AT LAKAS

"Ano ang kabuluhan sa inyo ng Aklat ni Mormon? Pinagmumulan ba ito ng inspirasyon at lakas sa inyong buhay? Patuloy ba itong magiging gayon?

"Kung hindi pa kayo lubos na nakibahagi sa bukal na ito ng dalisay na katotohanan, buong kaluluwa ko kayong hinihikayat na gawin na ninyo ito ngayon. Huwag hayaang ang palagiang pag-aaral ng Aklat ni Mormon ay maging isang bagay na balak lamang ninyong gawin ngunit hindi naman ninyo ginagawa. Magsimula ngayon."

**Elder Richard G. Scott ng Korum ng Labindalawang Apostol, "The Power of the Book of Mormon in My Life," *Ensign,* Okt. 1984, 11.**

Sa pamamagitan ng pagsasanay, tiniyak niya sa kanya, siya ay matututo ring bumasa.

Alam ni Eduardo, na noon ay 45 anyos, ang mga tunog ng maraming letra, ngunit hindi niya sinubukang magbasa mula nang matigil sa pag-aaral halos apat na dekada na ang nakalilipas.

## May Pag-aalab sa Aking Puso

May panalangin sa kanyang puso na naupo si Eduardo isang araw ng tag-init sa malilim na lugar sa bakuran ng kanyang tahanan. "Doon," sabi niya, "nagpasiya akong subukan ang pagbabasa."

Sinabi ni María na hindi niya akalain ang sumunod na nangyari. Habang may ginagawa siya sa kusina, paminsan-minsan niyang pinakinggan si Eduardo na nagtatangkang bigkasin ang mga letra at salita. "Bigla ko na lang siyang narinig na nagsasalita nang mabilis," sabi niya. "Nakinig ako at natanto ko na nakakabasa na siya—nang mahusay. Wala pang kalahating oras ang nakalipas ay nakakabasa na siya!"

Marubdob ang pagsisikap ni Eduardo kaya't hindi niya natanto na nagbabasa na siya. Ngunit habang nagbabasa siya, "Nakadama ako ng pag-aalab sa aking puso," paggunita niya. Gulat na gulat na tinawag ni Eduardo ang kanyang asawa, "Mami, anong nangyayari sa akin?"

"Iyan ang Espiritu ng Panginoon," sagot ni María. "Mahusay ka nang magbasa!"

Sa paggunita sa nangyari, sinabi ni María, "Isang bagay iyon na hindi namin maikakaila."

Dagdag pa ni Eduardo, "Ang araw na natuto akong bumasa ang siya ring araw na nagkaroon ako ng patotoo sa Aklat ni Mormon at sa kapangyarihan nito."

Magmula noon, nagsimula nang gumising si Eduardo nang alas-4:00 n.u. para basahin ang Aklat ni Mormon bago pumasok sa trabaho. Pagkatapos ay binasa niya ang Doktrina at mga Tipan, at sumunod ang Biblia. May aklatan na ngayon ang tahanan ng mga Contreras, kung saan iilang aklat lang ang naroon bago ang taong 1987.

Habang lumalago ang kaalaman nina Eduardo at María sa ebanghelyo, lumalago rin ang kanilang patotoo. Nang mamatay ang kanilang anak na si Osvaldo sa isang aksidente noong 2001, ang kanilang patotoo—lakip ang matinding espirituwal na mga karanasan habang nagdarasal sa Buenos Aires Argentina Temple, kung saan nabuklod sila at si Osvaldo—ang tumulong sa kanila na makayanan ang pagkawala ng kanilang anak.

"Kung ibang magulang iyon, baka nabaliw na sila," sabi ni Eduardo, "ngunit nakadama kami ng kapanatagan na nagsasabing, 'Maganda ang kalagayan ng inyong anak.'Siyempre umiyak kami. Siya ay mabuting anak, at nangungulila kami sa kanya. Ngunit nabuklod kami sa templo, at alam namin kung nasaan siya ngayon."

## Ang Liwanag na Hatid ng Pagkatutong Bumasa at Sumulat

Salamat sa pagtuturo ng isang miyembro ng kanyang ward, si Eduardo ay natuto ring sumulat. "Noon," sabi niya, "ni hindi ko mailagda ang pangalan ko."


Sa liwanag na hatid ng pagkatutong bumasa at sumulat, naunawaan ni Eduardo ang katotohanan ng mga salita ng kanyang lolo.

"Narito tayo sa lupa upang unti-unti tayong umunlad sa bawat araw," sabi niya. Sa pagkatutong bumasa at sumulat, dagdag pa niya, ipinakikita niya sa kanyang mga anak at apo na hindi pa huli ang lahat para matuto, humusay, at marating ang nais ng Diyos na marating natin. "Dahil nakakabasa ako, may natututuhan akong bago sa bawat araw," sabi niya.

Ngayon ay nababasa na ni Brother Contreras ang anumang gusto niyang basahin, kabilang na ang mga diyaryo na itininda niya noong bata pa siya at hindi pa marunong bumasa at sumulat. Ang mga banal na kasulatan pa rin ang mga paborito niyang aklat, lalo na ang Aklat ni Mormon. Walong beses na niya itong nabasa mula sa simula hanggang wakas.

"Para sa akin ang Aklat ni Mormon ang naging daan," sabi niya, na nagpapasalamat pa rin sa pagbabagong idinulot sa kanyang buhay ng kaalaman sa pagbasa at pagsulat at ng ebanghelyo. "Ang Aklat ni Mormon ang lahat para sa akin. Ito *ang* lahat-lahat para sa akin. Nadarama ko ang Espiritu sa tuwing bubuklatin ko ito para basahin." ■

# SAAN KO MAKIKITA ANG MGA SAGOT?



*Isang gabi dahan-dahan akong nagpunta sa kusina—na nakahiwalay nang bahagya sa bahay namin—at tinanong ko ang Ama sa Langit kung totoo ang Simbahan.*

Noong ako ay 21 anyos, ang mga misyonero ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ay nagtuturo ng Ingles sa aming lugar sa Russia. Noong una ay dumalo ako para matuto ng Ingles, pero hindi nagtagal ay ipinasiya kong makinig sa mga espirituwal na kaisipang ibinahagi ng mga elder pagkatapos ng klase at magtanong sa kanila.

Pinalaki ako sa nangungunang relihiyon sa aking bansa, pero marami akong tanong na hindi nasasagot. Nasagot ng mga misyonero at miyembro ng kanilang Simbahan ang mga tanong na hindi nabigyan ninuman noon ng kasiya-siyang sagot.

Pagkatapos ng isang klase namin sa Ingles, lakas-loob akong humingi sa mga misyonero ng kopya ng kanilang aklat, ang Aklat ni Mormon. Pero pagdating ko sa bahay, itinabi ko lang ito sa estante.

Gayunman, hindi naman ito nagtagal doon. Narinig ko na sa mga miyembo ng Simbahan na dumadalo sa klase sa Ingles na may mga solusyon ang mga banal na kasulatan sa mga problema. Kaya nang magkaroon ako ng personal na mga hamon o problema, kinuha ko ang Aklat ni Mormon sa estante at sinimulan kong magbasa. Totoo ngang nakita ko ang mga sagot—ang uri ng mga sagot na nagsabi sa akin ng mismong kailangan kong malaman.

Sa puntong iyon nadama ko na hindi ko kayang mabuhay nang wala ang Simbahan. Dito ko gustong mapabilang. Dito ko nadama na kabilang ako.

Gayunpaman, gusto kong makatiyak sa pamamagitan ng pagtatanong sa Diyos. Ang problema ay nakatira ako sa isang maliit na apartment na iisa ang kuwarto kasama ang may-ari ng aking tinutuluyan, na may edad nang babae, at walang pribadong lugar kung saan maaari akong magdasal. Pero isang gabi dahan-dahan akong nagpunta sa kusina—na nakahiwalay nang bahagya sa bahay namin—at tinanong ko ang Ama sa Langit kung totoo ang Simbahan. Matinding damdamin ang naging sagot sa akin kaya nalaman ko ang kailangan kong gawin.

Hindi nagtagal at nabinyagan ako, at ang pagiging miyembro ko sa Simbahan ang naging pinakamaligayang sandali sa buhay ko. Kung noon ay may mga katanungan ako, ngayon ay nasagot na ang mga ito. Kung noon ay nakadama ako ng kahungkagan, ngayon ay masaya na ako.

Nagpapasalamat ako na sinasagot tayo ng Ama sa Langit. Alam ko na mangungusap Siya sa atin, sa panalangin at sa mga banal na kasulatan. ■

Olga Ovcharenko, Sverdlovsk Oblast, Russia

MGA PAGLALARAWAN NI BJORN THORKELSON

# NAKADAMA AKO NG PAG-AALAB SA AKING PUSO

Kinalakihan ko na ang pagdalo sa Sunday School sa isang simbahan sa tabi ng bahay namin noong bata pa ako sa Michigan, USA. Nagkaroon ako ng isang guro na nagpadama sa akin ng pagmamahal kay Jesucristo.

Bawat linggo ay nagpapasa siya ng mga kard na naglalarawan ng mga kaganapan sa mortal na ministeryo ng Tagapagligtas, pati na ng mga alituntuning itinuro Niya at mga himalang ginawa Niya. Bawat linggo ay idinidikit ko ang mga kard sa isang scrapbook at paulit-ulit na binasa ang mga kuwento sa Biblia. Habang lumalaki ako, patuloy kong pinag-aralan ang mga Evangelio sa Bagong Tipan.

Pagkaraan ng ilang taon, noong tag-init ng 1968, bumisita ang mga misyonero ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw sa bahay ng isang kapamilya ko. Tinanggihan niya ang imbitasyon ng mga elder na alamin pa ang tungkol sa Simbahan ngunit pinapunta niya sila sa bahay ko.

Sa unang pagkikita namin itinuro sa akin ng mga misyonero na "ang pagtaliwakas" ay naganap mula sa Simbahang itinatag ni Jesucristo (tingnan sa II Mga Taga Tesalonica 2:3). Ang itinuro nila ay umayon sa personal kong pag-aaral, kaya nang itanong nila kung maaari nila akong bisitahing muli, pumayag ako.

Nang muli silang bumisita, may listahan na ako ng mga tanong. Nagbibinyag ba ang mga Banal sa mga Huling Araw sa pamamagitan ng paglulubog? Naniniwala ba sila sa awtoridad ng priesthood? Naniniwala ba sila sa pagpapagaling ng maysakit? Ang kanilang mga sagot ay sumuporta sa napag-aralan ko sa Bagong Tipan. Sa katapusan ng pagbisita, iniwan nila sa akin ang isang aklat na sinabi nilang nagpapatotoo kay Jesucristo.

Inilapag ko ang aklat sa ibabaw ng TV at natulog na ako. Ngunit pagsapit ng hatinggabi, ginising ako ng isang matinding damdamin na kalaunan ay natuklasan ko na iyon ang Espiritu Santo. Nahikayat akong simulan ang pagbabasa, kaya nagbasa ako nang isang oras at kalahati bago ako nagbalik sa higaan. Hindi nagtagal, muli akong nagising na gayon pa rin ang damdamin, kaya nagbasa pa ako.

Naulit ito nang sumunod na dalawang gabi. Gustung-gusto ko ang binabasa ko at naunawaan ko na nagpapatotoo ang Aklat ni Mormon tungkol kay Jesucristo.

Nagpasiya akong humingi ng patnubay sa Diyos. Sa kauna-unahang pagkakataon simula noong bata ako, lumuhod ako para manalangin. Hiniling ko sa Ama sa Langit na tulungan akong malaman ang aking gagawin sa nadarama kong pag-aalab sa aking puso. Pagkatapos kong manalangin, nahikayat akong muling basahin ang kuwento tungkol sa pagbabalik-loob ng mga Lamanita sa 3 Nephi 9. Nabasa ko na sila "ay nabinyagan ng apoy at ng Espiritu Santo, at hindi nila nalalaman ito" (talata 20).

Nangusap sa akin ang mga salitang "hindi nila nalalaman ito." Naisip ko: "Talagang narito sa mundo ang Simbahan ni Jesucristo!" Nasabik akong kausapin ang mga misyonero tungkol sa nabasa at nalaman ko. Ngunit nang sagutin nila ang mga tanong ko kasama ang paanyayang magpabinyag, hindi ako pumayag. Hindi iyon mauunawaan ng asawa ko.

Gayunman, habang patuloy kong pinag-iisipan ang talatang iyon, natanto ko na naroon ang malinaw na utos sa akin na mag-alay ng "bagbag na puso at nagsisising espiritu." Nanalangin ako at hiniling ko sa aking Ama sa Langit na tulungan ako, na ginawa naman Niya. Matapos making ang aking asawa sa mga talakayan ng misyonero, pumayag na siyang mabinyagan ako.

Napakalaki ng pasasalamat ko sa mapagmahal na Ama sa Langit sa napakahalaga at napakagandang karanasan kong iyon bilang bata pang ina na mabasa ang Aklat ni Mormon. Inakay ako nito sa ipinanumbalik na ebanghelyo ni Jesucristo. Dahil dito, ang impluwensya ng Espiritu Santo na nadama ko sa mga gabing iyon noong 1968 ay isa na ngayong palagiang kaloob—isang bagay na pumatnubay sa akin sa loob ng mahigit 40 taon ko bilang miyembro ng Simbahan. ■

Claudia Williams, Florida, USA



***Inilapag ko ang aklat sa ibabaw ng TV at natulog na ako. Ngunit pagsapit ng hatinggabi, nahikayat akong simulan ang pagbabasa.***

# NANGUSAP SA AKIN ANG AKLAT NI MORMON

Noong dalawang taong gulang ang aming bunsong anak na si Amanda, siya ay nasuring may leukemia. Mahirap ang sakit niya, at ang kanyang kanser ay hindi naalis pagkatapos ng chemotherapy. Kinailangan niyang sumailalim sa bone marrow transplant.

Habang ang aking asawa at dalawang anak ay nasa aming tahanan sa Utah, ako ang kasama ni Amanda sa ibang estado mula Setyembre hanggang sa unang bahagi ng Enero. Hindi kami nagkasama-sama sa Pasko, ngunit sa pagtatapos ng gamutan, umuwi na kami.

Sa unang pagpunta namin sa ospital para sa checkup matapos makauwi, nakakita muli ang mga doktor ng mga leukemia cell sa dugo ni Amanda. Hindi nagtagumpay ang transplant. Sa pagkarinig sa balita, para akong lulubog sa kinatatayuan ko. Ang pamilya namin ay dumanas nang labis na pagaalala, pagod, pagkahiwalay sa isa't isa, at paghihirap. Ngayon ay mawawala rin pala ang aming anak.

Umuwi ako sa bahay nang hapon na iyon sa dalawa kong anak na lalaki. Habang naghihintay kami sa paguwi ng aking asawa mula sa trabaho, kinuha namin ang mga kopya namin ng Aklat ni Mormon at nagsimulang magbasa. Nasa 2 Nephi 9 kami noon. Habang nagbabasa kami, ang sumusunod na salita ay nangusap sa akin:

"Sinasabi ko sa inyo ang mga bagay na ito upang kayo ay magsaya, at itaas ang inyong mga ulo magpakailanman, dahil sa mga pagpapalang ipagkakaloob ng Panginoong Diyos sa inyong mga anak.

"Sapagkat nalalaman kong marami sa inyo ang nagsaliksik na mabuti, upang malaman ang mga bagay na mangyayari; kaya nga alam kong nalalaman ninyo na ang ating laman ay tiyak na manghihina at mamamatay; gayunman, sa ating mga katawan ay makikita natin ang Diyos. . . .

"Sapagkat kung paanong ang kamatayan ay napasalahat ng tao, upang matupad ang maawaing plano ng dakilang Lumikha, talagang kinakailangang magkaroon ng kapangyarihan ng pagkabuhay na mag-uli. . . .

"O kaydakila ng kabutihan ng ating Diyos, na naghanda ng daan upang tayo ay makawala mula sa mahigpit na pagkakahawak ng kakila-kilabot na halimaw na ito; oo, yaong halimaw, na kamatayan. . . .

"At siya ay paparito sa daigdig upang kanyang mailigtas ang lahat ng tao kung sila ay makikinig sa kanyang tinig; sapagkat masdan, kanyang titiisin ang sakit ng lahat ng tao, oo, ang sakit ng bawat nilalang, kapwa lalaki, babae, at mga bata, na kabilang sa mag-anak ni Adan.

"At titiisin niya ito upang ang pagkabuhay na mag-uli ay maganap sa lahat ng tao, upang ang lahat ay tumayo sa harapan niya sa dakila at araw ng paghuhukom" (2 Nephi 9:3–4, 6, 10, 21–22).

Habang binabasa ko ang mga salitang ito, napuspos ng Espiritu Santo ang silid. Dama kong alam ng aking Ama sa Langit ang balitang natanggap ko nang araw na iyon. Dama ko na ang mga salitang isinulat ng propetang si Jacob mahigit 2,000 taon na ang nakararaan ay isinulat sa akin para sa araw na iyon at tuwirang nagmula sa Tagapagligtas. Alam Niya ang hirap at lungkot na nadama ko nang marinig kong mamamatay ang aming anak. At naroon Siya upang panatagin ang aming pamilya lakip ang Kanyang pangakong naglaan Siya ng daan at balang-araw, sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Pagkabuhay na mag-uli, "sa ating mga katawan ay makikita natin ang Diyos."

Nabuhay nang halos isa pang taon si Amanda, ngunit hindi ko malilimutan ang araw na iyon nang mangusap sa akin ang mga salita ng Aklat ni Mormon sa sandali ng aking pangangailangan at binigyan ako ng Panginoon ng pag-asa, kapanatagan, at pang-unawa tungkol sa Kanyang plano. ■

Gina Baird, Utah, USA



***Habang nagbabasa ako, napuspos ng Espiritu Santo ang silid. Dama kong alam ng aking Ama sa Langit ang balitang natanggap ko nang araw na iyon.***



*Tinanong ko ang Ama sa Langit, "Totoo po ba ang Aklat ni Mormon, at kung totoo, kailan ako dapat magpabinyag?"*

# SINUBUKAN KO ANG PANGAKO NI MORONI

Ilang taon na ang nakararaan nasa bahay ako ng isang kaibigan nang makilala ko ang dalawang binatang nakadamit nang disente na nagpakilalang mga misyonerong Banal sa mga Huling Araw. Para sa akin kakatwa na nagpunta pa sila sa Italy para turuan ang mga taong naniniwala na sa Tagapagligtas.

Maya-maya pa ay inanyayahan ko silang pumunta sa bahay ko. "Kung gusto ninyo, bisitahin ninyo ako at pag-usapan natin ang kani-kanyang kultura natin," sabi ko. "Pero huwag ninyong isiping magpapalit ako ng relihiyon."

Nang magkita kaming muli nang sumunod na gabi, binanggit ng mga misyonero ang Aklat ni Mormon. Nagtaka ako na noon ko lamang narinig iyon. Inanyayahan ko silang magbalik, pero pagkatapos ng ikalawang pagbisita, nagpasiya ang asawa kong si Anna Maria na nahihibang sila at umaalis siya ng bahay kapag nagtuturo sila. Ako man ay medyo nahiwagaan sa mga misyonero, pero interesado akong malaman ang sasabihin nila at patuloy ko silang kinausap.

Isang gabi pag-uwi ni Anna Maria, narinig niya kaming nag-uusap tungkol sa kasal na walang-hanggan. Masyado siyang naging interesado rito, at nagpasiya kami na magkasama naming sisimulang muli ang mga talakayan. Marami siyang alam sa mga banal na kasulatan at lagi siyang maraming tanong. Nasagot kaagad ng mga elder ang ilan sa mga ito, pero ang iba ay kinailangan pa nilang saliksikin. Bawat linggo ay walang palya silang nagbalik na may mga sagot, at bawat linggo ay may panibagong listahan ng mga tanong si Anna Maria.

Hindi nagtagal nang matapos namin ang lahat ng talakayan, ginulat ako ni Anna Maria nang hingin niya ang pahintulot kong magpabinyag siya. Sinabi ko sa kanya na wala akong tutol kung talagang naniniwala siya. Dumalo ako sa kanyang binyag noong Marso 5, 1995, at maganda ang pakiramdam ko habang idinaraos iyon.

Patuloy akong nagbasa tungkol sa Simbahan, at patuloy akong hinikayat ng mga misyonero. Sa wakas ay nagpasiya akong subukan ang pangako ni Moroni (tingnan sa Moroni 10:4–5). Gusto kong malaman kung totoong nagmula sa Diyos ang Aklat ni Mormon o kung isa lamang itong magandang nobela.

Isang araw ng Hunyo 1995 habang nag-iisa ako sa bahay, lumuhod ako sa dulo ng kama ko at tinanong ko ang Ama sa Langit, "Totoo po ba ang Aklat ni Mormon, at kung totoo, kailan ako dapat magpabinyag?" Bigla kong nadama sa aking puso't isipan ang malinaw na tinig na nagsabi sa akin, "Totoo ang Aklat ni Mormon." Pagkatapos ay malinaw kong naisip kung kailan ako magpapabinyag. Pagkaraan ng isang linggo muli akong nagdasal at iyon din ang natanggap kong sagot. Umapaw sa galak ang puso ko. Alam ko na ngayon na nangusap sa akin ang Diyos: ang Aklat ni Mormon ay binigyang-inspirasyon ng Diyos at si Joseph Smith ay isang tunay na propeta.

Sa wakas, noong Setyembre 17, 1995, nabinyagan ako, isang taon at kalahati simula nang makilala ko ang mga misyonero. Hindi nagtagal ang aming anak na si Aba Chiara ay naging interesado sa Simbahan at nabinyagan din siya. Noong Enero 1997 nabuklod ang aming pamilya sa Bern Switzerland Temple.

Alam namin na ito ang totoong Simbahan, na pinamamahalaan ni Jesucristo sa pamamagitan ng isang propeta at ng priesthood. Nagpapasalamat kami sa Panginoon sa Kanyang pagmamahal, sa pag-akay Niya sa amin sa mga misyonero, at sa aming kaalaman tungkol sa ebanghelyo. ■

Francesco Ferraresi, Lombardy, Italy

# Sa Bawat Wika at Tao


**Ni Lia McClanahan**
Mga Magasin ng Simbahan

Nang ipagkatiwala ni Alma, isang propeta sa Aklat ni Mormon, ang mga talaan ng kanyang mga tao sa kanyang anak na si Helaman, pinagbilinan niya ang kanyang anak na alalahanin na ang Panginoon ay may "matalinong layunin" sa pangangalaga sa mga banal na kasulatan (Alma 37:12). Ganito ang sabi niya tungkol sa mga talaan, "Ang mga ito ay iingatan at ipapasa-pasa sa bawat sali't salinlahi . . . hanggang sa ang mga ito ay maipahayag sa lahat ng bansa, lahi, wika, at tao" (Alma 37:4).

Noong 1827 natanggap ni Joseph Smith ang mga talaang iyon at pagsapit ng 1829 ay tapos na niya itong isalin sa Ingles sa pamamagitan ng kaloob at kapangyarihan ng Diyos. Ang aklat, na inilathala noong 1830, ay isang mabisang kasangkapan ng mga misyonero sa paghihikayat sa mga mambabasa na totoo ang ebanghelyo ni Jesucristo. Gayunman, dahil 5,000 kopya lang nito ang unang nailimbag, ang pagpapadala ng aklat ni Mormon sa "lahat ng bansa, lahi, wika, at tao" ay tila matagal pang mangyari.

Magkagayunman, muling tiniyak ng Panginoon ang propesiyang ito kay Joseph Smith noong 1833, na ibinabadya ang araw kung kailan "ang bawat tao ay maririnig ang kabuuan ng ebanghelyo sa kanyang sariling wika, at sa kanyang sariling salita" (D at T 90:11). Ang Aklat ni Mormon, na "naglalaman . . . ng kabuuan ng ebanghelyo ni Jesucristo" (D at T 20:9), ay may mahalagang papel na ginagampanan sa katuparan ng propesiyang ito.

Sa kalagitnaan ng 1800s dinala ng mga misyonero ang ebanghelyo sa Europa. Ang Aklat ni Mormon ay inilathala sa Danish noong 1851, na sinundan ng mga edisyon sa French, German, Italian, at Welsh noong 1852. Ngayon ang buong Aklat ni Mormon ay makukuha na sa 82 wika, na may mga piling kabanata na isinalin sa 25 pang wika. Ang propesiya na maririnig ng lahat ng tao ang ebanghelyo sa kanilang sariling wika ay unti-unting natutupad taun-taon sa pagsulong ng pagsasalin at gawaing misyonero.



*Ang nailimbag na kopya ng unang edisyon ng Aklat ni Mormon ay 5,000.*


## Ang Gawain ng Pagsasalin

Ang proseso ng pagsasalin ng Aklat ni Mormon sa bagong wika mula sa Ingles ay gumugugol kung minsan ng maraming taon. Magsisimula lang ang proseso matapos aprubahan ng Unang Panguluhan at Korum ng Labindalawang Apostol ang proyekto at sapat ang bilang ng mga miyembrong nagsasalita ng wikang iyon na magsisilbing mga tagasalin. Ang mga tagasalin at tagarepaso ay binibigyan ng mahihigpit na panuntunan at pinagbibilinang manatiling malapit sa Espiritu habang nagsasalin. Kapag tapos na ang pagsasalin, dumaraan ang teksto sa bukod na proseso ng ecclesiastical review.

Matapos ilathala, maaari nang orderin ng mga miyembro ang bagong edisyon sa pamamagitan ng Distribution Services. Marami sa mga miyembrong ito ang may kopya ng mga piniling kabanata lamang ng Aklat ni Mormon na naisalin sa kanilang wika, o, sa ilang sitwasyon, mga patotoo lamang ng mga misyonero.

## Ang Aklat ni Mormon at ang Gawaing Misyonero

Kapag binuksan ang isang lugar para sa gawaing misyonero, malaking hamon ang hindi pagkakaunawaan sa wika. Dahil walang nakalimbag na mga materyal ng Simbahan sa wikang gamit sa lugar, dapat matuto ng wikang iyon ang mga misyonero at magpatotoo nang may Espiritu. Sa ilang bahagi ng mundo, maraming tao ang nakapagsasalita ng pangalawang wika, at nabibigyan sila ng mga misyonero ng Aklat ni Mormon sa wikang iyon. Bago isinalin ang Aklat ni Mormon sa Mongolian, halimbawa, pinag-aralan



ito ng maraming miyembro sa Mongolia sa wikang Russian.

Ngunit higit na mauunawaan ang ebanghelyo kung pamilyar at malinaw itong mababasa sa katutubong wika ng isang tao. Nakita mismo ni Eric Gemmell, na naglingkod sa Slovenia Ljubljana Mission mula 2001 hanggang 2003, ang kaibhang nagagawa sa mga miyembro at investigator ng pagkakaroon ng Aklat ni Mormon sa sarili nilang wika. Nakapaglingkod na siya ng 18 buwan ng kanyang misyon bago nagkaroon ng Aklat ni Mormon sa wikang Slovenian.

Mahirap ang gawain. Sampung taon pa lamang naitatatag ang unang branch ng Simbahan. Katatanggap pa lang ng kalayaan ng Slovenia at nasa proseso pa ng pagtatanggal ng dating wikang Serbo-Croatian ng estado. Nagdala ang mga misyonero ng mga kopya ng Aklat ni Mormon sa Serbo-Croatian at Ingles, na mga wikang napag-aralan ng karamihan sa mga kabataan sa paaralan. Ngunit mas madalas kaysa hindi, tinanggihan ng mga tao ang aklat dahil hindi nila maintindihan ang alinman sa dalawang wika. Naaalala ni Eric kung gaano kalungkot magpatotoo sa mga tao tungkol sa kadakilaan at kahalagahan ng Aklat ni Mormon—at sabihin sa kanila pagkatapos na wala siyang kopya nito sa kanilang wika.

Anim na buwan bago umuwi si Eric, dumating ang unang kargamento ng mga kopya ng Aklat ni Mormon sa wikang Slovenian. Nagpulong ang branch kung saan bawat miyembro at misyonero ay tumanggap ng kopya nito. "May natatanging diwa sa paligid," pag-alaala ni Eric. Itinala niya sa kanyang journal kung ano ang pakiramdam ng mahawakan ang gayon kahalaga at pinakahihintay na aklat. "Parang mga laminang ginto na mismo ang nahawakan mo," pagsulat niya. Pagkatapos ng pulong, iniuwi ng mga misyonero ang natirang mga aklat para gamitin sa gawaing misyonero. Tuwang-tuwa si Eric at ang kompanyon niya kaya pagdating na pagdating sa

**NAGPATOTOO ANG ISANG PROPETA**


"Hindi ko maunawaan kung paano maiisip ng sinumang matalinong tao na mabubuo ng sinuman nang walang tulong ng Panginoon ang Aklat ni Mormon, na mahigit nang isandaang taong nasa atin at napatunayan na sa buong panahong ito, sa kabila ng pangungutya laban dito, sa anumang kadahilanan. Ngayon ang aklat na iyon, na isinalin ni Joseph Smith bilang kasangkapan ng Panginoon, ay nananatiling dakila. Ito ang pinakamagaling na misyonero natin sa pangangaral ng ebanghelyo; wala nang ibang makapapantay rito."

**Pangulong Heber J. Grant (1856–1945), *Gospel Standards,* tinipon ni G. Homer Durham (1941), 15.**




LARAWANG KUHA NI ERIC GEMMELL

***Sa pagsulong ng gawain ng pagsasalin, ang mga miyembro sa iba't ibang panig ng mundo, tulad nina Lea at Flora Lotrič sa Slovenia, ay nagagalak na makahawak sa unang pagkakataon ng kopya ng Aklat ni Mormon sa sarili nilang wika.***



**NAGPATOTOO ANG ISANG PROPETA**

"May kapangyarihan sa aklat na iyon na magsisimulang dumaloy sa inyong buhay sa sandaling simulan ninyong dibdibang pag-aralan ang aklat. Magkakaroon kayo ng karagdagang lakas para labanan ang tukso. Magkakaroon kayo ng kapangyarihang iwasan ang panlilinlang. Magkakaroon kayo ng lakas na manatili sa makipot at makitid na landas."

**Pangulong Ezra Taft Benson (1899–1994), "The Book of Mormon—Keystone of Our Religion,"** ***Ensign,*** **Nob. 1986, 4; nasa isyu ring ito sa pahina 52.**

apartment nila, agad nilang binuksan ang mga kahon, inilatag ang mga aklat, at kinunan ito ng retrato para maalala ang pangyayari. Hindi sila makapaghintay na maibahagi ang aklat sa mga tao. Dahil may Aklat ni Mormon na sila sa wikang Slovenian, hindi lamang naging mas madali sa mga misyonero ang paglapit sa mga tao, kundi nagkaroon din sila ng paraan upang muling mapalakas ang patotoo ng mga di-gaanong aktibong miyembro na matagal nang hindi nagsisimba.

Sa huling anim na buwan niya sa misyon, nasaksihan ni Eric ang paglago ng patotoo ng mga miyembro sa Slovenia. "Nang magkaroon sila ng Aklat ni Mormon sa wika nila," sabi niya, "talagang naunawaan nila ito. Tumimo ito sa kanilang puso." Dati, kailangan pa ng mga tagapagsalita at guro sa mga pulong ng Simbahan para mabasa sa Serbo-Croatian ang mga banal na kasulatan at ipasalin at ipapaliwanag sa iba ang ilan sa mga salita. "Parang nanlalata kami sa paggamit ng mga salitang hiram sa ibang wika," paggunita ni Eric. Nang simulan ng mga miyembro ang pagbabasa ng Aklat ni Mormon sa sarili nilang wika, "agad naragdagan ang pang-unawa nila sa ebanghelyo," sabi ni Eric.


## Sa Sarili Nilang Wika

Si Mojca Zheleznikar ay isa sa mga miyembrong sumapi sa Simbahan bago nagkaroon ng Aklat ni Mormon sa wikang Slovenian. Nagkaroon siya ng patotoo sa ebanghelyo sa pakikinig sa mga misyonero at pag-aaral ng Aklat ni Mormon sa wikang Croatian at Ingles. Nang matapos ang pagsasalin sa wikang Slovenian, binasa ni Mojca ang tekstong isinalin at nadama ang kapangyarihan ng mga salita sa kanyang katutubong wika. "Nadama kong nahayag sa akin ang katotohanan sa simpleng kalinawan at malalim na kadalisayan," paggunita niya. "Para itong tinig ng aking Lumikha na kinakausap ako sa sarili kong wika, ang wikang sinalita sa akin ng aking ina."

Gayon din ang nararanasan ng mga miyembro sa iba't ibang panig ng mundo kapag natanggap nila ang Aklat ni Mormon sa kanilang wika. Noong 2003, matapos isalin ang Aklat ni Mormon sa wikang Kekchi, ang wikang gamit ng mga Maya mula sa Guatemala at Belize, nirepaso ng mga tagasalin ang pagkakasalin kasama ang mga grupo ng mga miyembrong tagaroon. Paggunita ng isang tagasalin, "Nagtipon kami ng isang grupo ng matatagal nang miyembro sa kapilya ng Senahú para magbasa,



***Kapag natapos ang pagsasalin, ang mga miyembrong gumagamit nang gayong wika ay hinihilingang repasuhin ang teksto. Mula kaliwa: Nirerepaso nina Walter Barillas Soto, Mike Peck, Sulenny Ruby Cucul Sierra, John Bringhurst, at Josefina Cucul ang Aklat ni Mormon sa wikang Kekchi sa Cobán, Guatemala.***



## NAGPATOTOO ANG ISANG PROPETA

Sa pamamagitan ng kaloob at kapangyarihan ng Diyos naisalin [ni Joseph Smith] ang aklat na ito (Aklat ni Mormon) mula sa orihinal nitong wika, at mula sa mga nakaukit sa mga laminang ginto sa wikang nababasa natin ngayon sa mga pabalat ng aklat na ito; at naglalaman ito ng kabuuan ng walang kamatayang Ebanghelyo. Aakayin nito ang mga tao sa pagtatamo ng kaalaman ng katotohanan upang mailigtas at maibalik silang muli sa harapan ng Diyos at makibahagi sa Kanyang kaluwalhatian at sa mga buhay na walang-hanggan."

**Pangulong Joseph F. Smith (1838–1918), *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph F. Smith* (1999), 49.**

---

at tuwing matatapos namin ang bawat taludtod, nagkakaroon ng mapitagang katahimikan sa silid. Lubos ang pagkaunawa, at matinding nadama ang Espiritu. Isa iyong sagradong karanasan."

Si Elvira Tzí, isa sa mga miyembrong kasama sa pulong na iyon, ay nagpapasalamat sa pagkasalin ng Aklat ni Mormon sa wikang Kekchi dahil sa biyayang idudulot nito sa susunod na henerasyon. Sabi niya, dahil sa pagsasalin ang nakababatang mga miyembro ay "magkakaroon ng lubos na pag-unawa sa salita ng Panginoon at susundin ang mga utos ng Panginoon."

Para sa mga miyembro ng Simbahan, ang pag-aaral ng Aklat ni Mormon sa sarili nilang wika ay pinagmumulan ng di-mabilang na pagpapala. Kapag ang mga miyembro ay "mapanalanging pinag-aaralan at itinuturo ang mga banal na kasulatan," sabi ng Unang Panguluhan, "lalago ang kanilang patotoo, madaragdagan ang kanilang kaalaman, lalalim ang kanilang pagmamahal sa pamilya at sa iba, lalawak ang kakayahan nilang maglingkod sa iba, at tatangggap sila ng ibayong lakas na labanan ang tukso at ipagtanggol ang katotohanan at kabutihan."[1]

### Malalaking Pagpapala

Ang saganang mga pagpapalang dulot ng Aklat ni Mormon sa buhay ng mga nagsisipag-aral nito ay malakas na panghikayat upang ibahagi nila ang aklat sa iba, na higit na magsasakatuparan sa propesiya. Taun-taon mga apat na milyong kopya ng Aklat ni Mormon ang ipinamamahagi sa buong mundo sa mahigit 100 wika habang isa-isang nagpapatotoo ang mga miyembro at misyonero tungkol kay Jesucristo. Ang "matalinong layunin" na binanggit ni Alma noong unang panahon ay inihahayag sa lugar na naaabot ng Aklat ni Mormon at sa bawat buhay na nagbago. ■

**TALA**

1. Liham ng Unang Panguluhan, Okt. 15, 2008.

## MAKUKUHANG MGA FORMAT

Ang Aklat ni Mormon ay makukuha sa ibang mga format bukod sa nakalimbag, para bigyang-daan ang iba't ibang paraan ng pag-aaral at pagkatuto ng mga tao.

### Mga Edisyon sa Internet at Mobile

Ang Aklat ni Mormon ay mababasa na ngayon sa Internet (scriptures.lds.org) at sa mga mobile device (mobile.lds.org). Sa kasalukuyan, may 21 wika online at hindi magtatagal ay madaragdagan pa ito. Dahil sa online cross-referencing at mga tampok sa pagsasaliksik mapag-aaralan na ang mga banal na kasulatan sa iba't ibang paraan, na nagbibigay ng mga bagong kaalaman.


### Mga Audio Edition

Sa kasalukuyan, may mga audio edition ang Aklat ni Mormon sa English, Japanese, Korean, Portuguese, at Spanish. Maaari ninyong i-download nang libre ang mga nakarekord mula sa scriptures.lds.org o bilhin ang mga CD nito sa Distribution Services (store.lds.org). May mga piniling kabanata ring makukuha sa audiocassette sa wikang Cakchiquel, Mam, Navajo, Quiche, at Tzotzil. Kasalukuyang inihahanda ang mga audio edition sa iba pang mga wika.



### Iba pang mga Edisyon

Tampok ang makukulay na paglalarawan at pinasimpleng mga teksto, binibigyang-diin din ng *Mga Kuwento sa Aklat ni Mormon* ang pagkatuto ng mga nag-aaral pa lang magbasa gamit ang mga larawan. Nakalimbag ito sa mahigit 70 wika. Ang *Mga Kuwento sa Aklat ni Mormon* ay mababasa rin online sa scripturestories.lds.org Mabibili rin sa Distribution Services ang isang set ng mga DVD sa American Sign Language, isang bersyon na inilimbag sa malalaking titik (sa Ingles, Portuges, at Espanyol), at isang edisyon sa English Braille.




KALIWA SA ITAAS: LARAWANG KUHA NG BUSATH PHOTOGRAPHY; IBABA: LARAWANG KUHA NI TOD HARRIS

# MGA KARANIWANG ITINATANONG TUNGKOL
## SA AKLAT NI MORMON




*Mula man sa mga kaibigan, pamilya, sa mga talagang interesado, o kumakalaban, lahat tayo ay natatanong tungkol sa Aklat ni Mormon. Narito ang ilang posibleng sagot.*



### Ano ang Aklat ni Mormon, at paano ito inihahalintulad sa Biblia?

Ang Aklat ni Mormon ay isang aklat ng banal na kasulatan tulad ng Biblia. Ito ay isa pang tipan ni Jesucristo.[1] Tinatalakay nang lubos sa Biblia ang buhay at mga turo ng sinaunang Israel. Ang Aklat ni Mormon ay naglalaman ng mga isinulat ng ilang grupo ng mga tao na dumating sa lupain ng Amerika, kabilang ang isang pamilya na umalis sa Jerusalem noong 600 B.C. Ang mga taong iyon ay mga inapo rin ng sambahayan ni Israel. Kaya nga ang Biblia at Aklat ni Mormon ay isinulat ng mga taong may parehong pinagmulan ngunit nasa magkaibang panig ng mundo.

Tulad ng Biblia, ang Aklat ni Mormon ay higit pa sa kasaysayan. Ito ay naglalaman ng "kabuuan ng ebanghelyo ni Jesucristo" (D at T 20:9): ang mga turo, doktrina, at propesiya na nagpapatotoo tungkol sa Diyos Ama at sa Kanyang Anak na si Jesucristo.

Ipinaliwanag ni Propetang Joseph Smith na "sinasabi sa atin [ng Aklat ni Mormon] na ang ating Tagapagligtas ay nagpakita sa kontinenteng ito [lupain ng Amerika] matapos Siyang mabuhay na mag-uli; na itinatag Niya ang kabuuan, at yaman, at kapangyarihan, at pagpapala ng Ebanghelyo rito; na sila ay mayroong mga Apostol, Propeta, Pastor, Guro, at Evangelista, sa gayon ding pagkakaayos, gayon ding priesthood, gayon ding mga ordenansa, kaloob, kapangyarihan, at pagpapala, na tulad ng tinamasa sa kontinente sa silangan; . . . na ang huli sa kanilang mga propeta na nakapiling nila ay inutusang paikliin ang mga propesiya, kasaysayan, at kung anu-ano pa, at ibaon ito sa lupa, at na ito ay ilalabas at magiging kaisa ng Biblia para maisakatuparan ang mga layunin ng Diyos sa mga huling araw."[2]

Parehong pinag-aaralan ng mga miyembro ng Simbahan ang Biblia at ang Aklat ni Mormon. Sa katunayan, dalawa sa apat na taon sa kurikulum ng ating Sunday School ang nakatuon sa pag-aaral ng Biblia. (Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa paksang ito, tingnan ang mga pahina 16, 24, at 52 sa isyung ito.)

### Sino ang sumulat ng Aklat ni Mormon?

Ang mga sinaunang propeta, tulad nina Nephi, Jacob, Mormon, at anak ni Mormon na si Moroni, ang mga pangunahing may-akda nito. Tinipon at



pinaikli ni Mormon ang mga talaang iningatan ng mga propeta tungkol sa kanilang kasaysayan, mga propesiya, at mga turo. Isinama rin niya ang ilan sa sarili niyang mga karanasan. Iniukit ni Mormon ang talaang ito sa pinagsama-samang piraso ng metal—kulay ginto—na madalas tukuying mga laminang ginto.

Nang mamatay ni Mormon, tinapos ni Moroni ang talaan at ibinaon ito sa isang burol upang maingatan para sa ating panahon. Noong 1823 nagpakita si Moroni bilang isang anghel kay Joseph Smith at ipinakita sa kanya kung saan nakabaon ang talaan. Makalipas ang apat na taon, pinayagan si Joseph na kunin ang mga talaan. Kanyang "isinalin ang talaan sa pamamagitan ng kaloob at kapangyarihan ng Diyos" sa wikang Ingles mula sa sinaunang wikang nakasulat doon.[3] Pagkatapos ay inilathala at ipinamahagi niya ang Aklat ni Mormon. (Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa paksang ito, tingnan ang mga pahina 22 at 72 sa isyung ito.)

### Ano ang nangyari sa orihinal na talaan—ang mga laminang ginto?

Nakuha ni Joseph Smith ang mga lamina noong Setyembre 1827 at nasa kanya ang mga ito hanggang sa tagsibol ng 1829. Nang isulat niya ang kanyang kasaysayan noong 1838, ipinaliwanag niya ang nangyari sa mga lamina: "Alinsunod sa napagkasunduan, nang hingin ng sugo [na si Moroni] ang mga iyon ay ibinigay ko yaon sa kanya; at ang mga yaon ay nasa kanyang pag-iingat magpahanggang sa araw na ito, na ikalawang araw ng Mayo, isanlibo walong daan at tatlumpu't walo" (Joseph Smith—Kasaysayan 1:60).

**Sino pa ang nakakita sa mga laminang ginto?**

### Sino pa ang nakakita sa mga laminang ginto?

Bukod kay Joseph Smith, may ilan pang kalalakihan at kababaihan ang nakakita sa mga lamina at pinatotohanan na mayroon nga nito. Higit sa lahat ang labingisang kalalakihan, na kilala bilang ang Tatlong Saksi at ang Walong Saksi, ay sumulat ng kanilang mga patotoo na nakita nila ang mga lamina at, sa Walong Saksi naman, nahawakan nila ang mga lamina. Ang kanilang mga patotoo ay nakalakip sa unahan ng bawat kopya ng Aklat ni Mormon.

Ang kalalakihang ito ay nagsisilbing matitibay na saksi sa Aklat ni Mormon, marahil ay higit pa rito dahil ang ilan sa kanila ay



"[minsang] kumalaban kay Joseph," pagpapatibay ni Elder Jeffrey R. Holland ng Korum ng Labindalawang Apostol. Gayunman, sila "ay nagpatotoo hanggang sa kanilang kamatayan na nakakita sila ng anghel na nag-abot sa kanila ng mga lamina. 'Ang mga ito ay ipinakita sa amin sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Diyos, at hindi ng tao,' sabi nila. 'Kung kaya't nalalaman namin nang may katiyakan na ang gawa ay totoo.'"[4]

### May nakikita at nahahawakan bang katibayan na totoo ang Aklat ni Mormon?

Bagama't hindi natin ibinabatay ang ating pananampalataya sa nahahawakan at nakikitang katibayan, may katibayan sa lingguwistika, kasaysayan, at arkeolohiya para sa Aklat ni Mormon.

MGA PAGLALARAWAN NI ROBERT CASEY





Halimbawa, ang pagsusulat sa mga laminang metal ay pinagtatawanan noon, ngunit sa nakalipas lamang na mga taon napakaraming halimbawa ng mga sagradong tala na nasa mga laminang metal—ang ilan na nakatago sa kahon na yari sa bato—ay natagpuan.

Napansin ng mga linguwista na ang mga salita at parirala sa Aklat ni Mormon na asiwang pakinggan sa Ingles ngunit may ganap na kabuluhan sa Hebreo at kaugnay na mga wika na alam ng mga tao sa Aklat ni Mormon—ay mga wikang hindi alam ng batang si Joseph Smith.

Ngunit hindi ang ganitong uri ng mga katibayan ang nakahihikayat sa atin na paniwalaan ang katotohanan ng Aklat ni Mormon. Ito ay ang pananampalataya at personal na paghahayag.

**Paano ko malalaman na totoo ang Aklat ni Mormon?**

Ang nag-iisang tiyak na paraan para malaman sa iyong sarili ay sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo. Ang huling kabanata sa Aklat ni Mormon ay nag-aanyaya sa sinuman na basahin ito, pagnilayan ito, at taos-pusong hangaring malaman kung ito ay totoo sa pamamagitan ng pagtatanong sa Ama sa Langit sa pangalan ni Jesucristo. Malalaman ng mga taong gagawa sa hakbang na ito sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo na ang aklat ay totoo (tingnan sa Moroni 10:3–5). Milyun-milyong miyembro ng Simbahan ang nanalangin at nalaman nila sa pamamagitan ng pagpapatotoo ng Espiritu Santo na ang Aklat ni Mormon ay totoo. (Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa paksang ito, tingnan ang mga pahina 4, 60, at 80 sa isyung ito.)

**Naguguluhan ako sa Apocalipsis 22:18–19, na nagsasabi sa atin na huwag magdagdag ng anumang bagay sa salita ng Diyos.**

Isa sa mahahalagang pinaniniwalaan natin ay na palaging inihahayag at ihahayag ng Diyos ang Kanyang kalooban sa Kanyang mga anak sa mundo. Naniniwala tayo na ang Biblia ay salita ng Diyos ngunit hindi tayo naniniwala na taglay nito ang lahat ng paghahayag ng Diyos na ibinigay o ibibigay sa Kanyang mga propeta. Patuloy pa rin Niyang inihahayag ngayon ang kanyang kalooban sa pamamagitan ng mga buhay na propeta at apostol, ang saligan ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw (tingnan sa Mga Taga Efeso 2:20).

Nang isulat ni Apostol Juan ang aklat ng Apocalipsis, hindi ito ang huling aklat ng Biblia. Ang Luma at Bagong Tipan ay hindi pinagsama sa iisang aklat ng mga banal na kasulatan—na tinatawag ngayong Biblia—hanggang sa ikatlong siglo A.D.

Sa gayon ding paraan, sinasabi sa atin ng Deuteronomio 4:2 na huwag dagdagan ang mga salita ni Moises. Mangyari pa, ang talatang ito, na nasa unang bahagi ng Lumang Tipan, ay hindi nagpawalang-kabuluhan sa buong Biblia. Hindi tutukuyin ni Moises o ni Juan na baguhin ang isang aklat na hindi pa nalilimbag; sa halip nagbabala sila laban sa pagbabagong

**UPANG MARAMI PANG MATUTUHAN TUNGKOL SA AKLAT NI MORMON**

Napakaraming impormasyong makukuha online sa ilang mga wika na makatutulong sa inyo upang marami pang matutuhan tungkol sa Aklat ni Mormon at ibahagi ang impormasyong iyan sa inyong pamilya at mga kaibigan.

- Para mabasa ang Aklat ni Mormon online, bisitahin ang scriptures.lds.org/bm.
- Para marami pang matutuhan tungkol sa Aklat ni Mormon, para makapagtanong, o makausap ang mga misyonero, pumunta sa mormon.org/book-of-mormon.
- Para makahingi ng libreng kopya, bisitahin ang mormon.org/free-book-of-mormon.
- Para sa karagdagang impormasyon, mga artikulo, at paliwanag, tingnan sa lds.org/study/topics/book-of-mormon?lang=eng.

gagawin sa mga totoong turo ng ebanghelyo.

Ang Aklat ni Mormon, na naglalaman ng kabuuan ng ebanghelyo, ay hindi binabago ang salita ng Diyos kundi pinagtitibay ito. (Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa paksang ito, tingnan ang mga pahina 24 at 38 sa isyung ito.)

**Narinig ko na may mga pagbabagong ginawa sa Aklat ni Mormon mula noong una itong mailathala. Ano ang binago at bakit?**

Ang sagot sa tanong na ito ay nakabatay sa pagkaunawa tungkol sa proseso ng pagsasalin at paglalathala ng Aklat ni Mormon.

1. Habang isinasalin ni Joseph Smith ang mga laminang ginto sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Diyos, idinidikta niya ang mga salita sa isang tagasulat. Paminsanminsan nagkakamali sa pagbabaybay at gramatika ang mga tagasulat habang isinusulat nila ang kanyang mga sinasabi. Halimbawa, sa 1 Nephi 7:20 ang mga salitang "were sorrowful" ay naisulat nang "ware sarraful." Ang mga tagasulat ay nakapag-aral naman, ngunit ang pagbabaybay sa panahong iyon ay hindi pa nakaayon sa pamantayan.



## Paano ko malalaman na totoo ang Aklat ni Mormon?

2. Ang orihinal na sulat-kamay na manuskrito ng pagkasalin ay kinopya para makagawa ng panibagong sulat-kamay na manuskrito para sa printer o mag-iimprenta. Sa bahaging ito, ang ilang pagkakamali sa baybay at gramatika ay naiwasto, at naidagdag ang pagbabantas. Ngunit nagkaroon ng panibagong pagkakamali sa hindi tamang pagkakopya sa mga salita.

3. Ginawa ng nag-imprenta ang lahat ng magagawa niya upang maging tumpak ang pagtatypeset. Gayunman, may mga pagkakataon na may nagagawa pa rin siyang pagkakamali. Halimbawa, sa Alma 57:25 mali ang pagkabasa niya sa salitang "joy" at sa halip nai-typeset ang salitang "foes."

4. Sinuring mabuti ni Propetang Joseph Smith ang unang tatlong edisyon ng Aklat ni Mormon, at patuloy siyang tumulong sa pagsasaayos at pagbabago nito. Gayunman ang ilang pagkakamali ay sa mga huling edisyon lamang nakita. Noong 1981 ang pagkakamali ng nag-imprenta sa Alma 16:5 ay naiwasto na rin sa wakas, binago ang "whether" sa "whither"—na tumugma sa orihinal na manuskrito tulad ng pagkakasalin dito ng Propeta mula sa mga laminang ginto.

5. Ang iba pang mga pagbabago ay kinapaloobban ng bagong kabanata at paghahati ng talata at mga talababa na may mga cross-reference.

### Mamigay ng Kopya

Kahit ano pa ang itanong ng mga tao tungkol sa Aklat ni Mormon, ang aklat mismo ang mahusay na magtatanggol sa sarili nito. Maaari kayong magpatotoo tungkol sa aklat, mamigay ng kopya, at anyayahan ang iba na ipanalangin ito para sa kanilang sarili. Kung ang isang tao ay may tapat na puso at tunay na hangarin na malaman kung totoo ang aklat, ang Panginoon "ay ipaaalam ang katotohanan nito sa [taong iyon] sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo" (Moroni 10:4). ■

**MGA TALA**

1. Tingnan, halimbawa, sa Boyd K. Packer, "Ang Aklat ni Mormon: Isa Pang Tipan ni Jesucristo," *Liahona,* Ene. 2002, 71.
2. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith* (2007), 75.
3. *Mga Turo: Joseph Smith,* 70.
4. Jeffrey R. Holland, "Kaligtasan para sa Kaluluwa," *Liahona,* Nob. 2009, 90.

**Ni Elder Jeffrey R. Holland**
Ng Korum ng Labindalawang Apostol



# ISANG PATOTOO, ISANG TIPAN, AT ISANG SAKSI


Ang mga banal na pagpapatibay na naranasan ko hinggil sa Tagapagligtas at sa Kanyang ipinanumbalik na Simbahan ay unang dumating sa akin nang basahin ko ang Aklat ni Mormon noong binata pa ako. Habang binabasa ko ang sagradong talaang ito—paulit-ulit—kong nadama ang hindi maitatatwang pagbulong ng Espiritu Santo na nagsasabi sa aking kaluluwa na ito'y totoo.

Ang pagbabasa ng aklat ang simula ng aking pagkaunawa. Doon ko unang natiyak na ang Diyos ay buhay, na Siya ang aking Ama sa Langit, at ang plano ng kaligayahan ay ginawa sa kawalang-hanggan para sa akin. Ito ang naghikayat sa akin na mahalin ang Banal na Biblia at ang iba pang mga pamantayang aklat ng Simbahan. Tinuruan ako nitong mahalin ang Panginoong Jesucristo, na madama ang Kanyang mahabaging awa, at isaalang-alang ang biyaya at karingalan ng Kanyang nagbabayad-salang sakripisyo.

Dahil nalaman ko sa aking sarili na ang Aklat ni Mormon ay totoong saksi—isa pang tipan at isang bagong kasunduan—na si Jesus ang Cristo, nalaman ko rin na si Joseph Smith noon at ngayon ay propeta ng Diyos. Gaya ng sabi ng aking kalolololohan noong mga unang araw ng Panunumbalik, "Walang masamang tao na makasusulat ng ganitong aklat, at walang mabuting lalaking magsusulat nito, maliban na ito ay tunay at inutusan siya ng Diyos na gawin ito."[1]

Sa mga una kong pinaniwalaan ay nadagdag ang lahat ng iba pang pagkaunawa at nakadadalisay na pagpapamalas na ngayon ay nagbibigay ng pinakamalalim na kahulugan sa aking buhay, ng layunin ng aking buhay, at matatag na pundasyon sa aking patotoo.

Ngayon, hindi ako naglayag na kasama ng kapatid ni Jared. Hindi ko narinig ang maluwalhating pagbibigay ng sermon ni Haring Benjamin. Hindi ako kabilang sa mga Nephitang humipo sa mga sugat ng nabuhay na muling Tagapagligtas, ni nanangis na kasama nina Mormon at Moroni sa pagkawasak ng isang buong sibilisasyon. Ngunit ang aking patotoo sa talaang ito at ang kapayapaang dulot nito sa puso ng tao—na ibinigay sa akin sa pamamagitan ng pagbulong ng Banal na Espiritu gaya ng pagbibigay sa inyo—ay tiyak at malinaw tulad ng sa kanila. Pinatototohanan ko ang aklat na ito na para bang nakita ko, kasama ng Tatlong Saksi, ang anghel na si Moroni o, kasama ng Walong Saksi, ay nakita at nahawakan ang mga laminang ginto.



*Nagpapatotoo ako na ang Aklat ni Mormon ay isang bagong kasunduan, isang bagong tipan sa buong mundo mula sa Bagong Daigdig.*

Pinatototohanan ko rin na wala sa atin ang lubos na mananampalataya sa gawaing ito sa mga huling araw at sa gayo'y magkakaroon ng ganap na kapayapaan at kaaliwan sa ating panahon hangga't hindi niya tinatanggap ang kabanalan ng Aklat ni Mormon at ang Panginoong Jesucristo, na siyang pinatototohanan nito. Gaya ng sinabi ni Mormon kay Moroni sa isa sa mga pinakamahirap na panahon, sinasabi ko rin sa mahirap nating panahon na: "Maging matapat kay Cristo. . . . At nawa ang biyaya ng Diyos Ama, na ang trono ay mataas sa kalangitan, at ng ating Panginoong Jesucristo, na nakaluklok sa kanang kamay ng kanyang kapangyarihan . . . ay manatiling kasama mo magpakailanman" (Moroni 9:25–26).

Ang Aklat ni Mormon ay sagradong pagpapahayag ng huling dakilang tipan ni Cristo sa sangkatauhan. Ito ay isang bagong kasunduan, isang bagong tipan sa buong mundo mula sa Bagong Daigdig. Ang liwanag na aking nilalakaran ay ang Kanyang liwanag. Ang kanyang biyaya at kadakilaan ang umaakay sa akin—at sa inyo—sa ating pagpapatotoo sa Kanya sa mundo. ■

**TALA**

1. George Cannon, sinipi sa "The Twelve Apostles," sa Andrew Jenson, ed., *The Historical Record,* 6:175.

*ANG BIBLIA AT ANG AKLAT NI MORMON AY NAGPAPATOTOO KAY CRISTO*, NI GREG K. OLSEN




*At Pinagaling Niya ang Bawat Isa sa Kanila,* ni Gary Kapp

*"Mayroon bang maykaramdaman sa inyo? Dalhin sila rito. . . .*

*". . . Sapagkat nakikita ko na sapat ang inyong pananampalataya upang kayo ay pagalingin ko.*

*"At ito ay nangyari na, nang siya ay makapagsalita nang gayon, lahat ng tao, ay magkakaayong humayo kasama ang kanilang maykaramdaman at mga nahihirapan, at kanilang mga lumpo, at kasama ang kanilang mga bulag, at kasama ang kanilang mga pipi, at ang lahat sa kanila na nahihirapan sa anumang dahilan; at pinagaling niya ang bawat isa sa kanila na dinala sa kanya" (3 Nephi 17:7–9).*



"Ngayon . . . lahat kayong nasa mga dulo ng mundo, makinig sa mga salitang ito at maniwala kay Cristo; at kung hindi kayo naniniwala sa mga salitang ito ay maniwala kay Cristo. At kung maniniwala kayo kay Cristo ay maniniwala kayo sa mga salitang ito, sapagkat ang mga salitang ito ay mga salita ni Cristo, at . . . ang mga ito ay nagtuturo sa lahat ng tao na nararapat silang gumawa ng mabuti.

"At kung ang mga ito ay hindi mga salita ni Cristo, hatulan ninyo—sapagkat ipakikita ni Cristo sa inyo, sa kapangyarihan at dakilang kaluwalhatian na ang mga ito ay kanyang mga salita, sa huling araw" (2 Nephi 33:10–11).

TAGALOG
4 02096 90893 0